# MAGKAISA PARA ITAAS ANG KAPASYAHAN AT KAKAYAHANG LUMABAN NG PARTIDO AT BAYAN, IPATUPAD ANG MGA DESISYON NG IKA-10 PLENUM NG KOMITE SENTRAL

Pahayag ng Komite Sentral ng
Partido Komunista ng Pilipinas sa Okasyon ng
Ika-24 na Anibersaryo ng Partido
Disyembre 26, 1992

Sa araw na ito ipinagdiriwang ng Partido Komunista ng Pilipinas ang ika-24 na taon ng pagkakatatag nito, nang higit pang determinado kaysa kailanman sa nakaraan na pagkaisahin ang kasapian ng Partido at itaas ang kapasyahan at kakayahan ng buong Partido at malawak na masa ng sambayanang Pilipino na labanan ang kaaway, ang pangkating US-Ramos.

Ang bagong upong naghaharing pangkating ito ang prinsipal na target ng rebolusyonaryong kilusang bayan para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya. Ito ang kasulukuyang pangkalahatang kinatawan ng mga pwersang antinasyunal at antidemokratiko na binubuo ng mga dayuhang monopolyong kapitalista ng US at Japan at ng mga lokal na mapagsamantalang uri na malalaking kumprador at panginoong maylupa.

Naluklok sa kapangyarihan si Heneral Ramos bilang presidente ng malakolonyal na papet na republika sa botong minorya, at kung ihahambing sa sinumang sinundan niya ay ibayong mas maliit ang rekursong magagamit sa paglinlang at pagsupil sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.

Patuloy na lumalala nang mabilis ang krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Ang malawak na masa ng sambayanan ay walang ibang paraang makaalpas sa di-matiis na panunupil at pagsasamantala kundi ang palawakin at patindihin ang armadong rebolusyon at ang ligal na kilusang demokratiko.

Lumalala din ang krisis sa sobrang produksyon ng sistemang kapitalista sa buong mundo. Ito ay lalong pinabibilis at pinasasahol ng mataas na teknolohiya at pang-aabuso sa internasyunal na sistema ng pautangan. Ang matagal nang depresyon sa mga bansang atrasado at sa mga bansang saklaw ng dating blokeng Sobyet ay humahagupit pabalik sa mga industriyalisadong bansang kapitalista at nagsasadlak sa kanila sa ligalig ng mahabang resesyon. Ang naghaharing sistema sa Pilipinas ay walang ginhawang mapapala mula sa ibayong-dagat kundi ang higit pang paglala ng krisis sa bansa dulot ng krisis ng sistemang kapitalista sa buong mundo.

Ang pagguho ng mga naghaharing partido at rehimeng rebisyunista sa Silangang Europa at Unyong Sobyet, ang pagkalansag ng huli, ang pagwawakas ng pagkakahati ng mundo sa dalawang panig at ng cold war ng dalawang superpower ay bahagi ng krisis ng sistemang kapitalista sa buong mundo at nagdudulot ng mas malawak pang kaguluhang sosyal. May bagong kaguluhang pandaigdig. Ang US at ang alyansang kapitalista na nasa pamumuno ng US ay pinahihirapan ng matinding mga problemang panloob at pandaigdig. Umiiral ang siphayo at gulo sa kapitalistang daigdig.

Paborable para sa rebolusyong Pilipino ang bagong kalagayan sa daigdig. Pumapasok tayo sa bagong panahon ng rebolusyonaryong pakikibaka sa buong mundo. Muling pumipintig at nagpapanibagong-sigla ang mga salik ng anti-imperyalismo at sosyalismo. Ang mga tunay na komunista sa buong mundo ang nangunguna sa rebolusyonaryong pakikibaka laban sa imperyalismo at reaksyon at para sa mas mabuting daigdig. Ang proletaryado at mamamayan ng daigdig ay naglulunsad ng malalaking organisadong aksyong masa laban sa mga nang-aapi sa kanila.

Kasunod ng pagkalansag ng Unyong Sobyet at ng naunang pagguho ng mga naghaharing partido at rehimeng rebisyunista sa Silangang Europa, ang mga rebisyunistang partido sa iba pang bahagi ng mundo ay nagkawatak-watak din o di kaya'y ginawa ang mga sariling suplemento ng mga

partidong sosyal demokrata. Sa kabilang banda, hinahawakan ng mga partidong Marxista-Leninista ang inisyatiba sa paninindigan sa makauring pamumuno ng proletaryado, sa pagtataguyod sa kilusang masang anti-imperyalista at sa pagsisikap na paunlarin ang kanilang sarili mula maliit papalaki at mula mahina papalakas.

Mapalad ang Partido Komunista ng Pilipinas dahil nakahanay ito sa mga partidong Marxista-Leninista na nasa unahan, bunga ng pagpupunyagi sa rebolusyonaryong pakikibaka, pagtataguyod sa rebolusyong bagong demokratiko sa pamamagitan ng armadong pakikibaka at pagwawagayway sa pulang bandila ng pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo laban sa imperyalismo at lahat ng anyo ng reaksyon.

## I. Magpalakas Batay sa mga Tagumpay na Naipon ng Partido at Ipatupad ang Kilusang Pagwawasto

Lubhang makabuluhan ang ika-24 na anibersaryo ng muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas. Kasunod ito ng malaking tagumpay ng Partido sa pagdaraos ng ika-10 plenum ng Komite Sentral. Pagkakataon ito para mas pag-ibayuhin pa ang pagpapatupad sa mga desisyon ng nasabing plenum.

Ang mga desisyong nabanggit ay nagsasaalang-alang sa sitwasyon ng Partido, ng Pilipinas at ng mundo, nagpapatibay muli sa mga batayang prinsipyong Marxista-Leninista ng Partido, kumikilala sa mga rebolusyonaryong tagumpay ng mga kadre at kasapi ng Partido, nagwawasto at nagwawaksi sa mga malaking pagkakamali at pagkukulang na nagdulot ng mga malalang pinsala at nagtatakda ng mga tungkulin para lalong mapalakas ang Partido sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Matagumpay na naidaos ang plenum sa gitna ng maigting na rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanan sa pangunguna ng Partido laban sa patakarang “total war” ng kaaway. Namayani doon ang demokratikong talakayan at ang matibay na pagkakaisang iwasto ang mga pagkakamaling nagdulot ng

wala pang katulad na mga pinsala sa rebolusyonaryong kilusan at pataasin ang kapasyahan at kakayahan ng Partido at sambayanan na labanan ang rehimeng US-Ramos.

Ang plenum ay dinaluhan ng lahat ng regular na kagawad ng Komite Sentral sa Pilipinas maliban sa ilang hindi nakarating sa tamang panahon bunga ng mga operasyong militar ng kaaway at iba pang dahilan. May nakadalo mula sa lahat ng komisyong interrehiyunal. Lumahok ang mga regular na kagawad ng Komite Sentral sa ibayong-dagat sa pamamagitan ng pagpapadala ng kanilang mga panukala at palagay sa mahahalagang usapin. Mahigpit na nagkakaisa ang Komite Sentral sa pagsuporta sa Ika-10 Plenum at mga desisyon nito.

## Mga Pinakamahahalagang Desisyon

Pinagtibay muli ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral ang teorya ng Marxismo-Leninismo bilang gabay ng Partido sa rebolusyonaryong praktika nito, ang linya laban sa modernong rebisyunismo, ang talibang papel ng mga manggagawa at ng Partido, ang pagsusuri na malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino, ang programa para sa demokratikong rebolusyon ng bayan, ang teorya at estratehikong linya ng digmang bayan, ang nagkakaisang prente alinsunod sa rebolusyonaryong linya sa uri, demokratikong sentralismo, ang perspektibang sosyalista at proletaryong internasyunalismo.

Ang pinakamahalagang pasya ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral ay ang pagkilala sa mahigpit na pangangailangan ng kilusang pagwawasto sa harap ng malubhang mga pagkakamali sa ideolohiya, pulitika at organisasyon na nagdulot ng malubhang mga pag-atras at pinsala. Kung walang pagwawasto, magpapatuloy ang mga pagkakamaling ito at magdudulot ng dagdag pang pinsala sa Partido at rebolusyonaryong kilusan. Ang mga humahadlang sa kilusang pagwawasto ay sumasalungat sa lahatang-panig na pagpapalakas ng Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Inaprubahan ng Plenum ang pagsusuri at lahat ng pangunahing kongklusyon ng dokumento ng pagwawasto,

“Muling Pagtibayin ang Ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali,” at gayundin ang higit na elaborasyon tungkol sa mahahalagang pangyayari at pasya mula 1980 upang mas mahigpit na masapol ang mga makabuluhang tagumpay ng Partido at rebolusyonaryong kilusan, ang puna sa mga pangunahing pagkakamali at pagkukulang at ang ihinahapag na mga panlunas na hakbangin at mga tungkulin.

Ang nabanggit na dokumento ng pagwawasto ay pangunahin at sa esensya ay isang kritikal-sa-sariling paglalagom ng Komite Sentral at nakabatay sa mga datos at ideyang natipon at nakalap ng Komite Sentral mula sa nakabababang mga organo at organisasyon ng Partido sa pamamagitan ng iba’t ibang anyo ng demokratikong ugnayan tulad ng mga ulat, konsultasyon, direktang imbestigasyon at kolektibong pagtatasa sa panahong mahigit pa sa sampung taon. Bilang pinakamataas na lupong bumubuo ng patakaran ng Partido, ang Komite Sentral ay nag-apruba sa kilusang pagwawasto at naglathala ng mga dokumentong mahalaga sa pag-unawa at pagpapatupad ng kilusang pagwawasto.

Pagkaraang ipakita ang halimbawa sa pagtatasa, pagpuna at pagpuna-sa-sarili sa saklaw ng responsibilidad at kakayahan nito, ang Komite Sentral ay nag-aatas at humihimok sa nakabababang mga organo at organisasyon ng Partido na magsagawa sa kani-kanilang saklaw ng responsibilidad at kakayahan ng mga karagdagang pagtatasa, pagpuna at pagpuna-sa-sarili at mag-ulat tungkol sa mga ito sa kanilang nakatataas na mga organo bilang bahagi ng dialektikong daloy ng kilusang pagwawasto.

Maling akalain na walang karapatan at tungkulin ang Komite Sentral na gumawa ng mga patakaran, na ang dokumento sa pagwawasto ay walang kongkretong batayan at hindi dumaan sa demokratikong talakayan, na hangad nitong wakasan ang dialektikong proseso ng pag-alam, na ang nakabababang mga organo at organisasyon ng Partido ay maaaring makaiwas sa pagsasagawa ng sariling pagtatasa, pagpuna at pagpuna-sa-sarili sa saklaw ng kanilang responsibilidad at kakayahan sa

pamamagitan lamang ng pagdeklarang kumakatig o salungat sila sa mga dokumentong inilabas ng nakatataas na mga organo.

Ang iilang elemento na muhing sumasalungat sa kilusang pagwawasto ay iyong sumasagka sa pagwawaksi sa pinakamalulubhang mga pagkakamaling "Kaliwang" oportunista na nagdulot ng pinakamalalang mga pinsala. Sumasanib sila sa mas kakarampot pang elementong umaatake sa mga pinakasaligang prinsipyo ng Partido mula sa Kanang oportunistang pusisyon at lantarang nagmamagaling sa pagpapalaganap ng ultrademokrasya, paksyunalismo at panghahati sa isang ambisyoso pero walang kahihinatnang tangka na wasakin ang Partido mula sa loob, sadya man o hindi sa kapakinabangan ng kaaway. Ang paksyunal na kumbinasyon ng mga di-malusog na elemento ay kitang-kitang lumabas na sa Partido sa pamamagitan ng paglalabas nila sa publiko ng mga artikulong naninira sa Komite Sentral at sa buong Partido at paglalako ng reaksyunaryong linyang burgis laban sa proletaryong linya ng Partido.

Ang kilusang pagwawasto ay pangunahin at sa esensya ay isang kilusang pang-edukasyon sa loob ng Partido para tukuyin at iwasto ang malalaking mga pagkakamali at pagkukulang sa antas ng buong Partido at maging sa antas ng partikular na mga nakabababang organo at organisasyon ng Partido. Layunin nito na patibayin ang proletaryong paninindigang rebolusyonaryo ng lahat ng kadre at kasapi ng Partido at bigyan sila ng inspirasyong kumilos at makibaka nang mas mabisa para sa higit na malalaking tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan.

Isa pang desisyon ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral na lubos na mahalaga ay ang pagtitibay sa artikulong depinitibo, "Manindigan para sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo." Ipinaliliwanag ng komprehensibong dokumentong ito ang pagkakanulo sa sosyalismo at ang pagguho ng mga rebisyunistang naghaharing partido at rehimen sa Silangang Europa at ang pagbagsak ng Unyong Sobyet. Malawak ang kabuluhan at halaga ng dokumentong ito dahil binibigyan

nito ang mga kasapi ng Partido ng mas masaklaw, mas malalim at malayo-ang-abot na pag-unawa sa syentipikong sosyalismo at sa kontra-rebolusyonaryong kalikasan ng modernong rebisyunismo.

Binabaka nito ang pang-ideolohiyang opensiba ng mga imperyalista, mga lokal na reaksyunaryo at mga antikomunistang bayaran mula sa petiburgesya, pinipigilang makapagkalat ng gulo sa loob ng Partido ang antikomunistang pang-ideolohiyang opensibang ito at binibigyan ang buong Partido ng may lubos na kabatirang pananalig upang ipaglaban ang ganap na tagumpay ng rebolusyong bagong demokratiko at ang pagsisimula ng rebolusyong sosyalista pagkaagaw ng pampulitikang kapangyarihan sa pambansang saklaw.

**A. Sa Larangan ng Ideolohiya**

Ang Partido ay determinadong magsagawa ng ilang tiyak na hakbang upang ipatupad ang mga desisyon ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral na mas pataasin ang antas ng edukasyong teoretikal at pampulitika ng mga kadre at kasapi ng Partido. Mayroon nang ilang panimulang pagsisikap kaugnay nito mula pa noong isang taon bago pa ang ika-10 Plenum ng Komite sentral.

Naitakda na ang istruktura ng edukasyong teoretikal at pampulitika. Bilang pundasyon, ang batayang kurso ay kailangang maglinang ng wastong proletaryong rebolusyonaryong pananaw at pamamaraan ng pagsusuri at paggawa at magbigay ng saligang kaalaman sa kasaysayan ng Pilipinas, katangian ng lipunang Pilipino, bagong demokratikong rebolusyon, mga motibong pwersa, mga target, mga tungkulin at sosyalistang perspektiba. Mga dokumento ng Partido ang prinsipal na mga teksto para sa pagbabasa at pag-aaral.

Pinalalawak at pinalalalim ng intermedyong kurso ang pag-unawa ng mga kasapi ng Partido sa pagbubuo ng Partido, hukbong bayan at nagkakaisang prente, gawaing sosyo-ekonomiko, gawaing pangkultura at mga relasyong internasyunal. Ang mga karanasan sa kasaysayan ng Partido, ang

kasalukuyang sitwasyon, mga problema at mga tungkulin ay tinatalakay at pinag-aaralan kaugnay ng mga dokumento ng Partido at ng pinakamahahalaga at pinakaangkop na mga akda ni Kasamang Mao Zedong at iba pang dakilang komunista.

Ang abanteng kurso ay nagbibigay sa mga kadre at kasapi ng Partido ng komprehensibong pag-unawa sa dialektiko at istorikong materyalismo, ekonomyang pampulitika, syentipikong sosyalismo, modernong rebisyunismo at proletaryong rebolusyong pandaigdig. Sa kursong ito, binabasa at pinag-aaralan ang mga dokumento ng Partido at ang mga akda nina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao.

Kailangang italaga sa larangan ng gawaing edukasyong teoretikal at pampulitika ang sapat na dami ng mga kagawad at rekurso. Ang mga kagawad sa edukasyon ay kailangang sanayin at paunlarin sa iba't ibang antas at sa iba't ibang organo at yunit. Kailangang may sapat na kagamitan sa pag-aaral para sa pormal na pag-aaral at pati na rin para sa pagbabasa at pag-aaral bago pa ng pormal na pag-aaral.

Ang batayang kurso ay maaaring idaos ng mga batayang yunit ng Partido sa pinakamaikling panahong makakaya. Maraming yunit ng Partido ang nagsimula nang mag-aaral sa unang pagkakataon o magbalik-aral sa batayang kurso. Maaaring isunod ang intermedyang kurso kapag mayroon nang may sapat na kakayahang mga lider sa diskusyon at mas maraming artikulong mapag-aaralan. Ang nakatataas na paaralan ng Partido ang aasikaso sa abanteng kurso at palagiang magpapadala sa iba't ibang rehiyon ng mga lider sa diskusyon.

Mahalagang tuluy-tuloy na magdaos ng mga pormal na kurso ng pag-aaral upang walang humpay na itaas ang antas ng edukasyong teoretikal at pampulitika ng kasapian ng Partido. Para magimg lubos na mabisa, ang mga pag-aaral ay dapat gawin sa buhay na paraan, nakaugnay sa kasalukuyang sitwasyon, mga problema at mga tungkulin at tumutunggali sa kasalukuyang mga maling tunguhin sa pag-iisip at paggawa na nagdulot ng mga pinsala sa Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Kaugnay nito, ang pinakamahalagang mga materyales na mapag-aaralan na naririyan na at pinakaangkop sa kasaluyang sitwasyon ng Partido ay ang mga dokumento sa pagwawasto, ang "Manindigan para sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo" at iba pang lathalain ng ika-10 Plenum. Mahalaga ang kagyat na pag-aaral sa mga ito para maunawaan ang sitwasyon, maipatupad ang gawain, matasa ito at higit na makasulong.

Sa larangan ng ideolohiya, napakahalagang paramihin ang bilang ng mga kadre ng Partido na may mahigpit na pagsapol sa Marxista- Leninistang paninindigan, pananaw at pamamaraan. Kung wala nito, maaari silang mahulog sa mga pagkakamali ng suhetibismo tulad ng empirisismo, dogmatismo at rebisyunismo.

Kailangan natin ang mga rebolusyonaryong proletaryong kadre at kasapi na may komprehensibo at malalim na pag-unawa sa obhetibong kalagayan, nakagagagap sa batas ng kontradiksyon sa loob ng mga bagay at proseso at nakagagamit sa batas na ito para isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka. Lahat ng kadre ng Partido ay kailangang may matibay na pundasyon sa dialektiko at istorikong materyalismo.

Sa kilusang pagwawasto, isaalang-alang natin kapwa ang mga tagumpay na maaaring masandigan at ang mga problema na kailangang lutasin kung gusto nating higit na palakasin ang sarili at higit pang sumulong. Kailangang kilalanin ang mga salik sa pagtatamo ng ibayong tagumpay at paglutas ng mga suliranin sa loob ng daloy ng mga pangyayari at hindi mula sa kung saanpaman. Ang kasalukuyang lakas natin ay maaari pang ipantay sa lakas natin noong mga unang taon ng dekadang 1980. Ito ay dahil sa ang di hamak na mas malaking mayorya ng mga kadre at kasapi ng Partido ay pinapatnubayan ng tamang rebolusyonaryong teorya at ng makatarungang mithiin ng bayan at mahusay na gumagampan sa kanilang gawain sa iba't ibang larangan.

Maling-mali na ipagpalagay na ang tunggalian sa linya sa loob ng Partido ay nagaganap lamang kapag may sumulpot na linya at programa na kumpletong naiiba at tahasang sumasalungat sa linya at programa ng Partido. Ang gayong maling akala ay nagdidis-arma sa Partido sa ideolohiya at nagpapahintulot sa lahat ng klase ng linya at ideyang burgis at petiburgis na lumaganap sa loob ng Partido sa pamamagitan ng simpleng pabalat-bungang pagsang-ayon sa mga saligang prinsipyo ng Partido o sa pamamagitan lamang ng pagbibihis ng bahagyang itsurang proletaryo.

Palaging may tunggalian sa pagitan ng proletaryong rebolusyonaryong linya at ng burgis na reaksyunaryong linya sa isang partidong komunista kahit pa nasa kahusayang-kahusayan ito, nasa kapangyarihan man o wala pa. Ito ay dahil sa umiiral palagi ang isang antas ng impluwensyang galing sa mga hindi nakapagpanibagong-hubog na petiburgesya sa loob at sa labas ng partido. Ang saray na ito ng lipunan ay nagluluwal ng suhetibista at "Kaliwa" at Kanang oportunistang mga takbo ng pag-iisip.

Kung wala ang pagmamatyag at militansya sa ideolohiya ng mga proletaryong rebolusyonaryo, ang partido komunista ay maaaring mabulok at mawasak mula sa loob ng mga hindi nakapagpanibagong-hubog na petiburgesya pabor sa kapakanan ng burgesya. Nangyari na ito sa maraming partido komunista na wala pa sa kapangyarihan at maging sa mga nasa kapangyarihan na tulad ng sa dating Unyong Sobyet at Silangang Europa mula 1956.

Ang Marxista-Leninista at anti-rebisyunistang pundasyon sa teorya ng Partido ay malaki na ang nagawa sa atin. Sa kabuuan, nasagkaan at napangibabawan natin ang antikomunistang opensiba sa ideolohiya ng mga imperyalista, mga lokal na reaksyunaryo at kanilang alagad na mga ideolohista at propagandista mula sa petiburgesya.

Ang pag-aaral na ginawa natin hinggil sa pagbagsak ng mga rebisyunistang naghaharing partido at rehimen at pagguho ng Unyong Sobyet ay nakatulong hindi lamang sa pagtatanggol

at pagpapalakas ng ating Partido sa ideolohiya at pulitika kundi masiglang tinanggap din ng mga Marxista-Leninistang partido sa iba't ibang bahagi ng daigdig. Nakapag-ambag tayo sa gayon sa pagtataguyod at pagtatanggol sa Marxismo-Leninismo.

**B. Sa Larangan ng Pulitika**

Napakahalaga para sa buong Partido na wastong kilalalin ang katangiang malakolonyal at malapyudal ng kasalukuyang lipunang Pilipino, tulad nang ginawa ng Komite Sentral sa ika-10 Plenum nito. Mula sa katotohanang ito umaalinsunod ang ating pag-unawa sa katangiang bagong demokratiko at pangkalahatang linya ng kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino.

Ang saligang katangian ng naghaharing sistema ay lubos na nailalantad ng walang katapusang lumalalang krisis mula sa rehimeng Marcos, na nagpatuloy sa rehimeng Aquino at hanggang sa rehimeng Ramos. Marami ang ating mga teoretikal na pag-aaral at direktang panlipunang pagsisiyasat para sa paglilinaw ng moda ng produksyon at ng superistruktura. Ang pinakamahalaga sa lahat ay ang naipong lahatang-panig na mga tagumpay sa rebolusyonaryong pakikibaka ng ating Partido na walang pag-aalinlangang nagpapatunay sa katumpakan ng komprehensibo at malalim na pananaw ng Partido tungkol sa lipunang Pilipino at sa linya nito ng pambansang demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng armadong pakikibaka.

Itinakwil ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral ang walang batayang pagkukwestyon at maling kongklusyon na hindi na totoo ang pagsusuri ng Partido sa mga uri ng lipunang Pilipino. Nakapaloob sa kamaliang ito ang labis na pagpapalaki sa mga datos ng distribusyon ng populasyon sa kanayunan at kalunsuran na nagmula sa ahensya sa estadistika ng reaksyunaryong gubyerno. Binabale-wala nito ang katangiang agraryo ng ekonomya, ang kakulangan ng mga batayang industriya at makauring istruktura ng lipunan. Ang maling pananaw ay nagbigay-daan sa "Kaliwang" oportunistang mga tunguhin kaugnay ng estratehiya at taktika ng rebolusyon, laluna sa konsepto ng "estratehikong kontra-opensiba" sa loob ng

estratehikong depensiba pati na rin sa Kanang oportunistang mga tunguhin lalo na sa usapin ng nagkakaisang prente mula pa noong pulong ng Kawahihang Pampulitika ng Partido noong 1981.

### “Kaliwang” Oportunismo: Militarismo at Insureksyunistang Pangangarap

Pinagtibay ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral ang naunang pagbawi noong 1990 sa konsepto ng “estratehikong kontra-opensiba” sa loob ng estratehikong depensiba. Ito ang binhing konsepto na naglalaman ng “tatlong estratehikong koordinasyon” at panimulang konsepto ng pag-aalsa sa ikatlo at ika-apat na kategorya ng munisipyo na binago at pinalawig sa papel at sa praktika sa “tatlong estratehikong kombinasyon” at ng balangkas na Pulang Purok-Puting Purok ng Komisyon sa Mindanao mula pa noong 1983.

Mula 1983 hanggang 1984, umabot sa 15 kumpanya ng BHB ang nabuo sa Mindanao bilang buong-panahong yunit na panlaban sa pamamagitan ng malakihang pagbawas sa bilang ng lokal na yunit gerilya at sandatahang yunit pampropaganda para sa gawaing masa. Hanggang 1983, ang mga kumpanya ay nagkamit ng malalaking tagumpay militar ngunit ito ay panandalian lamang. Noong 1984, nagpadala na ang kaaway ng mas malalaking pwersa na nagtulak pa sa mga konsentradong kompanya ng BHB sa katayuang nahihiwalay at pasibo at nagdulot ng mga malulubhang pag-atras sa baseng masa at sa organisasyong lokal ng Partido at hukbo.

Noong 1985, dahil walang komprehensibong pagtatasa at pagsusuri sa papalubhang pag-atras, mabilis na lumaganap ang pagdududa na kagagawan ito ng mga ahente ng kaaway sa loob ng kilusan, kabilang ng iba pang dahilan. Ang panik ay mabilis na kumalat matapos ang pag-aresto at pag-tortyur sa mga pinaghihinalaang DPA na “nagkumpirma” sa pinakamasahol na pangamba ng isang network ng malawakang impiltrasyon ng kaaway. Ito ay nagbunga sa Kampanyang AHOS na nagresulta sa walang batayang paghuhusga, pagtortyur at pagpatay sa higit 950 pinaghihinalaang DPA, kabilang na

ang mga kasapi ng Partido, Pulang mandirigma, aktibistang masa at iba pang mamamayan. Noong 1986, bumagsak sa 3000 mula 9000 ang kasapian ng Partido, kumitid nang 50% ang baseng masa, at ang 15 kompanya at 30 platun ng BHB ay bumaba sa 2 kompanya at 17 platun.

May malinaw na pagkakasunod-sunod ng maling "pagpapaunlad" sa teorya ng digmang bayan patungo sa di-namamalayang militaristang linya ng regularisasyon at paglabag sa mga rekisitos ng estratehikong depensiba, ng di-pagkilala sa pagkakamali dahil natatabunan ito ng mga panandaliang tagumpay sa militar bago nakapaglunsad ang kaaway ng malakihang kontra-atake, ng malubhang pagliit ng baseng masa, pagkakahiwalay at pagiging pasibo ng mga malalaking pormasyon na di kayang isustine, ng napakalaking pag-atras, ng pagkasindak at sa huli, ang walang-habas na pagwasak sa sarili, ang isteryang laban sa impiltrador na tinawag na Kampanyang AHOS.

Itinakwil ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral ang baluktot na ideya na isang "rebolusyonaryong tagumpay" ang Kampanyang AHOS at gumawa ito ng pampulitikang paghuhusga na ang KAHOS ay isang krimen laban sa mga nabiktimang indibidwal, sa Partido at sa mamamayan, na kinapapalooban ng paglabag sa batayang karapatan ng indibidwal na nakasaad sa mga Alituntunin sa Pagtatayo ng Rebolusyonaryong gubyerno ng Mamamayan, sa Konstitusyon ng Partido at sa mga Alituntunin ng BHB. Dahil sa ang Partido ay may pinakamataas na pagpapahalaga sa katarungan, hindi nito maaaring simpleng palampasin ang ginawang walang batayang paghuhusga, pagtortyur at pagpatay sa halos isang libong tao.

Ang komiteng tagapagpaganap at ang tinatawag na "Caretaker Committee" ng 1985 Komisyon sa Mindanao ang may pananagutan sa pag-apruba, pagpaplano, paglunsad at pagpatupad ng nasabing kalapastanganan. Kabilang sa mga may pananagutang kagawad ng mga nasabing komite ang ilan sa pinakagalit at aktibong lumalaban sa kilusang pagwawasto

na tumatangging managot sa harap ng mga karampatang organo ng Partido, ayaw humarap sa mga konsekwensya at nagtatangkang ibaling ang sisi sa ibang organo o dahilan. Sa kabuuan ang mga kagawad ng mga nakabababang organo ng Partido at ng BHB at iba pang mamamayan sa mga rehiyon ay itinuturing na mas maliit ang pananagutan at karapat-dapat sa amnestiya at pagpapatawad kung may ginawa na silang pagkilala sa kanilang responsibilidad, tumanggap na ng mga aksyong pandisiplina, tunay na nagsisisi at naging aktibo sa rebolusyonaryong gawain ng pagrekober.

Dahil nanatiling di napupuna ang mapaminsalang militaristang linya ng regularisadong buong-panahong panlaban na mga kompanya sa Mindanao at itinanghal pa bilang matagumpay na modelo na dapat gayahin, itinulak mula 1985 ang ganitong linya sa pambansang saklaw. Ang linya ng pagbubuo ng mga kumpanya at batalyon sa pamamagitan ng malaking pagbabawas sa bilang ng mga lokal na yunit gerilya at armadong yunit pamproganda para sa gawaing masa ay humantong sa pagkakabuo ng 36 na kompanya at 2 batalyon. Inilunsad noong 1987 ang pambansang koordinadong opensiba na nag-aksaya ng mga nakaimbak na bala at iba pang rekurso at nagtulak pa ng mas bertikalisadong mga pormasyon at istruktura ng komand.

Ikinumbina pa ito sa matitinding armadong aksyon ng mga partisano sa lunsod na may tendensyang sapawan ang mga paksyunal na labanang militar ng mga reaksyunaryo at naglagay sa panganib sa ligal at depensibong katangian ng demokratikong kilusan sa syudad noong 1987. Hindi pa nahahalaw ang mga aral mula sa napatunayang malaking kapahamakan ng mga taktika ng insureksyunismong urban sa Davao at iba pang syudad sa Mindanao.

Sa pagtatapos ng 1988, lumiit na ang baseng masa ng 12%. Maraming panrehiyong komite ng Partido ang nagrereklamo na hindi kayang isustine ang marami sa mga kompanya at sa pagliit ng baseng masa. Dahil nabatid ang mga datos na ito, ang mga prinsipal na pinuno ng Partido ay nagdagdag

ng puna sa di balanseng gawain sa militar at sa gawaing masa at pwersa at nanawagan na iwasto ang planong mula pa 1988 na dagdagan ang malinaw na di masustining mga kompanya at batalyon.

Pagkatapos ng matatagumpay na reyd ng kaaway noong 1988 sa mga sentral na organo sa Metro Manila kabilang na ang pangkalahatang komand ng BHB, at ang Kampanyang AHOS ay pinaniniwalaan pa ring tunay na nakadiskubre ng malawakang network ng impiltrasyon ng kaaway sa Mindanao, maraming namumunong kadre at yunit ang naging bulnerable sa pagsususpetsa at panik. Ang Olympia ay inilunsad sa Maynila-Rizal matapos ang 'breyktru" noong Hunyo habang ang OPML sa Timog Katagalugan ay rumaragasa. May malaking pagkakahawig ang KAHOS at OPML at Olympia na pare-parehong pangyayaring dulot ng malubhang pag-atras. Ipinaaalala sa atin ng mga ito ang mga aksyong pagwasak sa sarili na inilunsad laban sa mga "pinaghihinalaang impormer" at "mga kaaway na baryo" pagkatapos ng pagkatalo ng linyang adbenturistang militar ni Jose Lava, na nagkonsentra din ng mga kumpanya at batalyon sa kapabayaan ng masikhay na gawaing masa at walang saysay na umasa sa ispontanyong armadong pag-aalsa laban kay Quirino noong 1949 at 1950.

Pinagtibay ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral ang mga gabay sa prinsipyo at pamamaraan ng pag-imbestiga, paglilitis at ebalwasyon ng ebidensya. Inilathala ang mga gabay na ito noong Oktubre 1988 at mabisang pinigil ang OPML, na nagresulta noong Nobyembre 1988 sa pagkondena dito bilang isang kahibangan at sa pagpapatibay sa mga angkop na hakbang pandisiplina at pagbawi. Itinulak din nito ang pagbabalik-aral sa Kampanyang AHOS. Magagamit ito para maiwasan ang pagkakaulit ng mga isteryang anti-impilrador at para maitaguyod ang paggalang sa mga karapatang sibil.

Gumawa ng pagbabago at pagbabawas noong 1989 sa planong paramihin ang mga nakakonsentrang kumpanya

at batalyon na di kayang isustine. Sa mga larangang gerilya kung saan binago ang pagkakadispusisyon ng mga yunit gerilya para bigyang diin ang gawaing masa at rekoberi ng mga nawalang teritoryo habang minamantini ang aktibong posturang militar sa pamamagitan ng malawakang operasyon ng mga maliliit na yunit at selektibong konsentradong taktikal na opensiba, muling lumawak at naging konsolidado ang baseng masa.

Ngunit, pangunahin dahil sa mga tagubilin at presyur mula sa itaas, nanatili ang linyang militarista at naging maganit sa pagwawasto. Ilang rehiyon at larangang gerilya ang nagpumilit na panatilihin ang mga di-masustining kumpanya at sinagkaan ang kinakailangang pagbabago sa dispusisyon ng mga pwersa upang makamit ang wastong balanse sa pagitan ng gawaing masa at gawaing militar. Halimbawa, sa isang rehiyon, aabot sa 80% (598) ng mga Pulang mandirigma ang nakakonsentra sa mga kumpanya at isang batalyon at 20% lamang (151) ang nasa mga lokal na yunit gerilya. Sa kalaunan, nagresulta ito sa pagliit ng baseng masa ng 50% o higit pa.

Dahil sa pananatili ng linyang militarista sa Partido, ang naipong negatibong epekto ng ganitong linya at ang kabiguang bawiin sa ibang lugar ang pagkawala ng baseng masa sa ilang lugar dahil sa pananalakay ng kaaway at sa nahuli at di-sapat na pagtugon ng pamunuan ng Partido, patuloy na lumiit hanggang sa pagtatapos ng 1991 ang kasapian ng baseng masa sa kanayunan nang halos 60% sa buong bansa kung ihahambing sa naabot na antas noong 1986 at ng 15% ang bilang ng mga baryong sakop ng larangang gerilya. Ang bilang ng upisyal at mandirigma ay mas bumaba pa sa antas noong 1986.

Sa kalunsuran, hindi nasustini ang pagtaas ng antas ng kilusang masa kahit noong 1990 at 1991, sa kabila ng mabilis na pagbulusok ng kalagayang sosyo-ekonomiko at malawak na diskuntento ng masa sa rehimeng US-Aquino. Ang mga panunulsol ng insureksyunismo at mga aksyong probokasyon (tulad ng panununog ng mga bus) ay nakapagpahina sa partisipasyon ng mga ligal na organisasyong masa at

ispontanyong masa. Ang masaklaw na propaganda at ahitasyon ay labis-labis na umabante sa solidong pag-oorganisa sa masa. Nabuhos din ang atensyon at sigasig ng mga kadre sa kalunsuran sa paparami at walang katapusang pag-uusap sa mga alyansa o sa mga debate upang itulak ang linyang hinog lamang ang mga kondisyon para sa sustinidong aksyong masa kung ang mga ito ay para sa armadong insureksyon sa kalunsuran sa intermedyang panahon (medium term).

Ang Kaliwang oportunistang mga pagkakamali ng adbenturismong militar at insureksyunismo ay pumapabor sa kaaway. Sa kabila ng mga mapanghikayat na panawagan para sa pagpapabilis ng pag-abante ng rebolusyonaryong kilusan, may pagbabale-wala sa masikhay na gawaing masa at solidong pag-oorganisa sa masa at may pagmamaliit sa yugto-yugtong pagpapaunlad sa digmang bayan. Kung kaya, napapahina ang pundasyon para magkamit ng mga tagumpay sa armadong rebolusyon at ligal na demokratikong kilusan.

**Malawak at Masinsing Pakikidigmang Gerilya na may Patuloy na Lumalawak at Lumalalim na Baseng Masa**

Sa kongkretong aplikasyon ng teorya ng digmang bayan, isinasaalang-alang ng Partido ang kasalukuyang lakas ng Bagong Hukbong Bayan at ang balanse ng pwersa sa pagitan natin at ng kaaway. Pinagtibay ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral ang linya ng malawakan at masinsing pakikidigmang gerilya na may patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa. Hinalaw ang linyang ito mula sa karanasan ng mga tagumpay at kabiguan ng Partido at hukbong bayan nitong nakaraang 24 na taon.

Marami tayong mahusay na kadre at kasapi ng Partido at kumander at mandirigma ng BHB na nagpunyagi sa tamang linya. Kung kaya, ang Partido at ang Bagong Hukbong Bayan ay nananatili at patuloy na napapalaki ang substansyal na baseng masa. May sapat at matibay na batayan para higit na paunlarin ang magkakaugnay na sangkap ng digmang bayan tulad ng armadong pakikibaka, reporma sa lupa at pagtatayo ng baseng masa sa loob ng balangkas ng pambansang demokratikong rebolusyon.

Noong ang BHB na mayroon lamang 200 Pulang mandirigma ay binabayo ng laking dibisyong Task Force Lawin sa ikalawang distrito ng Tarlac noong 1970, ang hukbo ring ito ay nakapagbuo na ng mas malawak na baseng masa sa Isabela at at nakapagbinhi na sa ibang bahagi ng bansa ng mga kadreng tagapagpalawak. At pagkatapos hayaan ng 3 kumpanya at 1 platun ng BHB na makubkob sila ng Task Force Saranay sa kagubatan ng Isabela noong 1972, ang BHB ay nakapagbuo ng mas maraming larangang gerilya sa buong bansa. Tulad sa Isabela noong 1977, ang paglutas ng malaking pinsala sa Mindanao ng 1984-1986 ay ang pagbabago sa dispusisyon ng mga di-masustine at nahihiwalay na kumpanya para makabuo ng maliliit pero kayang isustineng mga yunit para sa gawaing masa at pagtatayong muli ng baseng masa.

Kapag tinitingnan ang balanse ng pwersa, magsimula tayo sa katotohanan na ang pangkabuuang regular na panlabang pwersa ng kaaway ay kaya lamang sumaklaw sa wala pa sa 5% ng kalupaan ng buong Pilipinas sa isang takdang panahon. Kung kaya, hindi nila kayang pagkaitan ng lugar ang hukbong bayan para magmaniobra maliban na lamang kung mapapabayaan ang gawaing masa at pakitirin ng BHB ang sarili sa maliit na bilang ng konsentradong kumpanya at batalyon.

Sa kasalukuyan, ang kaaway sa pamamagitan ng kanyang Lambat Bitag II ay nagtalaga ng pitong regular na dibisyon (2 sa Cordillera, 1 sa Bicol, 1 sa Samar, 1 sa hilagang bahagi ng Zamboanga, 1 sa Hilagang-Silangang Mindanao, 1 sa North Central Mindanao at isa sa Kanlurang Visayas). Lahat ng ito ay nagawang magkonsentra sa isang katlo, sa maksimum, ng ating mga larangang gerilya, at hindi nasakop ang ilampu pa nating larangang gerilya. Ang kaaway ay dapat malulong sa pagdadalawang-isip kung ikokonsentra o ikakalat ang pwersa, habang ang mga pwersang gerilya ay madaling nakakapagkonsentra, nakakapag-dispers at nakalilipat sa walang hangganang larangan ng popular na suporta at paborableng kalupaan sa kanayunan.

Bilang resulta ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral at ng kilusang pagwawasto, ang Komite Sentral ng Partido bilang pangkalahatang istap ng armadong rebolusyon at ang buong Partido ay determinadong palawakin at konsolidahin ang baseng masa, bawiin ang mga nabitiwang erya at patuloy na magpalawak sa bagong erya; at kung gayo'y, nagdidispusisyon sa Bagong Hukbong Bayan sa isang paraan na may sentro de grabidad sa bawat larangang gerilya at sa bawat mas mataas na antas ng komand at may mga nakakalat na yunit para magsagawa ng gawaing masa at magtayo ng mas maraming larangang gerilya.

Ang sentro de grabidad (ang platun sa punong himpilan ng maliit at katamtamang laking larangang gerilya o subdibisyon ng isang malaking larangang gerilya o ang kumpanya sa punong himpilan ng komand sa antas ng rehiyon) ay kailangang nasa isang relatibong konsentrasyon sa loob ng isang takdang saklaw para mabilis na naisasagawa ang pagtitipon para sa mga taktikal na opensiba at iba pang operasyon na nangangailangan ng absolutong konsentrasyon ngunit hindi nagiging di-masustineng pabigat sa lohistika para sa mamamayan at nakakalahok pa sa gawaing masa at iba pang di-pangkombat na gawain sa isang erya na mas maliit ang saklaw kaysa sa kinikilusan ng mga nakakalat na yunit para sa gawaing masa.

Sa kasalukuyang antas ng istruktura ng mga pwersa ng BHB, hindi dapat nakapaloob sa sentro de grabidad ang higit sa ikatlo o kahit ika-apat na bahagi lamang ng buong pwersa (batay sa katangian ng rehiyon) upang ang ibang pwersa ay maaaring ikalat para sa pagpapalawak at pagkokonsolida ng baseng masa. Ang pangunahing diin ay ang pagtatayo ng mas maraming larangang gerilya na may matibay na organisadong baseng masa at gamitin ito bilang pundasyon para sa mga kayang isustining malalaking pormasyong militar na magsisilbing sentro-de-grabidad at nasa relatibong konsentrasyon sa mas mataas na antas na organisasyon ng hukbo.

Sa kasalukuyang pwersang lakas ng Bagong Hukbong Bayan, kaya nitong saklawin ang libu-libong baryo sa maraming munisipyo (ang kabuuang bilang sa Pilipinas ay 1500) sa ilampung probinsiya (ang kabuuang bilang sa Pilipinas ay 73), kung sa pangkaraniwan ang isang iskwad ng BHB na nakakalat para sa gawaing masa ay kumikilos sa di-kukulangin sa isang munisipyo, sinusuportahan ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika, mga lokal na sangay ng Partido at mga organisasyong masa at sinasaniban ng mga yunit milisya at yunit para sa pagdepensa sa sarili ng mga organisasyong masa.

Kapag ang mga di-masustineng kumpanya at batalyon ng BHB ay humila ng mga kadre at rekurso at binabawasan sa halip na pinararami ang bilang ng mga lokal na pwersang gerilya at armadong yunit pampropaganda, ang tiyak na mangyayari ay ang pagliit ng baseng masa at pagpapakitid sa sarili. Kung tayo ay magpapakitid sa sarili, pumapasok tayo sa bitag ng kaaway at ibinubukas natin ang ating sarili sa pagkagapi sa ilalim ng kanyang estratehiya ng "digmang madaling tinatapos" (estratehikong opensiba) at unti-unting pagpapakitid. Kung wala tayong sapat na bilang ng armadong yunit pampropaganda na nagbubuo sa pamamagitan ng gawaing masa ng pinakamalawak na erya para sa pagmamaniobra, ang mga dibisyon o brigada ng kaaway at ang gaya-gayang SOTs at CAFGU ay mabisang makaaagaw sa ating baseng masa sa ilang erya at sa pagpapakitid sa ating baseng masa sa buong bansa.

Kailangang matatag nating panghawakan ang mga taktika ng estratehikong depensiba at tuklasin o likhain ang mga oportunidad para sa mga taktikal na opensibang kaya nating ipagwagi. Kailangang lagi nating hanapin ang mahihinang bahagi ng kaaway at salakayin silang pasorpresa sa taktikal na antas. Hindi natin dapat lampasan o labagin ang mga rekisitos ng estratehikong depensiba sa pamamagitan ng absolutong pagkokonsentra nang palagian o buong panahon ng mas malalaking mga yunit na hindi natin kayang isustine sa lohistika at nakapipinsala sa ating gawaing masa.

Kahit ang mga yunit na itinalaga bilang mga sentro de grabidad, habang nasa relatibong konsetrasyon, ay dapat magbigay ng atensyon sa gawaing masa at iba pang gawain maliban pa sa mga operasyong pang-opensiba na nangangailangan ng absolutong konsentrasyon o pagsasanib ng mga kolum. Ang mga naipon nating tagumpay, ang lahatang-panig na pagtugon sa mga rekisitos, at ang aktwal na pagbabago sa estratehikong balanse ng pwersa ang magtatakda kung kailan maaaring umigpaw mula sa isang estratehikong yugto tungo sa susunod.

Kailangang umasa tayo sa sarili sa pamamagitan ng puspusang paggawa at pakikibaka. Ang lohistika ng hukbong bayan ay kailangang magmula sa mga kontribusyon ng masa na nakinabang sa reporma sa lupa at iba pang bunga ng rebolusyonaryong gawain, produksyon ng at para sa hukbong bayan, buwis mula sa mga naliwanagang panginoong maylupa at negosyante sa mga eryang nasa kontrol natin at mga kumpiskasyon mula sa kaaway.

Pinuna din at itinakwil ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral ang iba't ibang uri ng insureksyunismo sa kalunsuran, laluna ang dalawang uri na nagdulot ng pinakamalaking pinsala. Ang isa ay ang tipong harapan o pasaring na umaatake sa teorya at estratehikong linya ng digmang bayan at siyang pinakamapanganib na sumanib sa militarismo ng Mindanao noong panahong 1981-1986. Ang ikalawa ay ang tipo na nagpahina sa kilusang masa at nagbantang ilagay sa panganib ang makatarungang mithiin ng mga organisasyong masa sa Metro Manila.

Kaugnay nito, itinulak ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral ang linya ng paggalang sa ligal at depensibong katangian ng demokratikong kilusang nakabase sa kalunsuran at pagsasagawa ng masikhay na gawaing masa at solidong pag-oorganisa ng masa na nagsisilbing base ng malawakang propaganda at mga dramatikong aksyong masa. Pinagtibay din nito ang mga hakbang para madagdagan ang epektibidad at mapangalagaan ang seguridad ng mga kadre

na nasa ligal na demokratikong kilusan pati na ang tamang oryentasyon at pagsustini sa kilusang lihim.

Ang armadong pakikidigmang partisano sa kalunsuran ay kailangang nakapailalim sa wastong pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong pamumuno ng Partido at nakapaloob sa istruktura ng komand ng BHB. Kailangang nakapaloob din ito sa balangkas ng estratehikong linya ng digmang bayan. Para maging armadong partisano sa kalunsuran, ang isang indibidwal ay kailangang magserbisyo muna sa kanayunan nang 2 taon sa minimum. Ang pagpapaunlad sa armadong pakikidigmang partisano sa kalunsuran ay kailangang nakaugnay at nakakoordina sa pag-unlad ng armadong pakikibaka sa kanayunan at ng ligal na demokratikong kilusan sa mga kalunsuran.

## Ang Tunguhing Kanang Oportunismo

Sa ngayon, ang "Kaliwang" oportunismo, lalo na sa anyo ng militarismo kakumbina ng insureksyunistang pangangarap, ang nagdulot ng pinakamalulubhang pinsala sa Partido, Bagong Hukbong Bayan at buong rebolusyonaryong kilusang masa.

Subalit mula 1990, naging mas hayag at magaspang ang Kanang oportunismo sa pagsalungat sa proletaryong rebolusyonaryong linya. Lumakas ito mula noong unang bahagi ng 1980 nang may mga Kanang oportunista (kabilang na ang ilang antipasista na narekluta noong huling bahagi ng 1970 nang walang sapat na pang-ideolohiyang pagsusuri at pagpapanibagong hubog) na nagpanukala kasama na ang iba pang panukala na pababain ang katayuan at kahit pa nga lusawin ang Partido pabor sa "talibang" malapad na prente at ng "hiwalay na dinamismo" ng mga organisasyong masa.

Pagkaraang bumagsak ang diktadurang Marcos, pinuna ang patakarang boykot ng 1986 bilang isang mayor na taktikal na pagkakamali. Sa katotohanan, ito ay isang pagkakamaling sobrang Kaliwa at sektaryan, na nagdulot ng pagkalito sa mga pwersang ligal at iligal at sa mga porma

ng pakikibaka. Subalit may mga pumuna sa pagkakamaling ito na tumulad sa mga burgis repormista, inilarawan ang rehimeng Aquino, na inaatasan ng US at binubuo ng mga komprador at panginoong maylupa, bilang isang rehimeng liberal at demokratiko at ipinalagay na nakabig na ng bagong luklok na rehimen ang panggitnang pwersa at ito mismo ay nasa gitna ng pagkakahanay ng mga pwersang pampulitika at ang Partido at rebolusyonaryong armadong pakikibaka ay naitulak sa "depensibong pusisyon sa pulitika" kung kaya kailangan ang pag-uusap hinggil sa tigil-putukan at ang 60 araw na kasunduan sa tigil-putukan noong 1986.

Lahat ng loyal at tapat na kasapi ng Partido na may tendensyang matangay sa Kanang oportunistang pananaw sa bagong sitwasyon noong 1986 ay nakapagwasto na noong 1987 nang linawin ng Partido ang patuloy na paglala ng krisis ng lipunan at ang patuloy na pangangailangan para sa armadong rebolusyon at nang patuloy na malantad ang anti-nasyunal at antidemokratikong makauring katangian ng rehimeng US-Aquino.

Subalit hanggang ngayon, ang pinakamatigas at pinakamasahol na mga elemento sa hanay ng mga Kanang oportunista ay nagpapatuloy sa burgis-repormistang pagpuna sa pagkakamaling boykot noong 1986 at itinuturing ito bilang pinakamalaking pagkakamali ng Partido sa buong kasaysayan nito, hanggang pagtakpan at kunsintihin ang adbenturismong militar at Kampanyang AHOS na siyang higit na mas malulubhang mga pagkakamali.

Ang mga elementong sa praktika ay lumalabas na sa Partido ay nagpapalaganap ng burgis na populismo at liberalismo, pasipismo at kapitulasyunismo at labis na nagbibigay-halaga sa pakikibakang elektoral sa loob ng naghaharing sistema bilang pangunahing paraan para bigyan ng "ligalidad" ang mga makabayan at progresibong pwersa. Ipinalalaganap nila ang ideya ng isang "supraclass" (nakaibabaw sa mga uri) na ikatlong pwersang nagnanais ihiwalay ang mamamayan mula sa Partido at nagsisikap

monopolisahin ang pondo mula sa labas ng bansa para sa mga proyektong NGO upang maisulong ang sarili nilang interes.

Ang pinakatuso, pinakamasalimuot, at pinakamapanirang mga konseptong umaatake sa proletaryong rebolusyonaryong linya ay inianak ng mga pinakamasahol na Kanang oportunistang elemento tungkol sa usapin ng nagkakaisang prente at sa pamumuno ng uring manggagawa (sa pamamagitan ng Partido). Iginigiit ng mga elementong ito na kailangang isantabi o likidahin ang pamumuno ng uring manggawa para diumano maakit ang mas maraming mamamayan sa nagkakaisang prente sa pangkabuuan at sa Pambansang Demokratikong Prente sa partikular.

Kaya nakaungos ang konsepto ng pederasyon sa pagtatayo ng NDF. Sa ilalim ng konseptong ito, ang Partido ay ibinaba sa pagiging isang myembrong organisasyon sa ilalim nang mayorya ng mga di-proletaryadong organisasyon at sa Pambansang Konseho ng pederasyon. Hindi agad nagmumukhang mali ang konsepto dahil may mga grupo ng Partido sa loob ng mga di-proletaryadong myembrong organisasyon. Subalit inilalatag nito ang batayan para sa paglikida sa makauring pamumuno ng proletaryado at partido nito, at para pawalang saysay ang kalayaan at inisyatiba ng Partido at ang bagong demokratikong katangian ng rebolusyon. Sa katunayan, nagsimula nang atakehin ng ilang elemento na laban sa Partido ang Partido sa pamamagitan ng paggamit sa pangalan ng NDF.

Ang borador ng Saligang Batas ng NDF noong 1990 ay walang anumang banggit sa pamumuno ng uring manggagawa at sa batayang alyansa ng manggagawa at magsasaka sa bagong demokratikong rebolusyon. Magkakasabay nitong tinatanggap ang mga konsepto ng kumpederasyon, pederasyon at yunitaryong organisasyon. Ang yunitaryong konsepto ng NDF na nagtatakdang tuwirang indibidwal na kasapi nito ang lahat ng mga kasapi ng

"myembrong organisasyon", ay isa pang paraan ng pagpapawalang-saysay sa kalayaan at inisyatiba ng Partido.

Ang borador ng Programa ng NDF noong 1990 ay umiiwas sa anumang malinaw na pagtukoy sa pamumuno ng uring manggagawa, sa batayang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka at sa bagong demokratikong katangian ng rebolusyon. Ipinapasok nito ang ilang susing termino tulad ng "nasyunalismo", "pluralismo" at "mixed economy" at malinaw na naglalagay sa mga ito sa balangkas ng lumang burges-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng pagsuspindi o pag-aalis sa pamumuno ng uring manggagawa at sosyalistang perspektiba. Ang borador ng Programa ng NDF noong 1990 ay malinaw na nagpapanukala na kapag nakamit ang batayang pagkakumpleto ng pambansang demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika, ang "pambansang demokratikong lipunan" ay itatayo nang walang taning at ang sosyalistang rebolusyon at konstruksyon ay hindi pasisimulan.

Bilang pagtataguyod sa rebolusyonaryong linyang makauri sa nagkakaisang prente at upang maiwasan ang banggaan sa pagitan ng Partido at NDF, ang ika-10 Plenum ng Komite Sentral ay nagpasya na ang Partido ay makalalahok lamang sa isang pormal na alyansa (hindi pederasyon o yunitaryong organisasyon) kung mapananatili nito ang kanyang kalayaan at inisyatiba at ang kanyang mga kinatawan ay magtatamasa ng pagkakapantay sa iba pang organisasyon batay sa konsensus at konsultasyon sa mga kumperensya at konseho, nang hindi isinasantabi ang absolutong pamumuno ng Partido sa BHB at sa bilateral (dalawahang-panig) na ugnayan ng Partido sa alinmang alyadong organisasyon sa NDF.

Kung kaya ang Partido ay nagpanukala ng bagong borador ng Saligang Batas ng NDF at ito ay kasalukuyang pinoproseso ng angkop na organo ng NDF. Ang bagong borador ng Programa ng NDF ay kasalukuyan ding

inihahanda. Nilinaw rin ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral ang ugnayan sa pagitan ng Partido, BHB at ng NDF sa pagdidiin sa responsibilidad ng Partido na tiyakin at itaguyod ang proletaryong makauring pamumuno sa buong reblusyonaryong kilusan. Tinatawagan nito ang lahat ng kasapi ng Partido na matatag na panghawakan ang responsibilidad na ito at ipinaaalala sa lahat, lalo na sa mga nasa gawain sa nagkakaisang prente, na ang nagkakaisang prente ay hindi isang larangan para likidahin ang pamumuno ng uring manggagawa at sa kasalukuyang istorikal na kalagayan ay hindi magkakaroon ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente kung wala ang makauring pamumuno ng proletaryado.

Ilang kaduda-dudang elemento ang gumagamit sa maling konsepto tungkol sa nagkakaisang prente upang atakehin - mula sa pananaw ng petiburgis - ang mga batayang prinsipyo at ang aktwal na makauring pamumuno sa pambansang demokratikong rebolusyon. Umuulit sa koro ng pang-ideolohiyang opensiba ng mga imperyalista at Gorbachovistang antikomunistang satsat, kanilang ikinakalat na ang mga Marxista-Leninistang prinsipyo na Partido ay lipas na sa panahon at awtoritaryan at ang tunggalian ng mga uri ay hindi na ang sentrong usapin sa rebolusyon. Itinatanghal nila ang mga antigo na nilang ideyang petiburgis bilang bago at nasa uso at ginagamit ang mga ito upang atakehin ang Marxista-Leninistang paninindigan, pananaw at pamamaraan.

Ang pinakamasahol na elemento ng mga Kanang oportunista ay nagtulak ng isang “medium term” na plano mula noong huling bahagi ng 1989 hanggang unang bahagi ng 1992, na ikinukumbina ang repormismong burges sa insureksyunistang pangangarap sa kalunsuran. Ang layunin ay magbuo sa ligal na antas ng bagong malapad na prenteng binubuo ng Kaliwa, Gitna at anti-Aquinong Kanan sa pamamagitan ng panawagan para sa mga multisektoral na usapang pangkapayapaan at pagkatapos ay tumuloy sa “an-tas ng rebolusyonaryong prente” upang magbuo ng lalo pang

malaking alyansang kabibilangan ng NDF, MNLF,RAM, SFP at YOU. Ang ideya ay magkaroon ng iisang taktikal na programa (ang alternatibong adyenda) na makapagbubuklod sa iba't-ibang pwersang pulitikal at "magpapaunlad ng mga kawing" sa pagitan ng ligal na malapad na prente at rebolusyonaryong (iligal) prente hanggang ang dalawang antas ay magsanib sa isang bugso at sa katapusan ay tumungo sa isang pag-aalsa.

Sa paghahangad ng isang armadong insureksyon sa kalunsuran sa loob ng balangkas na ito, ang pinakamasahol na elemento ng mga Kanang oportunistang ito ay nagtagumpay sa pagsabotahe sa pag-unlad at potensyal na pagbugso ng ligal na kilusang masa sa ilalim ng napakapaborableng kalagayan noong huling hati ng 1990 hanggang 1991. Pagkatapos ay kanyang itinanggi ang katangian ng obhetibong kalagayan na mabilis na magbagu-bago at madaling sumiklab at itinulak ang linya na ang kalagayan ay hindi pa hinog para sa sustinidong mga aksyong masa dahil ang kanyang "medium term" (katamtamang tagal ng panahon) na pakana para sa paglikha ng kalagayan para sa bugso patungo sa insureksyon (malapad na prente para sa multilateral na usapang pangkapayapaan hanggang sa panununog ng bus) ay may kabaligtarang epekto ng pagsabotahe sa kilusang masa at sa aktwal ay tumulong sa rehimeng US-Aquino na makapagpanatili nang walang gaanong bumabangga hanggang sa susunod na mga eleksyon.

Ang ika-sampumg Plenum ng Komite Sentral ay nagpasyang patawan ng aksyong pangdisiplina ang pinakamasahol na elementong ito ng mga Kanang oportunista dahil sa kanyang misrepresentasyon at pag-agaw sa awtoridad ng Kawanihang Pampulitika sa pagtatangkang magpalaganap ng mga kontrarebolusyonaryong ideya hinggil sa maraming isyu at iba pang mga malubhang paglabag sa mga batayang prinsipyo at alituntuning pandisiplina ng Partido, tulad ng pagkakalat ng mga anti-Partidong intriga, publikong pagpapakalat ng mga artikulong anti-Partido mula

pa noong huling kwarto ng 1991, at kumprontahin pa siya sa kanyang pagsisiwalat ng mga sikreto ng Partido sa kaaway noong 1987. Ang desisyon ay nakatutok sa mga maling ideya ng indibidwal na ito, sa kanyang pagkakasangkot sa mga pinakamalulubhang "Kaliwa" at Kanang oportunistang pagkakamali at sa kanyang matagal nang anti-Partidong kilos.

Samantalang mayroong mga hindi na maitutuwid na Makakanang kontrarebolusyonaryo na kailangang harapin sa pulitika at organisasyon, mayroon ding mga tapat na kasapi ng Partido na di-sinasadyang nakapagbigay ng base sa mga nabanggit sa una dahil hindi pa sila ganap na nakapagpanibagong-hubog tungo sa proletaryong rebolusyonaryo kung kaya bulnerable sa mga suhetibista at oportunistang mga tunguhin. Ang Partido ay nag-aalok sa kanila ng ibayo pang pang-ideolohiya at pampulitikang edukasyon at rebolusyonaryong praktika.

Mayroong kapansin-pansing pagtagos ng mga kontrarebolusyonaryong Makakanang ideya sa Partido, lalo na dahil sa simula ng unang hati ng mga taong 1970 ay nagkaroon ng kaluwagan sa pagtanggap ng Partido sa ilang elementong may katayuan at oryentasyong petiburgis batay pangunahin sa kanilang antipasistang pampulitikang paninindigan, nang walang sapat na pang-ideolohiyang pagsusuri at dagdag na pang-ideolohiyang edukasyon at pagpapanibagong-hubog. Gayunman, simula noong 1989, ang iilang di-malusog at kwestyonableng elemento ng Makakanang tipo ay lalong naglantad ng kanilang katangian at saklaw ng kanilang mga anti-Partidong aktibidad.

Ang ilang elementong ito na kaagapay ng mga imperyalista sa kanilang pang-ideolohiyang opensiba,- simula ng disintegrasyon ng mga rebisyunitang naghaharing partido at rehimen - ay naging mas mapangahas sa kanilang paninira na ang mga Marxista-Leninistang prinsipyo ay "lipas na" at "awtoritaryan" at sa pananawagan para sa "mga modelo", "tinatanaw" at "mga programa" na makakapalit ng Programa ng Partido. Sa katunayan ang mga taksil ay naglalako ng mga lumang antiproletaryo at anti-Marxistang ideyang petiburgis na

kanilang itinatanghal na bago at uso sa kabila ng katotohanang ang mga nauna nilang ginawang banyagang modelo ay nilamon na ng burgesya at nawalan ng ng katuturan sa kasaysayan.

May mga elemento na malisyosong ginagamit ang isyu ng kapaligiran sa pamamagitan ng paghaharap dito bilang isang bagay na labas sa saklaw ng mga uri. Hindi nila kinikilala ang namumukod-tanging kasaysayan ng Partido simula pa sa muling pagkatatag nito sa pagkondena at pagsalungat sa malawakang pagnanakaw ng mga imperyalista sa pantao at pangkalikasang rekurso ng Pilipinas, sa paggawa ng mga mapanuring pag-aaral na nakatuon sa isyu ng kapaligiran at ang malawak na kilusang masa laban sa imperyalistang pananalanta sa kapaligiran. Muli nang nilinaw ng Partido ang matibay na paninindigan nito sa isyu ng ekolohiya.

Ang mga populistang petiburgis, demokratang liberal at sosyal ay nagpalaganap ng burukratismo ng mga NGO. Ginagamit nila ang pangalan ng mga progresibong organisasyong masa upang makakalap ng salapi mula sa mga nagpopondong ahensya sa labas ng bansa, nagsisikap ng mamonopolisa ang pondo mula sa mga banyaga, at ipinalalaganap ang kanilang burges na repormistang ideya sa kilusang masa at sa mga bahagi ng Partido na mahina sa ideolohiya.

Simula noong 1989, ang iilang elementong ito ay nagkaroon na ng lakas ng loob na lantarang atakihin ang Partido dahil sa kanilang maling pagkalkula na tama na ang panahon para kanilang angkinin ang ilang organisasyon at monopolisahin ang pondong mula sa labas ng bansa. Nalasing sila kapwa ng pagbagsak ng mga rebisyunistang naghaharing partido at ng malakas na anti-Marxistang pang-ideolohiyang opensiba ng mga imperyalista. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga demagohikong islogan ng anti-Stalinismo, lantaran nilang inaatake ang mga saligang prinsipyo, patakaran at linya ng Partido.

Mayroong natural na petiburges na pagsasalubong ng maliit na haluhalong kalipunan ng mga populista, liberal, neoliberal, sosyal demokrata at Gorbachovista. Mayroon silang

inaakalang superyoridad sa rebolusyonaryong proletaryo at sa PKP at kanilang inuulit ang lahat ng mga anti-Marxistang kaisipan at mga gasgas na ideya ng mga ideolohista at propagandistang imperyalista.

Gayunman, may pagkilala sila sa kanilang kakarampot na bilang at kawalan ng suportang masa. Kung kaya, sa kabila ng lahat ng kanilang islogan ng pagiging bukas, demokratikong proseso at reporma na kalkuladong magpapahina sa Partido, nagbibigkis sila at nakikipagsabwatan sa mga pinakamasahol na "Kaliwang" oportunista na may pananagutan sa adbenturismong militar, insureksyunismo sa kalunsuran, gangsterismo at madugong "witchhunt" na Kampanyang AHOS upang labanan ang Partido at ang rebolusyonaryong kilusan. Sinisikap din nilang akitin ang mga kadre sa kalunsuran sa pamamagitan ng kakaunting halagang galing sa pondong mula sa mga dayuhang ahensya.

Malinaw sa rehimeng US-Ramos na mayroong dalawang klase ng mga elemento na naglalagay sa kanilang sarili sa labas ng linya ng Partido at sa labas ng disiplina nito. Ang isang tipo ay binubuo ng iilang nakagawa ng pinakamalulubhang kasalanan kaugnay ng "Kaliwang" oportunistang pagkakamali laban sa Partido at mamamayan. Ang isa pang tipo ay kinabibilangan ng mas kakaunting elementong nagdadala ng Kanang oportunistang linya at sumasalungat sa makauring pamumuno ng proletaryado at sa armadong rebolusyonaryong kilusan.

Kung kaya, ang rehimen ay nagbuo ng isang supistikadong patakarang psywar bilang katuwang ng brutal nitong patakarang militar. Pinawalang bisa nito ang R.A. 1700 (batas laban sa subersyon) ngunit kasabay nito ay pinanatili ang iba pang mapanikil na mga batas. Ito'y pumupusturang naghahangad ng bilateral na negosasyong pangkapayapaan sa NDF ngunit sa katotohana'y abala sa walang saysay na pakanang pahinain, pabagsakin at wasakin ang Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Ang taktika ng pakanang psywar ay naglalaman kapwa ng paghihikayat sa mga aktibidad ng "Kaliwa" at Kanang

oportunista at sinisikap na paisa-isa silang marekluta bilang ahente sa paniktik at psywar. Ang mga oportunistang ito ay umabot na hanggang sa lantarang pag-atake sa Komite Sentral, ika-10 Plenum at sa kilusang pagwawasto. Naglalathala at nagpapakalat sila ng mga artikulong anti-Partido upang lumikha ng ilusyon ng pagkakahati sa loob ng Partido at aktwal na sikaping mahati ito at mawasak mula sa loob sa pamamagitan ng kampanyang anti-Partido na mahigpit na nakadisenyo sa pangangailangan ng pakanang psywar ng kaaway.

Ginagamit din ng rehimen ang matagal ng "preliminaryo" sa negosasyong pangkapayapaan upang patingkarin ang linya nito ng pasipikasyon sa pagtatangkang madiskaril ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng mamamayan para sa makatarungan at matagalang kapayapaan, itulak ang mga progresibong ligal na organisasyon upang pumusisyong "nyutral" o "ikatlong pwersa" (kasama ng mga kinatawan ng mapagsamantalang uri at maging ng reaksyunaryong gubyerno) at magbuyo ng pagsuko at pagkakahati sa hanay ng rebolusyonaryong kilusan.

Ang mga naturang taktika ng rehimeng US-Ramos ay naipatupad na sa loob ng ilang panahon. Sa isang "intelligence briefing" sa National Unification Commission (NUC) noong maagang bahagi ng Nobyembre, ipinagmayabang ng mga upisyal militar na nagbibigay ng briefing na hawak nila ang ilang taksil sa kilusan at malalim ang kanilang pagkakaalam tungkol sa "pagkakahati" sa loob ng rebolusyonaryong kilusan. Ito'y kaagad na kasunod ng pagbaha ng mga anti-Partidong mga artikulo ng paninira noong Oktubre. May mga indikasyon na ang paniktik ng Kagawaran ng Estado ng US ay nakakuha kaagad ng kopya matapos mailathala ang mga naturang artikulo.

Ang pinakamabisang paraan upang mabaka ang patakarang "total war" at pakanang psywar ng pangkating US-Ramos ay ang palakasin ang Partido sa ideolohiya, pulitika

at organisasyon, pahigpitin ang seguridad ng Partido, pagbutihin ang pagmamatyag at palawakin at patindihin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at ang ligal na demokratikong kilusang masa.

**K. Sa Larangan ng Organisasyon**

Simula ng nakaraang taon, ang borador ng Saligang Batas at Programa ay naihanda na para sa pagtatalakay ng buong Partido bilang paghahanda sa Kongreso ng Partido. Higit kailanman ang Partido ay pursigidong magdaos ng Kongreso ng Partido. Ito ang magiging demokratikong instrumento ng pangkalahatang kasapian ng Partido para sa pagtatamo ng bago at mas mataas na antas ng pagkakaisa ng mga tunay na komunista at para sa pagtataas ng antas ng rebolusyonaryong pakikibaka sa patnubay ng Marxismo-Leninismo.

Pinagpasyahan ng ika-10 Plenum na ang susunod na Kongreso ng Partido ay magiging rurok ng kasalukuyang kilusang pagwawasto at hindi magiging daluyan para sa pagkokompromiso ng proletaryong rebolusyonaryong linya at burges na reaksyunaryong linya. Sa paghahanda para sa kongresong ito ang lahat ng nakabababang organo at organisasyon ng Partido ay hinihinging magsumite ng kanilang pagtatasa, pagpuna at pagpuna-sa-sarili sa loob ng saklaw ng kanilang responsibilidad at kakayahan upang ang mga sentral na namumuno at organong istap ay mapaunlad ang kanilang sarili at makapaghanda ng mga dokumento para sa pag-aaral ng buong Partido at para isumite sa Kongreso ng Partido.

Simula nang ilunsad ang kilusang pagwawasto, ang ilan sa mga "Kaliwang" oportunista na naging responsable sa mga pinakamalalang pagkakamali at kabiguan ay nagpakalat nang labas sa mga wastong daluyan ng mga artikulo laban sa kilusang pagwawasto at dokumento nito. Kanilang ginagamit ang "kalayaan sa pagpuna" na itinakwil ni Lenin na isang paglabag sa prinsipyo ng demokratikong sentralismo at bilang ultrademokrasya at anarkiya ng petiburgis at nakipagkumbina sa mga Kanang oportunista sa pagsasagawa nito.

Lahat ng mga kadre at kasapi ng Partido ay hinihikayat na magkaisa sa ilalim ng prinsipyo ng demokratikong sentralismo, na suportahan ang Komite Sentral at matatag na ipagpatuloy ang kilusang pagwawasto upang lalong itaas ang kapasyahang lumaban at kakayahan ng Partido at mamamayan laban sa rehimeng US-Ramos.

Hindi natin mapapalampas ang mga "Kaliwa" at Kanang oportunista na walang pakundangang umaatake sa sentral na pamunuan, ika-10 Plenum at sa kilusang pagwawasto sa pamamagitan ng paglalathala at pagpapakalat at pagpapaabot sa serbisyo sa paniktik at psywar ng kaaway at burges na masmidya ng mga artikulong umaalipusta sa Partido, Komite Sentral at kilusang pagwawasto. Kabilang sa mga oportunistang ito ay ang mga elementong naglagay sa kanilang sarili hindi lamang sa obhetibong paraan kundi sa mulat na paraan sa serbisyo ng pakana ng rehimeng US-Ramos na siraan ang Komite Sentral at sa gayon ay pugutan ng ulo at wasakin ang Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Kabilang sa mga taksil na ito ay ang ilang indibidwal na hayagang nagsasabi sa publiko sa pamamagitan ng kanilang mga lumalaganap na mga artikulo ng paninira na sila ay nananatiling mga aktibong kasapi ng Komite Sentral kahit noong sila ay wala sa kapasidad dahil sa pagkakadetini sa kanila ng kaaway at -sa kanilang paglaya- ay hindi pa sila sumasailalim sa pagpoproseso para sa pagbabalik sa tungkulin o kaya'y tahasang tumatangging pumailalim sa pagpoproseso ng mga awtorisadong upisyal ng Komite Sentral. Sa anong katwiran o lisensya mula sa kaaway ang sinasabi nila sa kanilang mga artikulo ng paninira na sila ay nananatiling mga kasapi ng Komite Sentral at nasa pusisyong alisan ng kapangyarihang gumawa ng mga patakaran ang Komite Sentral, na pawalang saysay ang kilusang pagwawasto at ika-10 Plenum ng Komite Sentral, patalsikin ang Komite Sentral at magpatawag ng bagong Plenum at bagong Kongreso?

Ang mga bagong laya mula sa piitan ng kaaway na kwalipikado pa at sinserong nagnanais humawak muli ng

gawaing Partido sa antas ng Komite Sentral ay dapat agad na pumailalim sa kinakailangang proseso ng reintegrasyon.

Ang mga anti-Partidong elemento ay mukhang nakasisindak kapag kanilang inilulunsad ang mga pagsisinungaling at pagpapanggap mula sa kadiliman. Kung palalampasin nang hindi sinasagot, maaaring makagawa sila ng ilang pinsala sa Partido. Ngunit kung sila'y mailalantad sa pamamagitan ng liwanag ng katotohanan at salubungin ng bakal na pagkakaisa ng Partido, sila ay malalantad at maitatakwil bilang grupo ng sari-saring kulay ng "Kaliwa" at Kanang oportunista at mga taksil. Animo sila ay nagkakaisa sa pag-atake sa Partido ngunit hindi sila makapagharap ng anumang maipapalit sa hinahangad nilang wasakin. Maaari lamang nilang subukan nang walang saysay ang paglapit at paglinlang sa mga bahagi ng Partido na inaakala nilang mahina sa ideolohiya.

Ang kumbinasyon ng mga "Kaliwa" at Kanang oportunista at mga taksil ay lumikha sa sarili bilang prinsipal na problemang pang-organisasyon. Lumabas na sila sa saklaw ng pang-ideolohiyang tunggalian sa pamamagitan ng pagkakalat ng mga kasinungalingan tungkol sa Komite Sentral, ika-10 Plenum at kilusang pagwawasto, sa panunulsol ng paksyunalismo at pagbibigay ng mga anti-Partidong lathalain sa kaaway.

Kung gayon ang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong pakikibaka ay dapat magkasabay na sumulong, nang may pangunahing diin sa teoretikal at pampulitikang edukasyon at sa pagpapakitid ng target sa pagsasagawa ng mga pang-organisasyong hakbang. Ang linyang naghihiwalay ng mga elemento ng Partido sa mga anti-Partidong elemento ay malinaw na naitakda ng ika-Sampumg Plenum ng Komite Sentral at kilusang pagwawasto sa partikular at gayundin ng Saligang Batas at Programa ng Partido.

Sa kalagayang malaki na ang naging pinsala sa Partido at rebolusyonaryong kilusan bago magtapos ang 1991 bunga ng mga malalang pagkakamali, ang Partido ay lalo pang magtatamo ng mga kabiguan kung wala ang kilusang pagwawasto. Tanging ang mga taksil at kaaway ang pursigidong pigilin o siraan ang

kilusang pagwawasto at nagbabanta ng dagdag na pinsala. Ayaw nilang matukoy at maiwasto ng Partido ang mga pagkakamali, mabawi ang naging malaking pag-atras at patuloy na mapalakas ang Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Dapat tayong maging matatag at militante sa pagbaka sa mga maling ideya at sa mga pampulitika at pang-organisasyong maniobra ng mga naglantad na sa sarili nila bilang mga oportunista at taksil. Sa pamamagitan ng mga sarili nilang lathalain at pagkilos, malinaw nilang inilantad ang kanilang burgis na reaksyunaryong linya. Kailangan nating itaguyod, ipagtanggol at palaganapin ang proletaryong rebolusyonaryong linya ng Partido.

Bagama't kinakailangang agad na magsagawa ng mga nararapat at angkop na pang-organisasyong hakbang laban sa mga muhing sumasalungat sa ika-10 Plenum, kilusang pagwawasto, Komite Sentral at sa buong Partido, kailangang bigyang pansin at iwasto ang mga matagal ng mayor na pagkakamali sa larangan ng organisasyon nang kasing sigla noon, lalo na't sinisikap samantalahin ang mga ito ng mga anti-Partidong elemento.

Ang ultrademokrasya, paksyunalismo at anarkiya ay idinagdag pa ng mga anti-Partidong elemento sa matagal ng problema ng burukratismo at pagkakahiwalay ng ilang organo, yunit at kasapi ng Partido sa mamamayan at gawaing masa. Ang mga hakbang na ginawa na upang lutasin ang burukratismo ay kailangang magpatuloy. Isang magandang pangyayari na may mga seryosong pagsisikap na bigyang diin ang masikhay na gawaing masa at solidong pag-oorganisa sa kanila at dagdagan ang pagpapadala ng mga kadre at kasapi ng Partido mula sa kalunsuran tungo sa kanayunan para sa digmang bayan. Ang mga organisasyong masa sa kalunsuran na pinamumunuan ng Partido ay determinado ring magpadala ng mas maraming aktibista upang lumahok sa rebolusyonaryong gawain sa kanayunan.

Ang ika-10 Plenum ng Komite Sentral ay nagpasyang palakasin ang mga sentral na namumunong organo tulad ng

Komiteng Tagapagpaganap, Kawanihang Pampulitika at Komite Sentral, gayundin ang mga sentral na istap, kabilang na ang Pangkalahatang Kalihiman. Ang mga komisyong teritoryal ay ibinalik sa katayuang sentral na istap na organo na may gawaing padaliin ang inter-rehiyunal na koordinasyon, palakasin ang mga komite ng Partido sa mga rehiyon at tiyakin ang mahigpit na ugnayan sa pagitan ng mga rehiyon at ng sentrong pamunuan ng Partido. Ang mga desisyong ito ay ginawa para sa pagpapatibay ng pamumuno at dagdag na kasinupan.

Gumawa ang ika-10 Plenum ng Komite Sentral ng desisyon para sa pagpapalakas ng sistema ng pag-uulat at mga konsultasyon sa pagitan ng mga nakakataas at nakakababang organo, mas mabilis na paglutas ng mga matagal na at kasalukuyang suliranin, at paglilipat ng mga kadre para sa pagpapaunlad ng gawain sa ilang lugar at para sa pangangalaga ng mga kadre at ng Partido laban sa banta ng kaaway. Gumawa rin ng mga desisyon para labanan ang penomena ng nagsasariling mga kaharian at paksyunalismo.

Ang ika-10 Plenum ng Komite Sentral ay nagdesisyong pasimplehin ang organisasyon ng Partido, bakahin ang burukratismo, pasiglahin ang kolektibong buhay pampartido mula sa batayang antas pataas, paunlarin ang pinakamahigpit na ugnayan sa masa at linangin ang panloob na demokrasya sa Partido na kinapapalooban ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili na nakabatay sa mga tunay na pangyayari at para sa higit na pagkakaisa.

Ang mga banta sa seguridad ng Partido ay nadagdagan dahil ang ilang taksil ay aktwal o obhetibong naglagay sa sarili nila sa serbisyo ng makinarya sa psywar ng kaaway at ang mga elementong anti-Partido ay nasa ilalim ng mahigpit ng pagmamanman ng kaaway. Alam nating may ilang elementong idinedeklara ang kanilang sarili na mga komunista ngunit sa katotohana'y mga anti-komunistang salungat sa mga batayang Marxista-Leninistang prinsipyo ng Partido at walang ibang motibo at layunin kundi ang pugutan, hatiin at wasakin ang Partido.

Inilalagay ng mga taksil sa panganib ang mga organo, yunit, at mga kasapi ng Partido na nilalapitan nila sa kubli ng demokratikong pakikipagdiskusyon at pakikipagdebate na labas sa mga wastong istruktura at daluyan ng Partido. Hindi lamang nila nilalabag ang demokratikong sentralismo at panloob na demokrasya ng Partido kundi kanila ring inilalagay sa saklaw ng pagmamanman ng kaaway ang mga yunit at kasapi ng Partido na naaabot nila. Lahat ng mga organo, yunit at kasapi ng Partido ay dapat na maging mapagmatyag at putulin ang kanilang ugnay sa mga anti-Partidong elementong ito.

Nararapat at tungkulin ng Partido na itakwil at alisan ng awtoridad ang mga dating organo ng Partido na inilabas ang sarili sa istruktura ng Partido at sa demokratikong sentralismo dahil sa pag-atake sa sentral na pamunuan at sa kilusang pagwawasto at sa paglulunsad ng kampanya na pugutan at wasakin ang Partido. Ang mga elemento sa grupong ito na sinserong nagnanais ipagpatuloy ang paglilingkod sa rebolusyon ay kailangang humiwalay sa lahat ng mga aktibidad na paksyunal at anti-Partido, pumailalim sa mga alituntunin at proseso ng Partido at magwasto ng kanilang pagkakamali.

Dapat tayong magpakatatag sa paghihiwalay sa Partido ng ilang mga taksil na nagtatangkang siraan ang kilusang pagwawasto sapul sa umpisa sa pamamagitan ng pagkakarikatura dito bilang isang “madugong Stalinistang pagpupurga”, sa pagsisikap na magkalat ng mga anti-komunistang ideya sa loob ng Partido at pagkunsinti sa mga pinakamalulubhang pagkakamali ng adbenturismong militar at kalupitan ng Kampanyang Ahos. Hanggang sa ngayon, iilan pa lamang ang napatawan ng aksyong pandisiplina. Ito ay ang iilang taksil na hayagang nagbanta na pugutan, lansagin at wasakin ang Partido.

Dapat tayong matatag na magkaisa at lalong patibayin ang ating pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong lakas batay sa mga naipundar na nating tagumpay, iwasto ang ating mga pagkakamali at pagkukulang at sumulong. Dapat nating samantalahin ang lalo pang lumalalang krisis ng lokal na

naghaharing sistema at pandaigdigang sistemang kapitalista at dapat tayong magkaisa upang itaas ang kapasyahang lumaban at kakayahan ng Partido at rebolusyonaryong kilusan laban sa rehimeng US-Ramos.

## II. Itaas ang Armadong Pakikibaka at Ligal na Demokratikong Kilusan sa Bago at Mas Mataas na Antas

Ang tuluy-tuloy na krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan ay tumindi mula sa rehimeng Marcos at nagpatuloy sa rehimeng Aquino hanggang sa rehimeng Ramos. Ang obhetibong kalagayan ay mabilis na magbago at madaling sumiklab kung kaya't paborable sa pagtataas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka at ng ligal na demokratikong kilusan sa bago at mas mataas na antas. Ang malawakan at malalimang diskontento ng masa at ang rebolusyonaryong dispusisyon ng mamamayan ay mga hilaw na sangkap para sa digmang bayan.

Nasa sa suhetibong pwersa (ang organisadong pwersa) ng rebolusyon ang pagsamantala sa paborableng obhetibong kalagayan. Sila ay maaaring magtagumpay o mabigo sa pagsasagawa nito. Halimbawa, may limitadong tagumpay, kundi man pagkabigo, sa bahagi ng suhetibong pwersa na patindihin ang armadong taktikal na opensiba at ilunsad ang sustinidong mga aksyong masa sa kabila ng lumitaw na mga oportunidad noong kritikal na mga sitwasyon ng 1990, 1991, at 1992.

Malaking trabaho ang kinakailangang gawin sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pamumuno at pagwawasto kung ang mga taktikal na opensiba ng hukbong bayan at kilusang masa ay hindi maisasagawa sa saklaw at paraang umaalinsunod sa mga obhetibong kalagayan at gayundin sa sinasabing lakas ng suhetibong pwersa sa mga rehiyong inaasahang magbigay ng resulta.

Ang pamumuno ng Partido sa rebolusyong Pilipino ay magaganap lamang sa pagpukaw, pag-organisa, at pagpakilos sa masa sa linyang pambansang demokratiko. Ang epektibidad

ng pamumunong ito ay lalong makikita sa mga armadong taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan at sa mga aksyong masa ng ligal na demokratikong kilusan. Ang mga ito ay dapat magresulta sa higit na paglakas ng suhetibong pwersa at sa ibayong paghina ng kaaway.

Walang duda na ang krisis sa pulitika at ekonomya ng naghaharing sistema ay patuloy sa paglubha. Ang pag-upo ni Heneral Ramos sa pagkapangulo ng neokolonyal na republika, ng may 23.5 porsyento lamang ng mga boto, ay lalong nagpapakita ng patuloy na pagbulusok ng hati-hating naghaharing sistemang pampulitika. Lahat ng naipon at lumulubhang problema ng sistema ay bumagsak sa ulo ng nahihiwalay at desperado ngunit tusong pangulo.

Si Heneral Ramos ay gumagamit ng lahat ng uri ng sandata sa kanyang estratehiya at taktika upang pangalagaan ang mapanupil at mapagsamantalang sistema at salakayin ang rebolusyonaryong kilusang masa. Ngunit ang panloob at panlabas na rekursong maaring gamitin sa pagpursige sa kontrarebolusyonaryong gawain ay higit na maliit kaysa sa nahawakan nina Marcos at Aquino at patuloy pa itong lumiliit. Si Heneral Ramos ay sumusunod sa parehong linyang itinakda ng imperyalistang US at Japan at ng lokal na reaksyunaryong mga uri at nagpapatupad sa mga dating patakaran na sumasaid sa kabang yaman ng bansa at nagpapahina kahit sa naghaharing sistema.

### Ang Patakarang Total War ng Rehimeng U.S.-Ramos

Ang pangunahing linya ng rehimeng US-Ramos ay lipulin ang rebolusyonaryong pwersa sa ilalim ng tinatawag na patakarang total war. Tinataglay nito ang lahat ng kalupitan ng pakanang "low-intensity conflict". Mula ng maging pangulo si Heneral Ramos, iniutos niya ang pagpapatindi ng mga kampanyang militar ng panunupil (Lambat Bitag II) at humingi ng walang-kapantay na pagtaas ng badyet para sa mga regular na militar, pulisya, at pwersang paramilitar.

Lahat ng epektibong pwersang pangkombat ng may 262,000 kabuuang armadong pwersa ng kaaway (Army, 62,000; Navy, 26,000; Air Force, 17,000; PNP, 92,000; at CAFGU, 65,000) ay banat na banat sa buong bansa. Sa mga kampanyang panunupil, kaya nilang sabay-sabay na ikonsentra ang kanilang pwersang panagupa sa may isangkatlo lamang ng ilampung larangang gerilya ng BHB.

Nailunsad ng kaaway mula 1991 hanggang 1992 ang mga mayor na operasyon tulad ng mga sumusunod: Oplan Tarabay-Silawan sa Marag Valley, Kalinga-Apayao; Oplan Salidummay/Nakilala sa Zinundungan Valley, Cagayan; Oplan White Flower sa Abra de Ilog, Mindoro Occidental; Oplan Skylark sa Salay, Misamis Oriental; Oplan Ipitan sa Sta. Catalina, Negros Oriental; Oplan Rolling Thunder sa Andap Valley, Surigao del Sur; Oplan Stronghold sa Prosperidad, Agusan del Sur; at Oplan Rainbow sa mga bahagi ng Zamboanga at Misamis Oriental.

Sa pagtatangkang wasakin ang rebolusyonaryong pwersa, lumalakas ang loob ni Heneral Ramos dahil sa katotohanang sa loob ng ilang taon ang linyang militarista sa Partido at sa hukbong bayan ay umaayon sa disenyo ng kanyang pwersang militar sa pamamagitan ng pagkokonsentra ng mga di masustining malalaking pormasyon at pagbabawas sa bilang ng mga lokal na pwersang gerilya at mga kadreng nakalaan sa pagpapalawak at pagkokonsolida ng baseng masa. Ang digmang madaling tinatapos (estratehikong opensiba) at ang unti-unting pagpakitid, laluna ang nakaraang Lambat Bitag I at ang kasalukuyang Lambat Bitag II, ay ipinangangalandakan ng kaaway na malalaking tagumpay sa ilang lugar.

Ang totoo, ang mga pag-atras dahil sa kampanyang panunupil ng kaaway ay nabawasan nang malaki sa mga rehiyon kung saan ang rebolusyonaryong pwersa - sa antas ng rehiyon at larangang gerilya - ay may mga sentro de grabidad na relatibong konsentrado kung wala sa opensibang kalagayan, at may ibayong nakararaming pwersang nakakalat para sa gawaing masa sa malawak na saklaw. Sa pamamagitan ng malawak at

malalim na baseng masa, ang BHB ay may malawak na lugar para sa maniobra at pleksibleng magkonsentra, magdispers at lumipat, batay sa hinihingi ng kalagayan. Kahit may mga malalaking pormasyon sa ating panig, sa kalaunan, ito'y mahihiwalay at magiging pasibo kung ang baseng masa ay mawala o mabawasan nang malaki.

Ang kaaway na may lakas dibisyon o brigada ay kaya talagang magkonsentra sa anumang erya at agawin ito. Ngunit kapag ginawa niya ito, nagbabayad siya nang mahal sa pagsakop sa erya at pagpapanatiling walang gwardya sa malawak na erya sa ibang lugar. Sa mga ganitong lugar, ang pwersang gerilya ay mas maraming oportunidad sa gawaing masa at taktikal na opensiba. Kung kaya, sa estratehikong antas, ang kaaway ay lito kung magkokonsentra o magdidispers ng kanyang pwersa. Alinman ang gawin niya ay pagkatalo sa digma ang kahihinatnan niya.

Kailanman ang pwersang gerilya ay napaliligiran ng higit na superyor na pwersa, sila ay makalulusot sa kubkob at makalalaban sa labas ng saklaw ng kaaway sa halip na lumaban sa eryang sakop nito. Magtatagumpay lamang ang unti-unting pagpakitid kung unang-una'y may pwersa ng hukbong bayan na gigipitin ang sarili. Maling ipagpalagay na ang ating mga pinakamahuhusay na karanasan at pag-aaral at maging ang mga turo ni Mao Zedong hinggil sa teorya at estratehikong linya ng digmang bayan ay mas mahina kaysa sa estratehiya ng kaaway ng digmang mabilis na tinatapos at unti-unting pagpakitid.

Tulad ng una nang nabanggit, ang kabuuang pwersang regular ng kaaway ay may kakayahang konsentrahan at kontrolin ang maliit na bahagi lamang ng kabuuang teritoryo ng Pilipinas sa isang takdang panahon. Ang mga "special operations teams" (SOTs) ng kaaway at ang pwersang paramilitar ay mga inutil na masamang kopya ng mga sandatahang yunit pampropaganda (SYP) ng BHB, ng mga lokal na pwersang gerilya at milisya dahil sila (ang unang nabanggit) ay may kontrarebolusyonaryong katangian at

naglalayong wasakin kapwa sa pamamagitan ng dahas at panlilinlang ang mga rebolusyonaryong tagumpay ng mamamayan.

Kung ihahambing sa Lambat Bitag I, ang Lambat Bitag II ay hindi gaanong gumagamit ng “special operations team” para sa operasyong psywar “para kabigin ang puso’t isipan” ng mamamayan sa antas ng baryo. Ang higit na ginagamit ay pambobomba, mga operasyon ng pagkakait ng base at ng paghanap at pagdurog upang maghasik ng lagim sa buo-buong komunidad at pwersahing lumikas sila mula sa mga lugar na pinaniniwalaan nilang mga muog ng hukbong bayan. Ito’y palatandaan ng pagiging desperado ng kaaway sa halip na pag-unlad ng taktika.

Kaalinsabay nito, habang sinisikap na lipulin ang hukbong bayan pangunahin sa pamamagitan ng madudugong kampanyang panunupil sa ilalim ng patakarang total war, si Heneral Ramos ay naglatag ng kumpletong hanay ng mga taktikang psywar sa pambansang antas sa pagtatangkang lansagin ang rebolusyonaryong pwersa. Si Heneral Ramos ay may makakamit lamang kung hindi tayo alerto at maagap sa pagkontra sa mga ganitong taktika.

## Mga Taktikang Psywar ng Rehimeng US-Ramos

Ginawa niyang “ligal” ang Partido Komunista sa pamamagitan ng pagpapawalang-bisa sa Batas Laban sa Subersyon (R.A.1700) para himukin ang mga rebolusyonaryo na lumitaw at lumapit sa reaksyunaryong gubyerno ayon sa kanyang mga kondisyon. Ngunit pinanatili niya ang lahat ng mapanupil na mga batas para gamitin laban sa mga nananatilingg tapat sa armadong rebolusyonaryong kilusan.

Nilampasan pa niya si Aquino sa pagpapanggap na katig sa pakikipag-usap pangkapayapaan sa rebolusyonaryong pwersa sa pamamagitan ng Pambansang Nagkakaisang Prente (NDF). Sa isang pangyayaring katumbas ng mutwal na pagkilala bilang magkabilang panig na nakikidigma (“belligerents”), ang mga kinatawan ng rehimeng Ramos at ng NDF ay kapwa pumirma

ng pinagkaisahang deklarasyon sa Hague, Netherlands at ang kanilang mga pangunahing kinatawan (Heneral Ramos ng GRP at Manuel Romero ng NDF) ay kapwa sumang-ayon sa deklarasyon.

Nasa sa isip ng mga eksperto sa psywar ng rehimeng Ramos ang negosasyong pangkapayapaan at kasunduan sa El Salvador bilang modelo para lusawin ang Bagong Hukbong Bayan. Nakahanda lamang magpatuloy ang rehimen sa panimulang pag-uusap o maging sa negosasyong pangkapayapaan kung ang bawat hakbang na gagawin dito ay pangungunahan ng mga bentahe sa ibang mga hakbang na nakatutok sa pagpapahina, pagwasak, at paglipol sa BHB.

Isa sa mga mayor na pakana ng rehimen ay ang paggamit sa National Unification Commission (NUC) sa pagbubuo ng istruktura ng teritoryal at sektoral na konsultasyon sa pagitan ng mga kinatawan ng reaksyunaryong gubyerno, simbahan, negosyo, mga may-ari ng lupa, di-pampamahalaang organisasyon (NGOs), at iba pang sektor. Ang layunin ay lumikha ng klima ng “kapayapaan” para ipalaganap ang linya ng rehimen sa pasipikasyon, siraan at ihiwalay ang rebolusyonaryong pwersa at ilako ang mga dating panis na pag-aalok ng amnestiya at rehabilitasyon na ginawa na noon pang panahon ni Marcos. Ang NUC ay walang iba kundi ang pagpanumbalik ng nabigong dating pakana ng “peace and order councils” ni Heneral Ramos sa ilalim ng Oplan Mamamayan.

May ilang organisasyon, na kontrolado o pinondohan ng mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno at mga dayuhang ahensyang pampinansya, ang nagkukuwaring “ikatlong pwersa” at nagsusumikap na itulak ang mga ligal na progresibong organisasyon na palitan ang kanilang Kaliwang pusisyon ng “nyutral na pusisyon” sa paglalabas ng panawagan kapwa sa reaksyunaryong gubyerno at sa NDF na mag-usap mula sa maling batayan na ang magkabilang panig ay kapwa responsable sa karahasang

nakapipinsala sa mamamayan. Ang mga upisyal ng reaksyunaryong gubyerno, mga konserbatibong institusyon at mga kinatawan ng mapagsamantalang uri ay nagpapanggap bilang bahagi ng "ikatlong panig" at nagpoposturang nagsasalita para sa mamamayan.

Ang rehimeng US-Ramos ay gumagawa rin ng napakaambisyoso at nakaririmarim na tipo ng psywar laban sa rebolusyonaryong pwersa. Ilang taksil (na dati'y mataas ang pusisyon sa kilusang progresibo) ang umaaktong mga papet kundi man mga tahasang bayaran sa pakanang psywar na ito sa paglalathala at pagpapakalat sa publiko ng mga pahayag na pinalalabas na galing sa mga tapat na kasapi ng Partido at kahit maging sa mga aktibong upisyal ng Partido. Nagsisilbi sila sa kaaway sa pamamagitan ng pagpapahayag sa publiko ng pagsalungat nila sa Komite Sentral, ika-sampung Plenum, kilusang pagwawasto, anti-rebisyunistang linya, estratehikong linya ng digmang bayan, at sa demokratikong sentralismo.

Ang kanilang mga pahayag ay komprehensibong umaatake sa mga prinsipyo, patakaran at linya ng Partido at umaalipusta sa Komite Sentral ng Partido. Sinimulan nilang ikalat sa publiko ang kanilang mga pahayag noong huling bahagi ng 1991 at pinarami ang produksyon at pamamahagi nito noong 1992. Ang mga taksil ay ginagamit ng mga ahensyang paniktik ng kaaway sa walang saysay na pagtatangkang hatiin ang rebolusyonaryong kilusan, para kumuha ng impormasyon sa kilusang lihim at gaing pain para bitagin ang mga kasapi ng Partido sa kilusang lihim.

Kaugnay ng mga pakanang anti-PKP at anti-BHB ay ang pagsisikap ng rehimeng Ramos na makipagkasundo sa mga paksyong anti-Ramos sa loob ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas at ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas, kabilang na ang maka-Marcos na Soldiers of the Filipino People (SFP), ang maka-Enrileng Rebolusyonaryong Alyansa ng mga Makabayan (RAM) at ang relatibong independyenteng Young Officers Union (YOU) kasama ang kanilang mga kilalang ligal na personahe sa pulitika o mga kinatawan nila.

Ang rehimeng Ramos ay may atas mula sa Estados Unidos (lalo na sa Kagawaran ng Estado at Pentagon) para pagkasunduin at pagkaisahin ang mga paksyon sa militar at sa pambansang pulisya para ang kontrarebolusyonaryong prente ay mapagkaisa laban sa rebolusyonaryong pwersa. Ngunit ang mga paksyunal na alitan ay nananatiling malalim. Ang mga paksyong anti-Ramos sa militar ay naggugumiit na ang kanilang mga kasapi na hindi pa nakakaabot sa obligadong pagreretiro ay hindi lang dapat bayaran o bigyan ng pensyon ngunit dapat ay manatili sa serbisyong militar na may mas mataas na ranggo. Maaaring maabot ang ilang kasunduan. Ngunit ito ay magiging mabuway dahil sa tumitinding krisis.

Sa pagsusumikap na palitawing walang pagtatanging inaasikaso ang usapin ng mga detenidong pulitikal, ang rehimeng Ramos ay nagpalaya ng ilang maka-Kaliwang detenidong pulitikal batay sa karapatan nilang magpyansa ngunit nagpalaya ng mas maraming detenidong militar na kabilang sa paksyong anti-Ramos. Ang rehimen ay sinikal na nagbibingi-bingihan sa kahilingan ng mamamayan, ng mga organisasyon ng karapatang pantao at ng kinatawan ng NDF sa panimulang pag-uusap para sa pagpapalaya ng ilang daang detenidong pulitikal.

Sa kabila ng lahat ng pakanang nyutralisahin ang armado at di-armadong kalaban sa pulitika at konsolidahin ang kanyang pusisyon, ang naghaharing pangkatin ni Ramos ay lalo lamang magpapalala sa sosyo-ekonomikong krisis sa pamamagitan ng pagpatupad ng mga patakarang idinikta ng among dayuhan at ng mga lokal na reaksyunaryo. Ang naghaharing pangkatin, kung gayon, ay lumilikha ng mas matinding krisis pampulitika sa loob ng sistema at nagtutulak sa mamamayan sa armadong rebolusyon.

Batid ni Heneral Ramos ang kawalang lunas at lala ng krisis at ang determinasyon ng rebolusyonaryong pwersa sa pagpupunyagi sa matagalang digmang bayan. Kung kaya, siya ay naghahanda para sa pagpapanumbalik ng pasistang diktadurang tipong-Marcos sa ilalim ng pagkukunwaring amyendahan ang Konstitusyon at palitan ang porma ng

gubyerno, mula presidensyal tungo sa parlamentaryo. Ang lahat ng kasalukuyang pakanang psywar at pagsusumikap ni Ramos na nyutralisahin at wasakin ang malawak na opusisyon ay sinadya para ihanda sa pagbabalik ng lantarang awtokrasiya at awtoritaryanismo.

### Ang Lumalalang Krisis ng Naghaharing Sistema

Ang agraryo, di-pa-industriyalisado at malapyudal na katangian ng ekonomiyang Pilipino ay patuloy na lumalalim at lumalala. Ang mga multinasyunal na kompanya at bangko ng US, Japan at Europa at ang mga lokal na reaksyunaryong uri ng malaking komprador at panginoong maylupa ay patuloy na walang-awang sumisipsip sa pang-ekonomyang buhay ng sambayanang Pilipino sa porma ng malakihang tubo mula sa lokal at panlabas na kalakalan at mula sa manupakturang umaasa sa pag-aangkat at lalong higit pa sa porma ng pagbabayad utang.

Mula 1986 hanggang 1991, ang Pilipinas ay nagbayad ng US$29.3 bilyon sa dayuhang pinagkakautangan, halagang kasinlaki na ng kabuuang naipong pagkakautang, at tumanggap ng kabuuang pasok ng mga bagong utang na umaabot sa US$17.7 bilyon. Kung gayon, ang netong lumabas na mga rekurso ay US$11.5 bilyon. Ang kabuuang utang na US$29 bilyon ay namantini pangunahin lamang dahil sa lokal na malakihang pampublikong pangungutang para takpan ang tumataas na depisit at ipambili ng perang dayuhan para ipambayad ng utang panlabas.

May pagbagsak sa produksyong agrikultural at industriyal, imprastruktura at sa batayang serbisyo. Ang perang dayuhan na kinakailangan sa pag-angkat ng mga makina, panggatong at iba pang kalakal ay patuloy na lumiliit. At ang utang panlabas na kailangan sa pagtatakip sa pagtaas ng depisit ay humihigpit rin. Ang dagdag na pampublikong pangungutang sa loob at labas ay nagpapalala ng implasyon.

Ang kita mula sa pagluluwas ng hilaw na materyales (agrikultural at mineral) at ang muling pagluluwas ng mga

kalakal na may mababang-halagang nadagdag ay patuloy na lumiliit dahil sa matagal nang sumasamang kasunduan sa kalakal at sa umiiral na tunguhing resesyon sa pandaigdigang sistemang kapitalista. Mula 1986 hanggang 1991, ang US$5.8 bilyon (o halos US$1 bilyon bawat taon) kabuuang kita mula sa pagluluwas ng kontratang paggawa ay nakabawas-bawas sa paglabas ng rekurso at naging mas malaki pa sa US$4.4 bilyon na kabuuang aktwal na pumasok sa ipinagyayabang na upisyal na tulong pagpapaunlad mula sa Japan, US at Europa. Sa kalagayang may resesyon sa buong mundo, kahit ang pagluluwas ng kontratang paggawa ay maaaring maapektuhan nang matindi.

Ang pagbabayad sa utang ay patuloy na kumakain ng hanggang 40 porsiyento ng badyet ng Pilipinas. Ito ay lalo pang lalaki kapag binalikat na ng gubyerno ang P300 bilyong naipong pagkakautang ng Bangko Sentral. Ang badyet para sa militar, pulisya at pwersang paramilitar at ang para sa paniktik, kontrapaniktik at mga ahensyang pang-psywar ay pinalaki. Sa paglulunsad ng mga operasyong militar, maging ang mga rekurso ng mga ahensyang sibilyan ay pwersahang ginagamit ng militar. Ang pondo para sa pagtatayo ng imprastraktura, edukasyong pampubliko, serbisyong pangkalusugan, pabahay at pampublikong pasilidad ay lumiliit.

Ang mga upisyal ng lokal na gubyerno ay pinapayagan ngayong magpataw ng buwis sa mamamayan at gugulin ang salapi ayon sa kanilang mga sariling desisyon sa malawak na saklaw. Ito'y tumutulong pa sa pagpapahigpit ng pagsakal ng sentral na reaksyunaryong gubyerno sa malawak na masa ng sambayanan. Ang pangungurakot sa burukrasya ng sentral at lokal na antas ay iskandalosong lumalala.

Ang sambayanan ay nagdurusa mula sa natipong kawalan ng trabaho na humigit-kumulang sa 50 porsiyento. Sa kabuuang lakas paggawa na 27.5 milyon, 3.6 milyon ay inaaming ganap na walang trabaho at humigit-kumulang sa 8 milyon ay walang sapat na trabaho. Ngunit mula sa

kabuuang may trabaho, 45.4 porsiyento lamang ang mga sahurang manggagawa. Ang mga may sariling empleyo, (own account workers) at di-binabayarang manggagawang myembro ng pamilya ay ibinibilang sa may trabaho sa kabila ng katotohanang sa pangkalahatang takbo ay walang regular at sapat na kita para sa isang disenteng pamumuhay. Ang higit na nakararami sa mga di-sapat ang trabaho sa katunayan ay walang trabaho.

Dagdag pa sa mataas na tantos ng kawalan ng trabaho ay ang umaalagwang tantos ng implasyon na nagpapaliit sa tunay na kita ng mga may trabaho at nagpapatindi ng kahirapan ng mga walang trabaho at di-sapat ang trabaho. Ang mga istadistika ng reaksyunaryong rehimen ay sinasadyang magpakita ng mas mababang tantos ng implasyon sa pamamagitan ng pagmanipula ng mga parametro tulad ng taon ng pinagbatayan at ng basket ng mga batayang kalakal (basket of basic goods). Ang gastos sa pamumuhay sa tantya'y P214 bawat araw para sa pamilyang anim na tao ngunit ang naisabatas na minimum na pasahod (na sadyang nilalabag ng mga nagpapatrabaho para sa sariling pakinabang) ay P84.50 hanggang P106.70 sa sektor ng agrikultura at P118 sa sektor ng industriya.

Otsenta porsyento o 47 milyon ng mamamayan ay nabubuhay nang mas mababa sa linya ng karalitaan (poverty line). Ang tunay na halaga ng kita ng naghihikahos na masa ng manggagawa at magsasaka at ng mga panggitnang saray panlipunan ay patuloy na bumababa. Kaalinsabay nito ang kakapusan sa mga pangangailangan dahil sa pagbagsak ng produksyon. Ang kalidad ng pamumuhay ay patuloy na bumabagsak dahil sa malawakang kahirapan, madalas na biglang paglitaw ng nakakahawang mga sakit, kakulangan ng serbisyong pangkalusugan, pagbagsak ng sistema ng edukasyong pampubliko, pagkasira ng kapaligiran at ang pagbagsak ng batayang pasilidad sa kalunsuran, kasama na ang kakapusan ng tubig at madalas na pagkawala ng kuryente.

Ang mga imperyalista at ang kanilang ahenteng malaking kumprador-panginoong maylupa ay patuloy na sumisira ng ating kapaligiran sa iba't ibang paraan. Ang nakababahala sa kasalukuyan ay ang tantos ng pagkawala ng ating kagubatan, na umaabot sa 200,000 hektarya bawat taon. Sa ganitong tantos, ang natitirang kagubatan na 987,000 hektarya ay inaasahang mawala sa loob ng 5 taon. Ang pagpapalitan ng baha at tagtuyot, pagka-agnas ng lupa, pagkawasak ng watershed(pinagmumulan ng tubig), pagkawala ng sari-saring buhay na mga bagay, at ang pagkamatay ng 30 porsyento ng mga ilog at ang mabilis na pagliit ng huli sa pangingisda ay sumasalanta sa kabuhayan ng mamamayan.

Ngunit ang higit na nagdurusa ay ang mga biktima ng malawakang kampanyang militar ng kaaway. Sila ay nakararanas ng walang habas na pambobomba ng mga eroplano at mga panganganyon, mga operasyon ng paghanap at pagdurog, sapilitang malawakang pagpapalikas, maramihang detensyon, tortyur, masaker at asasinasyon na lampas-lampas sa kapabilidad at rekurso ng mga organisasyon sa karapatang pantao para isadokumento. Ngunit ang mga naisadokumento ng mga organisasyong ito ay nakagigimbal na. Ang malawakang paglabag sa karapatang pantao ay nakadaragdag sa masidhing nadaramang kaapihan na nagmumula sa pang-araw-araw na karahasan dulot ng pagsasamantalang pang-ekonomya. Mula 1986, mahigit isang milyong tao ang sapilitang pinalikas nang permanente o nang mahabang panahon mula sa kanilang tahanan at kabukiran dahil sa mga operasyong militar. Sa kalunsuran at kanayunan man, ang militar, pulisya, at pwersang paramilitar ay gumagamit ng walang pakundangan sa lakas ng kanilang sandata hindi lamang sa mga upisyal na kampanyang panunupil laban sa mamamayan kundi pati na rin sa di-upisyal na gawaing kriminal para sa sariling kapakinabangan. Ang mga upisyal at tauhan ay kilala sa pagkasangkot nila sa mga sindikatong kriminal na nagsasagawa ng mga pagnanakaw, kidnaping, binayarang

pagpatay, iligal na pagtotroso, pangingikil, sugal, prostitusyon at iba pang uri ng kriminalidad. Ang tunguhing mawasak ang mga pwersang militar, pulisya, at paramilitar ay hindi lang dahil sa banggaan sa pagitan ng bawat serbisyo at paksyunalismong pulitikal kundi bunga na rin sa paglaganap ng nagtutunggaling grupong kriminal sa hanay nila.

**Magpunyagi sa Landas ng Armadong Pakikibaka**

Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay wasto sa paglulunsad at pagpupunyagi sa landas ng armadong rebolusyon. Isang kahihiyan at kapahamakan kung may pagdadalawang-isip sa ganitong landas. Walang ibang paraan ang sambayanang Pilipino para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya sa sarili mula sa di-matitiis na lumalalang sistema ng karahasan at pagsasamantala kundi ang ibagsak ito at itayo ang bagong sistemang panlipunan sa ilalim ng pamumuno ng proletaryado at nang may ganap na partisipasyon ang mamamayan, lalo na ang naghihirap na masa ng manggagawa at magsasaka.

Ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ang pangunahing anyo ng pakikibaka dahil sa winawasak nito ang reaksyunaryong estado at ipinapatupad ang pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika, na kung wala nito ang proletaryado at ang sambayanan ay hindi makapaglulunsad ng rebolusyong panlipunan. May mga nagsasabing hindi na kailangan ang armadong pakikibaka dahil ang kasunduan ng base militar sa US ay natapos na. Ngunit ang pang-aapi at ang pagsasamantala sa sambayanang Pilipino ng Estados Unidos at iba pang imperyalista ay nagpapatuloy.

Ang Estados Unidos — sa mas maliit na gastos— ay patuloy sa pagdirehe, pagkontrol, pagsuplay at paggamit ng reaksyunaryong sandatahang lakas ng Pilipinas at sa tuwirang paggamit sa mga pasilidad militar ng Pilipinas. Dagdag pa, sa ilalim ng panunulsol ng US at pagdadahilan sa tagapamayapang papel ng U.N., ang agresibong kapabilidad ng Japan ay pinalaki. May kabuuang pakana ang Estados Unidos at Japan na supilin ang mga rebolusyonaryong armadong kilusan ng mamamayan sa Timog Silangang Asya.

Ang ating armadong pakikibaka ay nakapaloob sa balangkas ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Dahil kailangang ilunsad ito sa kanayunan sa mahabang panahon sa hanay ng nakararaming magsasaka ng sambayanan, dapat nitong panghawakan ang linyang antipyudal at isanib ito sa reporma sa lupa at pagtatayo ng baseng masa (mga organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika).

Walumpung porsyento ng masang magsasaka ay walang sariling lupa. Ang rehimeng US-Ramos ay sinikal hinggil sa problema sa lupa kaya ni hindi na ito nagpapanggap tungkol dito, di tulad ng mga nakaraang rehimeng Marcos at Aquino na gumawa ng mga pagkukunwari at hungkag na pangako sa paglutas ng problema sa lupa. Ang rehimeng Ramos ay tahimik hanggang ngayon hinggil sa usapin ng reporma sa lupa.

Dapat buuin ng Partido ang saligang alyansa ng manggagawa at magsasaka. Dapat itong umasa pangunahin sa maralitang magsasaka, mababang panggitnang magsasaka at manggagawang bukid; kabigin ang panggitnang magsasaka; nyutralisahin ang mayamang magsasaka; at samantalahin ang pagkakahati sa pagitan ng mulat at despotikong panginoong maylupa para ihiwalay at wasakin ang kapangyarihan ng huli.

Ang minimum na programa ng reporma sa lupa ay kinakailangang ipatupad nang malawakan bilang pangkalahatang linya. Kabilang dito ang pagbawas ng upa sa lupa, tantos ng interes at bayad sa irigasyon, mga hayop at kagamitang pansakahan; pagtataas ng sahod ng mga manggagawang bukid; pagtataas ng presyo ng produktong pansakahan para sa kapakinabangan ng mga magsasaka; at pagtataas ng produksyon ng agrikultura at pandagdag na hanapbuhay mula sa sariling pagsisikap at mga panimulang anyo ng kooperasyon. Daig ng programang ito ang mga hungkag na pangako ng pamamahagi ng lupa ng bawat reaksyunaryong rehimen.

Ang maksimum na programa sa reporma sa lupa na kumpiskasyon ng lupa at ang libreng pamamahagi nito sa mga magsasakang nagbubungkal, ay magagawa lamang laban sa mga despotikong panginoong maylupa at mangangamkam ng

lupa at kung saan ang hukbong bayan at ang rebolusyonaryong pwersa ay malakas na para ipatupad ang ganitong reporma sa lupa sa makatarungan at produktibong paraan at biguin ang marahas na reaksyon ng kaaway. Sa maraming lugar, dapat kilalanin at samantalahin ang pagkakaiba ng mga maliit, panggitna, at malaking panginoong maylupa gayundin ang mulat at despotikong panginoong maylupa at iwasang magkaisa ang buong uri ng panginoong maylupa laban sa rebolusyon.

## Ang Digmang Bayan at ang Bagong Hukbong Bayan

Sa paglulunsad ng armadong pakikibaka, ang Bagong Hukbong Bayan ay nararapat sumunod sa absolutong pamumuno ng Partido at ipatupad ang teorya at estratehikong linya ng digmang bayan, ang pagkubkob ng kalunsuran mula sa kanayunan at magtipon ng lakas hanggang uubra nang agawin ang kalunsuran. Ang kongkretong porma ng digmang bayan sa yugtong ito ng estratehikong depensiba ay ang malawakan at masinsing pakikidigmang gerilya nang may patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa. Ang kabuuang pagliit ng baseng masa dahil sa ugnayan ng patakarang “total war” ng kaaway at ng malalang kamalian ng militarismo ay kailangang maagap at pursigidong lutasin.

Maaring sabihin kahit ngayon na ang kasalukuyang lakas tauhan ng BHB na may matataas na kalibreng baril ay katumbas ng ilampung kompanya o di kukulangin sa dalawampung batalyon o ilang regimente o brigada. Posible ring itala sila nang gayon. Pero hindi natin dapat kalimutan na tayo’y naglulunsad ng pakikidigmang gerilya at kailangang magtalaga ng pwersa ayon dito.

Ang kasalukuyang armadong lakas ng BHB ay maaaring sumaklaw sa mga baryo ng 500 munisipalidad mula sa kabuuang 1500 sa buong Pilipinas, kung ang pwersa ng BHB ay nakadispusisyon nang tama. Sa pagsisikap na magpalawak at magkonsolida ng mga larangang gerilya, ang isang maliit o pangkaraniwang larangang gerilya o mga distrito ng malalaking larangang gerilya ay maaring magkaroon ng kabuuang lakas ng isang kompanya ng mga Pulang mandirigma. Ngunit ang

panghimpilang platun ng pwersang ito ay dapat na relatibong konsentrado bilang sentro de grabidad at ang mga iskwad sa ibang platun ay kailangang nakakalat para sa gawaing masa, na ang bawat iskwad ay may kakayahang kontrolin at impluwensiyahan ang mga baryo ng isang munisipalidad bilang sonang gerilya, laluna't may suporta ng mga milisya at mga yunit sa depensa ng mga organisasyong masa, ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika at lokal na sangay ng Partido.

Sa antas ng komand na mas mataas sa larangang gerilya, tulad ng rehiyon, inter-rehiyon, at sentral na antas, ang sentro de grabidad ay maaring laking kompanya o mas higit pa, depende sa antas ng pag-unlad ng digmang bayan. Ngunit kinakailangang ito'y nasa relatibong konsentrasyon, sa loob ng kinakailangang saklaw na nagpapahintulot sa kanilang gumanap ng iba't ibang gawain, makaiwas maging pabigat sa lohistika ngunit may kakayahang magtipon o umugnay sa isa't-isa para sa mga opensiba at iba pang konsentradong operasyon.

Ang BHB ay dapat umiwas sa pagpapakitid sa sarili. Hindi ito dapat magkonsentra ng 50 porsyento o higit pang pwersa sa iilang absolutong konsentradong kompanya o batalyon at sa gayo'y bawasan nang malaki ang bilang ng mga iskwad ng lokal na gerilya at sandatahang yunit pampropagandang para sa gawaing masa. Kung patuloy na walang lumalawak at konsolidadong baseng masa, ang mga malalaking di-masustining pormasyon ay magiging abala sa lohistikal na pangangailangan at sa kalauna'y mahuhulog sa pagiging pasibo at pagkahiwalay at malalaking kabiguan kahit matapos ang isang panahon ng matatagumpay na opensibang militar.

Ang Partido at ang BHB ay umaasa sa suporta ng sambayanan sa pamamagitan ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika, organisasyong masa, mga lokal na sangay ng Partido, milisya, at mga yunit pandepensa ng mga organisasyong masa. Kailangang bigyang diin na upang

matugunan ang mga pangangailangan sa lohistika, ang BHB ay nararapat umasa pangunahin sa ambag ng mamamayan sa anyo ng porsyento mula sa mga benepisyong natamo mula sa reporma sa lupa at iba pang pakinabang ng rebolusyonaryong kilusan, produksyon ng at para sa hukbong bayan, buwis mula sa mga mulat na panginoong maylupa at negosyante at kumpiskasyon mula sa kaaway.

Ang sentral na pamunuan ng Partido at ang pambansang komand ng BHB ay kinakailangang gumawa ng realokasyon ng mga surplas mula sa isang rehiyon tungo sa ibang rehiyon na nangangailangan at mula sa mga konsolidadong lugar tungo sa mga lugar na pinapalawakan. Mali at nakalilito na magsagawa ng mga ispesyal na operasyon na may katangiang di katanggap-tanggap sa pulitika at gumawa ng mga planong nakaasa sa tulong materyal mula sa mataas na antas ng Partido o ng hukbong bayan o mula sa pinagkukunan sa ibang bansa, lalo na sa kasalukuyang kalagayang internasyunal.

Sa kasalukuyang antas ng armadong lakas, ang BHB ay may kapabilidad na pagsanibin ang pwersang may iba't ibang laki (maliliit na pangkat, iskwad, platun, kumpanya, at kahit batalyon) sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba. Ang komand ng larangang gerilya o komand ng distrito ng mas malalaking larangang gerilya ay dapat magplano at magsagawa ng opensibang laking-platun o pinalaking platun; at ang komand ng rehiyon o malalaking larangang gerilya, ng mga opensiba at kampanyang laking kompanya. Ang Komite Sentral ng Partido, ang Komisyong Militar at ang pambansang pamatnugutan sa operasyon ng BHB ay dapat gabayan ng linya ng sentralisadong pamumuno at desentralisadong operasyon ngunit kailangang gumawa ng mga gabay at plano para sa digmang bayan at para sa wastong pagtatalaga at paglilipat ng pwersa sa pana-panahon sa buong bansa at sa mga mayor na larangan ng labanan.

Ang mga "Kaliwang" oportunista ay nangarap na ang ganap na tagumpay ay posible kahit hindi pinauunlad ang

digmang bayan at hukbong bayan nang yugto-yugto sa pamamagitan ng mabilisang pagbubuo ng malalaking pormasyong militar at/o maghangad ng armadong insureksyon sa kalunsuran. Ngunit nariyan din ang mga Kanang oportunista na minamaliit ang matagalang digmang bayan, na maling itinatapat ang ligal na pakikibaka bilang pakikibakang pampulitika at ang armadong pakikibaka bilang “di-pulitikal” o bilang lantay- militar at nagkakalat ng maling linya tulad ng ang buong rebolusyonaryong kilusan ay napag-iwanan na (relatibo sa karerang daga sa loob ng naghaharing sistema) dahil sa armadong pakikibaka; na ang mga mamamayan ay pagod na sa kanilang armadong pakipaglaban sa kontrarrebolusyonaryong dahas ng mga mapanupil at mapagsamantala; at wala ng pag-asa dahil sa pandaigdigang kalagayan noong 1989-1991.

Hinggil sa tunggalian sa pagitan ng rebolusyon at kontrarebolusyon, ang rebolusyonaryong pwersa at ang sambayanan sa pamumuno ng Partido ay nasa sentro ng larangang pampulitika dahil na nga sa kanilang armadong pakikibaka. Kung wala ang hukbong bayan, wala kahit ano ang mamamayan. Kung isusuko ng rebolusyonaryong pwersa ang armadong pakikibaka, talagang magiging kasing walang kabuluhan sila sa loob ng naghaharing sistema tulad ng mga nagpapanggap na mga rebolusyonaryo ngunit naghahangad na isuko ng mga rebolusyonaryo ang armadong pakikibaka o di-makita ang kahalagahan ng pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika at ang pagpapatupad ng rebolusyong panlipunan.

Ang mga tagumpay ng kilusang rebolusyonaryo ay nasusukat sa pamamagitan ng pagbubuo ng Partido, ng hukbong bayan, ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at organisasyong masa. Kailanman ay hindi natin inisip na sukatin ang tagumpay sa pamamagitan ng pagtatanong kung nakuha na ba natin ang palasyong pampanguluhan sa Maynila at kung ilang pusisyon mayroon tayo sa mga tanggapang tagapagpaganap, lehislatura, at sa mga korte ng reaksyunaryong gubyerno. Sa kabilang banda,

tayo ay nagtatayo ng mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika saanman natin kaya upang sirain ang galamay ng reaksyunaryong estado at sa kalaunan, agawin ang kapangyarihan sa mga kalunsuran.

## Ang Ugnayan sa Pagitan ng Armado at Ligal na Anyo ng Pakikibaka

Dapat may paglilinaw ng ugnayan sa pagitan ng armado at ligal na anyo ng pakikibaka at sa iba't-ibang anyo ng ligal na pakikibaka. Ang armado at ligal o di-armadong anyo ng pakikibaka ay kapwa mga anyo ng pampulitikang pakikibaka. Madalas na wastong sinasabi na ang digmaan ay karugtong ng pampulitikang pakikibaka sa ibang pamamaraan. Ang Bagong Hukbong Bayan at ang digmang bayan ay pampulitikang sandata ng mamamayan at may sariling rebolusyonaryong pampulitikang katangian.

Relatibo sa armadong pakikibaka, ang mga ligal na anyo ng pakikibaka ay segundaryo dahil sa kanyang sarili o sa pangunahin ay hindi nito kayang ipatupad ang pag-agaw ng proletaryado at mamamayan sa kapangyarihang pampulitika. Ang ganap na tagumpay sa armadong pakikibaka ay kailangan para sa rebolusyong panlipunan. Ngunit ang mga ligal na anyo ng pakikibaka ay mahalaga at lubhang kailangan para sa pag-unlad ng armadong rebolusyon. Ang mga ito'y may natatanging katangian at natatanging papel na gagampanan. Ang mga ito ay depensiba sa harap ng nakararaming pwersa ng pulisya at militar ngunit nakaukol sa paghimok ng malaking bilang ng mamamayan na labanan ang kaaway.

May mga konkretong anyo ng ligal na pakikibaka. Ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang pangmasang edukasyon, pag-organisa ng masa, mobilisasyon ng masa na karaniwang ginagawa ayon sa pambansang demokratikong programa at dramatikong nakikita sa mga welga, demonstrasyon, martsa, at iba pang anyo ng magkakaugnay na aksyong masa sa mga maiinit na isyung makauri, sektoral, at multisektoral. Ang mga unyon ng manggagawa, mga komunidad ng maralitang taga-lunsod, at organisasyong masa ng mga estudyante at iba pang

kabataan, kababaihan, guro at iba pang propesyunal at iba pang sektor ay kailangang mapalawak at makonsolida sa araw-araw sa pamamagitan ng masikhay na paggawa.

Isa pang anyo ng ligal na pakikibaka ay ang pagpapaunlad ng ilang tauhan at bahagi ng establisimyento (mga konserbatibong organisasyon at institusyon) upang gumawa ng makabayan at progresibong paninindigan sa mga isyu at sa gayo'y bumabasag, pumaparalisa, at naglalansag mula sa loob sa naghaharing sistema kakumbina ng mga pwersang rebolusyonaryo at progresibo mula sa labas. Ang Partido ay nagtagumpay sa pagpapaunlad ng progresibong mga praksyon sa loob ng reaksyunaryong pamahalaan, mga simbahan, organisasyon ng mga negosyante, reaksyunaryong unyon sa paggawa at iba pa.

Isa pang anyo ng ligal na pakikibaka ay ang pakikibakang elektoral, na ginaganap tuwing maka-ilang taon. Sa ngayon, hindi pa ito nagbubunga ng mga resultang katumbas ng ating baseng masa at nasa antas na mas mababa pa kaysa sa mga naunang nabanggit na mga anyo ng ligal na pakikibaka. Ang pakikibakang elektoral ay dinisenyo ng mga pulitiko ng mga reaksyunaryong uri upang lumikha ng ilusyon ng demokrasya at ipwera ang mga tunay na mga kinatawan ng mamamayan, lalo na ang masang anakpawis, sa kapangyarihang pampulitika. Ngunit ang mga ligal na demokratikong pwersa ay dapat lumahok sa pakikibakang elektoral upang ipalaganap ang pambansang demokratikong linya at sikaping ilagay at paunlarin ang mga progresibong elemento sa reaksyunaryong gubyerno.

Ang isa pang anyo ng ligal na pakikibaka ay ang ginagawang pagtatanggol sa ligal at pulitika sa mga kasama at alyadong inaresto at ikinulong at dumaranas ng iba't-ibang anyo ng pag-uusig ng kaaway. Ang mga nadakip at ikinulong ng kaaway ay may mas limitadong inisyatiba kaysa noong wala sila sa kamay ng kaaway. Subalit sa paglulunsad ng pakikibakang kakayanin, hindi lang sila lumalaban para sa kanilang sarili kundi nagiging inspirasyon ng mamamayang nasa labas ng kulungan para mas matatag na lumaban. Ang mga martir at mga buhay

na biktima ng pag-uusig ay makakapagsilbing inspirasyon ng buong sambayanan upang higit na labanan ang pang-aapi.

Ang panimulang pag-uusap na naganap sa pagitan ng rehimeng Ramos at NDF ay kailangang banggitin dito bilang isa pang anyo ng ligal na pakikibaka. Ang usapan ay hindi pa umuunlad sa antas ng isang pormal na bilateral na usapang pangkapayapaan. Sa pamamagitan ng pag-uusap na ito, ang iligal na pwersang tulad ng NDF ay maaring magtagumpay sa ligal na pagpapalaganap ng pambansang demokratikong linya bilang linya para sa makatarungan at matagalang kapayapaan at para matamo ang internasyunal na pagkilala sa kanyang katayuan ng pakikidigma (status of belligerency). Subalit kailangang mag-ingat tayo laban sa panganib na magkaroon ng maling signal sa rebolusyonaryong pwersa, at lumabas na ang kaaway ay madaling kausapin at makalikha ng maling ilusyon sa mamamayan. Ang rebolusyonaryong pwersa ay dapat laging handang umurong sa panimulang pag-uusap o bilateral na usapang pangkapayapaan kung ito'y makakapagpahina sa halip na makapagpalakas sa rebolusyonaryong pwersa.

Dapat bigyan ng mga ligal na progresibong organisasyon ng pinakamataas na prayoridad ang kanilang sariling pampulitikang edukasyon, ang pagpapalakas ng kanilang organisasyon at kampanyang masa. Maari nilang ipalaganap ang pambansang demokratikong programa saanman sa larangang ligal. Subalit ang ganitong programa ay hindi dapat ekslusibo o pangunahing ibuhos sa alinmang paligsahan sa eleksyong burges, sa pag-impluwensya sa anumang institusyon o sangay ng reaksyunaryong pamahalaan o sa balangkas ng negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng NDF at ng reaksyunaryong pamahalaan. Dapat panghawakan ng mga rebolusyonaryong kadre sa ligal na demokratikong kilusan ang tamang relasyon at koordinasyon sa pagitan ng armado at ligal na anyo ng pakikibaka, gayundin sa pagitan ng iba't ibang anyo ng ligal na pakikibaka.

Pinalalaki ng mga Kanang oportunista ang kahalagahan ng lahat ng anyo ng ligal na pakikibaka o kaya'y pumipili ng isa

sa mga ito at pinalalaki ang kahalagahan at inilalagay ang ligal na pakikibaka na mas mataas kaysa armadong pakikibaka. Isang paraan na nag-iiba ng mga rebolusyonaryo sa mga repormista ay ang kanilang pamamaraan ng ebalwasyon at pag-uugnay ng armado at ligal na mga anyo ng pakikibaka.

Ang repormismo ay nagiging lantad na lantad kung itinatatwa nito ang pangangailangan sa armadong rebolusyon sa Pilipinas ngayon. Sa kabilang banda, "Kaliwang" oportunismo ang itatwa ang pangangailangan at kahalagahan ng ligal na kilusang demokratiko at pagpapakalulong sa armadong pakikibaka hanggang dumating sa punto na hindi na makita ang wastong ugnayan at koordinasyon ng armadong pakikibaka at ng ligal na demokratikong kilusan.

Ang mga hindi makakilala at makaunawa sa malaking kahalagahan ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at organisasyong masa na itinatayo sa kanayunan sa takbo ng digmang bayan ay maaring makaramdam ng pagkabigo sa matagal nang panahon ng armadong rkqebolusyon. Ang mga taong ito ay karaniwang natatangay ng kaisipang peti-burges na ang tagumpay ng armadong rebolusyon ay masusukat lamang kung gaano kalaking kapangyarihang pampulitika ang ating natamo na sa kalunsuran.

Syempre, ang huling bahagi ng armadong rebolusyon ay ang pag-agaw sa mga kalunsuran. Ngunit maaring tayo ay lalong malayo sa layuning ito kung tayo'y mahuhulog sa "Kaliwang" oportunismo o kung hahayaan nating ang Kanang oportunismo ay sansalain ang armadong rebolusyon. Kailangan nating paunlarin ang digmang bayan sa kasalukuyan nitong yugto ng estratehikong depensiba, mag-ipon ng lakas at batay dito'y makasusulong tayo sa susunod na yugto.

**III. Salubungin ang Bagong Panahon ng Rebolusyonaryong Pakikibaka sa Buong Daigdig**

Di nagtagal matapos ang pagsasaya ng Estados Unidos at iba pang mayor na industriyalisadong kapitalistang bansa sa pagbagsak ng "sosyalismo" (sa katunaya'y burukratang

kapitalismo na nagpapanggap na sosyalismo), ang pandaigdigang sistemang kapitalista ay kitang-kitang tinamaan ng walang kasintinding krisis ng sobrang produksyon. Lumalaki ang imbak ng sari-saring klase ng produktong industriyal at agrikultural na hindi maibenta nang may pakinabang. May epidemya ng pagkabangkrap. At ang mga monopolyong nananaig ay natutulak na gawin ang mga bagay na mismong nagpapalala sa krisis.

Sa pagtatangkang pataasin ang tantos ng kanilang tubo at pag-ibayuhin ang produktidibidad at kakayahan sa kompetisyon sa pamamagitan ng higit pang paggamit ng mataas na teknolohiya, pinatatalsik sa trabaho ng mga monopolyong empresa hindi lamang ang malaking bilang ng manggagawang sahuran kundi maging ng papalaki nang papalaking bahagi ng mga empleyadong swelduhan (na ang hanay ay pinalaki sa mga nakaraang dekada ng mataas na teknolohiya at neo-kolonyalismo). Patuloy na isinasapribado ang mga linya ng serbisyong publiko (mga kagamitang publiko at mga batayang serbisyo) upang ang monopolyong burgesya ay makapagpalaki ng tubo at makapagbawas sa bilang at sahod ng mga empleyado sa serbisyong publiko.

Ang resulta, sumusuray ang lahat ng bansang kapitalista bunga ng matagal na tunguhing resesyunaryo. Sa katunayan, nagsimula nang maramdaman ang ilang kundisyon ng depresyon, kung titingnan na ang tantos ng paglaki ng produksyon (na mababa pa sa 2 porsiyento) ay kaakibat ng lalo pang pagliit ng empleyo at lalo pang paglobo ng kwenta ng serbisyo at mga sektor na industriyang militar. Mataas ang umiiral na tantos ng disempleyo sa karamihan ng mga abanteng kapitalistang bansang industriyalisado, lalo na kung makikita natin ang nasa likod ng mga sinalamangkang istatistiks.

## Ang Nakaraan ng Kasalukuyang Pandaigdig na Krisis ng Kapitalismo

Sapul ng pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pagkaraan ng ilang dekada ng walang kapantay at relatibong walang humpay na pagpapalawak ng kapital sa buong daigdig, lalo na sa pamamagitan ng neokolonyal na paggamit ng kapital sa pinansya, ang Estados Unidos at iba pang pangunahing kapangyarigang

kapitalista ay napapaligiran ngayon ng karagatan ng utang na di-mabayaran at ng nagigipit na mga bansang atrasado at di-gaanong industriyalisado. Ang dayuhang utang ng mga bansa sa ikatlong daigdig at sa dating blokeng Sobyet ay humigit-kumulang sa US$1.8 trilyon (kung saan humigit-kumulang US$1.6 trilyon ang utang ng ikatlong daigdig). Ang epektibong pangangailangan sa pamilihang pandaigdig para sa mga uri ng produkto nila, na sa kalakha'y mga hilaw na materyal at ilang manupaktura, ay bumababa nang bumababa. Ang resulta para sa karamihan ng mga bansang ito ay ang depresyon sa ekonomya nila mula pa noong maagang bahagi ng mga taong 1980.

Kung kaya, ang mayor na mga kapangyarihang kapitalista ay may tendensyang umurong sa sama-samang pakana sa pandaigdig na pagpapalawak ng kapital at higit na natutulak na magkonsolida ng pusisyon sa kani-kanilang bayan at rehiyon at magkumpitensyahan. Ang karamihan sa mga industriyalisadong bansang kapitalista ay bumabaling sa pangungutang nang labis-labis para sigeng mapaandar ang kanilang ekonomya sa pamamagitan ng pagbigay ng mga kontrata at suportang pinansyal sa mga empresang monopolyo at pagsustento sa pautang sa mga mamimili. Ang ekonomya ng Estados Unidos ang tampok bilang nangungunang mangungutang nang labis. Sa kabuuang US$11 trilyong utang ng US, US$5 trilyon ang nakalista sa gubyernong pederal at mga estado — na ang kalakhan ay galing sa pondong dayuhan — at ang iba ay pagkakautang ng mga korporasyon at mamimili.

Noong mga taong 1970, ang mga industriyalisadong bansang kapitalista ay waring nakatagpo ng solusyon sa krisis ng sobrang produksyon, lalo na sa problema ng istagplasyon. Tinustusan nila ang pandaigdigang operasyon ng mga empresang monopolyo at ang pautang sa mga mamimili at mga probisyon sa kagalingang panlipunan sa loob ng kani-kanilang bansa, kaalinsabay ang bulagsak na pagpapautang — sa ilalim ng patakaran sa neo-Keynesianismong pandaigdig — sa halos lahat ng bansa ng ikatlong daigdig at mga bansa sa blokeng Sobyet at sa gayon naidispatsa ang surplas na produkto at kapital. Subalit makaraan ang isang dekada, luminaw na ang mga mangungutang sa ibayong-dagat ay hindi na

makakabayad ng utang dahil sa sobrang konsumo, lalong pagkasira ng kanilang ekonomya at pagsahol pa ng mga kundisyon sa kalakalan. Patuloy na tumaas ang presy ng mga import habang patuloy na bumababa ang presyo ng mga eksport nilang hilaw na materyales at produktong agrikultura. At dahil sa mga pag-abante sa teknolohiya, nagawa din ng mga industriyal na bansang kapitalista na humanap ng kapalit ng inaangkat na hilaw na materyales o di kaya'y lumikha ng mas maraming produkto mula sa mas kaunting kantidad ng mga ito.

Noong mga taong 1980, ang Estados Unidos ay humigop ng pondong dayuhan sa pamamagitan ng patakaran nito sa mataas na tantos ng interes. Sa gayon, sa pamamagitan ng patakaran sa pinansya, artipisyal na napanatili nito ang sarili bilang nag-iisang pinakamalaking bayang pamilihan ng mga produktong pangkonsumo mula Kanlurang Europa at Japan at mga ekonomiyang bagong industriyalisado o nakasalig sa eksport (tulad ng mga tigreng ekonomya ng Asia at ilang bansa sa Amerika Latina). Sumige rin ito sa paspas na paggastos sa pagpapalakas militar na gumagamit ng mataas na teknolohiya at pinahina, sa gayon, ang baseng manupaktura ng US para sa mga eksport. Ang Estados Unidos ang naging pinakamalaking gastador nang sobra sa kinikita at pinakamalaking mangungutang sa daigdig at nabulid ito sa pagdausdos sa industriya.

Kahit may pagbabago mula neo-Keynesianismo tungong monetarismo at mas mahigpit na paghingi ng pribatisasyon at pagtitipid para sa ikatlong daigdig, ang pandaigdig na sistemang kapitalista sa mando ng Group of Seven at pangangasiwa ng IMF at World Bank, ay nakahatak pa rin sa mga pinakamalaki at huling posibleng kliyente: China, Unyong Sobyet at India, sa ganoong pagkakasunod-sunod. Sa kabila ng estratehikong pagkatalo ng US sa digmaang Vietnam at estratehikong pagpatas ng Unyong Sobyet — sa ilalim ni Brezhnev — sa Estados Unidos sa mataas na teknolohiyang produksyong militar noong nakalipas na dekada, ang alyansang kapitalista na pinamumunuan ng

US ay naging matagumpay sa neokolonyal na disposisyon ng kapital sa ikatlong daigdig at Silangang Europa para ibuyo ang mga pinakamalaki at huling posibleng kliyente sa pagsang-ayon sa ganap nilang integrasyon sa pandaigdig na sistemang kapitalista.

Ang tuloy-tuloy na internal na paglakas ng monopolyong burukratang kapitalismo sa Unyong Sobyet at mga bansa sa Silangang Europa mula pa 1956 ay naghanda para sa kanilang lubos na pagpaloob sa pandaigdig na sistemang kapitalista. Ang Kanlurang Germany ay naging susi sa pag-engganyo sa kanila habang ginagamit ng Estados Unidos ang Cold War para panatilihing maliit ang kabuuan ng mga pagbibigay sa ekonomya na natatanggap ng Unyong Sobyet mula sa Kanluran. Noong mga taong 1970, ang mga bansa sa blokeng Sobyet sa Silangang Europa ay napailalim sa neokolonyal na kontrol hindi lamang ng Unyong Sobyet kundi pati na rin ng Kanluran. Nakapaloob sa neokolonyalismong Sobyet at Kanluran ang pagbebenta ng mga pangangailangan sa napakataas na presyo at paghuthot sa kabuhayan ng mamamayan sa pamamagitan ng pautang. Noong panahon ni Gorbachov, ang Unyong Sobyet mismo ay pasok na pasok na sa lambat ng pandaigdig na sistemang kapitalista. Noon paman, ang Unyong Sobyet ay namamalimos na ng dayuhang salapi na pambayad sa mga import na kailangang-kailangan at sa pagseserbisyo sa mga utang, lalo na mula Kanlurang Germany.

Higit nang malinaw ngayon kaysa dati na mayroong mga magkakasabay at magkakaugnay na pangyayari mula 1989. Lubhang nakabibigla at dramatiko ang pampulitikang pagkawasak ng mga naghaharing partidong rebisyunista at ang pagguho ng Unyong Sobyet kaya natakpan at hind nakita ng marami na ang sosyo-ekonomikong krisis ng monopolyong burukratang kapitalismo sa Silangang Europa at dating Unyong Sobyet ay bahagi ng pandaigdig na krisis ng sobrang produksyon na humagupit sa mga pinakamalaking ekonomiyang kapitalista.

Simula 1989, lubhang epektibo ang naging paggamit ng monopolyong burgesya sa midyang hightech at, sa pakikipagsabwatan ng petiburgesyang hindi nagpapanibagong-hubog at nakabig na nila, nakapagsagawa sila ng opensibang pang-ideolohiya laban sa teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo at palitawing sosyalismo at Stalinismo ang burukratang kapitalismo. Ang mga anti-sosyalistang ideya ng malaking burgesya at petiburgesya ay itinatanghal na mga bagong ideyang superyor sa Marxismo-Leninismo. Kahit ang mga wala o kakarampot ang pag-unawa sa teorya at praktika ng Marxismo - Leninismo ay nag-aastang makapagpapaliwanag sa mga pangyayari sa Silangang Europa at Unyong Sobyet noong 1989-1991 sa pamamagitan ng simpleng pagtukoy na si Stalin ang pangunahing responsable sa mga iyon sa halip na ang proseso ng pagbabalik muli ng kapitalismo mula pa noong 1956.

Noon ding 1992, malubhang tinamaan ng krisis ng sobrang produksyon ang mga industriyalisadong bansang kapitalista kaya't ang kanilang pagdiriwang ng tagumpay ay agad na nauwi sa lumbay matapos lamang ang pagguho ng Unyong Sobyet. Sa dating Unyong Sobyet at Silangang Europa, ang monopolyong burukratang burges at ang ilang pribilehiyadong pribadong mamumuhunan ay nagpatuloy sa pagsasamantala sa mamamayan pagkaraang tanggalin ang karatulang "sosyalista". Ang malawak na masa ng sambayanan, kasama ang petiburgesya, ay nagdurusa sa mala-impiyernong kalagayan sa ekonomya na mas masahol pa kaysa dati.

## Ang Estratehikong Pagbulusok ng US at ang Pagsisikap na Papihitin Ito

Ang estratehikong pagbulusok ng US ay bunga ng sobrang pagkonsumo at sobrang gastos militar. Makakasulong ang Estados Unidos sa seryosong pagsisikap na baligtarin ang pagbulusok na ito sa pamamagitan lamang ng dagdag na pamiminsala sa sariling mamamayan at pagbawas sa mga akomodasyon na dating ibinibigay sa kanyang mga industriyalistang alyadong kapitalista. Ang Estados Unidos ay kailangang maglaan ng mas malaking pondo para sa sariling

monopolyong burgesya upang maging mas produktibo at mas makasabay sa kompetisyon ang kanyang mga industriya. Subalit magagawa lamang ito sa kapinsalaan ng ng sambayanang Amerikano na ngayo'y biglaang nababawasan ng hanapbuhay bunga ng mas pinabilis pang paglipat sa mataas na teknolohiya. Ang mga bansang may mataas na surplas sa pakikipagkalakalan sa US ay nahaharap sa plano ng US na bawasan ang nasabing surplas.

Hangga't inilalaan sa kapakinabangan ng monopolyong burgesya ang mga rekurso ng US, pahihirapan ng pagsasamantala ang mamamayang Amekino. Ang kasaganaan ng US ng nakalipas na dekada ay nagbunga ng ibayong paghihirap ng mamamayan. Ang istrukturang panlipunan ng US ay nagpapakita ng pagkagahaman ng monopolyong burgesya na pumipinsala sa malaking mayorya ng mamamayan. Ang pinakamayaman sa monopolyong burgesya o ang nasa tuktok na isang porsiyento ng populasyon ay kumokontrol sa mas malaking kayamanan kaysa sa nasa ilalim na 90 porsiyento; at tuwirangg nagmamay-ari ng 46 porsiyento ng kayamanan. Ang nasa itaas na 20 porsiyento ng populasyon ay kumokontrol sa 100 porsiyento ng sapi sa mga korporasyon.

Sa kabilang banda, 50 porsiyento ng mamamayan ang walang kayamanan o di kaya'y may utang. Sitenta porsiyento ang walang perang natitira matapos magbayad para sa mga batayang pangangailangan (pabahay, pagkain, mga kagamitan at iba pa). Pitumpu't limang milyong mamamayan (mas malaki pa sa kabuuang populasyon ng Pilipinas) ang nabubuhay sa miserableng kalagayan. Pitumpung (70) porsiyento nito ay mga puti at ang tatlumpung (30) porsiyento ay di-puti.

Labis na lumala ang krisis sa ekonomya ng US kung kaya nabigong muling mahalal si Bush sa kabila ng kanyang pagtatangkang ipakilala ang sarili bilang sagisag ng tagumpay sa Cold War at gyera sa Gulpo. Ang resesyon, disempleyo, ang napakatagibang na istruktura ng kita, litaw na

paghihikahos, ang patuloy na lumalaking depisit sa kalakalan at badyet, ang dambuhalang utang, ang di-makabwelong opensiba sa kalakalan at ang pagsama ng kalidad ng pamumuhay (kasama na ang kawalan ng tirahan, di maayos-ayos na batayang imprastruktura, pagkabulok ng mga syudad, polusyon at kriminalidad) ay pawang nakasira sa reeleksyon ni Bush.

Ang bagong-halal na pangulong si Clinton ay nakinabang sa protestang boto. Nangako siyang pasisiglahin ang ekonomya at lilikha ng mas maraming trabaho, itataas ang produktibidad at kakayahang makipagkumpitensya ng industriya sa pamamagitan ng mataas na teknolohiya, aasikasuhin ang mga suliraning panlipunan sa sariling bansa, magtatayo ng mga imprastruktura, magbibigay ng batayang serbisyong panlipunan, magbabawas ng gastusing militar, at sisingil ng buwis sa mga kompanyang US sa ibang bansa.

Kung susubukin tuparin ni Clinton ang kanyang mga naipangako, ang mamamayang Amerikano ay maghihirap sa dagdag na pagsasamantala at disempleyo. Tinitiyak lamang niya sa monopolyong burgesya ng US ang dagdag na oportunidad na magkamal ng tubo at hindi pwedeng asahang babahaginan dito ang sambayanang Amerikano. Sa kabila ng lahat ng musmos na liberal na satsat na hihilahin ni Clinton nang paloob ang Estados Unidos, ang katangian ng imperyalismong US ay nagtatalaga sa mnopolyong burgesya na patindihin ang pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan sa ibang lupain, ipasa ang krisis ng kapitalismong US sa ibang bansa, at patindihin ang kontradiksyon sa ibang industriyal na bansang kapitalista.

**1. Mga Kontradiksyon ng US sa Kanlurang Europa**

May lumalaking kontradiksyong pang-ekonomya sa pagitan ng US at Kanlurang Europa. Kabilang dito ngayon ang mga usapin sa pamumuhunan, kalakalan, salapi at mga problema sa pautang sa relasyon ng dalawang panig, sa Kanlurang Europa, sa Silangang Europa at sa dating Unyong Sobyet, at sa iba pang bahagi ng mundo.

Matapos ang lahat ng papuri sa pagsasanib sa ekonomya, ang European Community (Kanlurang Europa) ay nasa kalagayan ng kaguluhang pang-ekonomya at panlipunan dahil sa pandaigdig na kapitalistang krisis ng sobrang produksyon. Iniinda ang resesyon, mataas na tantos ng disempleyo, mga kabawasan sa gastos sa serbisyong panlipunan, at presyur ng implasyon.

May mga tensyon sa pagitan ng mga myembro ng EEC bilang resulta ng mga usapin hinggil sa soberanya, kaguluhan sa salapi, mataas na tantos ng interes ng Germany, ang matagal nang Uruguay Round ng GATT, ang pagtatakda ng papel sa ekonomya ng mga myembro ng EEC, mga usapin hinggil sa mayor at menor na kasapi ng komunidad, at ang usapin sa paghahati ng mga pakinabang sa Unyong Sobyet at Silangang Europa.

Ang Germany ay ang higante sa ekonomya na nasa ubod ng pinag-isang ekonomya ng Europa. Ito ay inaasahang tatanggi sa makabuluhang kabawasan sa inaangkat ng US na sobrang kalakal ng Germany. Kaalinsabay, ito ang pangunahing nagsasamantala sa Silangang Europa at dating Unyong Sobyet. Ginagamit nito ang bahaging Czech ng Czechoslovakia (na pinaghihiwalay na ngayon) bilang sentro ng komersyo at manupaktura sa pagsasamantala sa pamilihan ng konsumo sa Silangang Europa. Ito ay nagbubuhos din ng pamumuhunan sa Rusya sa pagtatangkang makuha ang malaki at pinakapiling bahagi sa pagsamatala sa likas na kayamanan at pamilihan ng konsumo doon.

Ang Estados Unidos ay patuloy na naghahangad na mabawasan ang kanyang gastusing militar, lalo na sa labas ng bansa, at mapahati sa gastusing militar ang mga bansang kaalyado niya sa Kanlurang Europa. Kung kaya, naririyan ang mga oportunidad para sa muling pagbabalik ng nasyunalismo at militarismong German sa pamamagitan ng mga kaayusang intermedya, tulad ng pagtatayo ng pwersang Europeo, na sa simula ay pwersang German-French sa pamamahala ng Kumperensya sa Seguridad at Kooperasyon sa Europa. Subalit

kasabay nito, gustong panatilihin ng Estados Unidos ang pangkalahatang komand at kontrol sa pamamagitan ng NATO.

### 2. Ang Kontradiksyon ng US sa Japan at ang Kalagayan sa Silangang Asya

Papatindi ang iringan ng Estados Unidos at Japan sa masaklaw na hanay ng mga isyu sa ekonomya. Lumalaki ang sama ng loob ng US kaugnay ng mga akomodasyon sa Japan sa pamumuhunan at kalakalan sa pamilihang US at sa di-umano'y hindi nito pagganti sa utang na loob sa pagtanggi nitong ibukas ang kanyang pamilihang lokal. Kayang takutin ng Estados Unidos ang Japan dahil ang huli ay nakaasa sa una sa mga kasunduan sa teknolohiya at pagpasok sa mga pamilihan at mga pinagmumulan ng panggatong at ibang hilaw na materyales na nasa ilalim ng hegemonya sa pulitika at manipulasyong ekonomiko ng US. Nais din ng US na ibigay ng Japan sa mga kalakal ng US ang mas malaking bahagi ng pamilihan sa Silangang Asya at sa iba pang lugar at maging dependyente ito sa pag-angkat ng bigas at iba pang pagkain sa US.

Hinikayat ng Estados Unidos ang Japan na makihati sa gastusing militar, magdagdag sa kanyang lakas at gastusing militar, bumili ng kagamitang militar ng US na mataas ang teknolohiya at magpalakas ng kanyang agresibong kakayahan. Kung kaya, ang nasyunalismo at militarismong Hapones ay muling binuhay sa ilalim ng islogan ng panrehiyong seguridad ng Silangang Asya at pangangalaga ng UN sa kapayapaan. Ang tropang Hapones ay nakadisposisyon sa umpisa bilang pwersang panseguridad sa Cambodia. Ngunit nag-iingat ang Estados Unidos sa lakas sa ekonomya ng Japan at sa kasalukuya pusisyon nito bilang numero unong mamumuhunan at tagapagpautang sa Silangang Asya, sa kakayahan nitong gumawa ng sariling armas na mataas ang teknolohiya at magparami ng kopya ng mga binili sa Estados Unidos at sa malaking potensyal nito bilang karibal sa Silangang Asya sa lahat ng larangan.

Ang mga kontradiksyon sa pagitan ng Estados Unidos at Japan ay malamang na tumindi ngayong dekada dahil ang

bawat isa — sa pagsisikap na makalunas sa mga problema — ay sadyang gagawin ito sa kapinsalaan ng kabila. Isang halimbawa, dahil sa mga malalang problema sa ekonomya ang Japan ay lalong natutulak na igiit ang sariling kagustuhan sa Silangang Asya, sang-ayon man o hindi ang Estados Unidos.

Ang ekonomiyang bula ng Japan ay sumambulat na. Biglang bumagsak ang tantos ng tubo sa lahat ng mayor na linya ng produksyon. Mahina ang benta ng mga produktong pangkonsumo at mabilis na lumalaki ang mga imbentaryo. Kapansin-pansin nang labis na binanat ng mga bangkong Hapon ang sarili sa ispekulasyon. Sa loob ng taong ito bumaba ng 50 porsiyento ang kabuuang halaga ng mga sapi. Ang mga pagkabangkrap ay tumutungo sa higit pang konsentrasyon ng monopolyong kapital.

Isipin natin ang mga posibilidad para sa mga ekonomya ng Silangang Asya na nakinabang sa dating akomodasyon sa pamilihang US kapag nagtagumpay ang US na makabuluhang mapasigla ang kanyang produksyon ng produktong makakalakal, sa pagkokonsolida ng pamilihang US at ng North American Free Trade Association (NAFTA) at sa pagsusulong ng opensiba sa kalakalan sa mas malawak na saklaw.

Ang ekonomiyang Hapones, na pabulusok na ay makakaranas ng lalo pang mga pagkayanig. Ang tinatawag na mga tigreng ekonomya ng Asya, kabilang na ang mga probinsya ng Guandong at Fujian sa China, ay makakaranas ng malalang problema sa ekonomya. Ang kaguluhang panlipunan ay malamang na sumambulat sa maraming bansa ng Silangang Asya. Gayunpaman, ang China sa ilang panahon ay maaring magpatupad ng mga panlipunang pagsasaayos na internal at pakikipag-ayusang panlabas sa mga bansa ng Silangang Asya at mga dating republikang Sobyet bilang paghahanda sa higit na pagtatangka ng US na magkonsolida at magsagawa ng opensiba sa ekonomya.

May presyur ang Estados Unidos sa China na unti-unting paangkupin ang sistema sa pulitika ng China sa pag-unlad ng kapitalismo sa ekonomya at lipunang Tsino. Ayon nga sa mga

gumagawa ng patakaran sa Washington, ang China ay dapat "gumalang sa mga karapatang-tao" o di kaya'y magdusa ng mga kahihinatnang tulad ng pagbawi ng katayuang "most-favored-nation," dagdag na paghihigpit sa kalakalan, dagdag na pagbebenta ng kagamitang militar sa Taiwan at iba pa. Iginigiit nila na ang liberalisasyon ng ekonomiyang Tsino ay dapat sabayan ng liberalisasyon ng sistemang pampulitika ng China.

Gayunpaman, ang China ay mabilis na matutulad sa dating Unyong Sobyet at Silangang Europa sa katapusang yugto ng pagbabalik muli ng kapitalismo kung tatalikdan nito ang sinumpaang apat na prinsipyong kardinal. Kaya ang China ay umaasa sa mas malapit na ugnay sa Japan at iba pang kanugnog na bansa upang kontrahin ang mga banta at panggigipit ng US. Kung titimbangin, ang Estados Unidos ay hindi masyadong naggigiit dahil nangangamba ang mga tagaplano ng istratehiya nito sa masamang ibubunga ng kaguluhang pampulitika sa China. Mas nais nila ang mapayapang ebolusyon mula sosyalismo tungong kapitalismo, kagaya ng inasahan ni John Foster Dulles at napatunayan sa mga bansa sa blokeng Sobyet sapul ng 1956.

### 3. Ang China at Ibang Di-Gaanong-Maunlad na mga Ekonomiyang Industriyal

Sa Silangan Asya, ang China ay malaking banta bilang ikatlong salik sa lumalaking kontradiksyon sa pagitan ng Estados Unidos at Japan. Anuman ang kanyang piliing katangiang sosyal, ang China ay may base sa industriya at malaking base ng likas na kayamanan at siyang pinakamalaking pamilihan sa buong mundo. Ito ay nakapasok sa ekonomya ng Estados Unidos, Japan, Silangang Asya, Kanlurang Europa, mga republika ng Sentral Asya, Rusya, Ukraine, at sa buong Silangang Europa.

Maliban sa China, may mga malaking bansa o ekonomya sa mundo na ang base sa industriya ay hindi gaanong maunlad kung ihahambing sa mga mayor na kapangyarihang kapitalista. Ang mga ito ay ang India, Rusya, Ukraine, Brazil at Timog Korea. Lahat ng nasabing bansa o ekonomya ay nanganganib sa panghihina ng industriya at kompradorisasyon habang tumitindi ang kompetisyong ekonomiko sa pagitan ng mga mayor

na industriyalisadong bansang kapitalista. Maaaring ang burgesyang industriyal ng mga ekonomiyang hindi gaanong industriyalisado ay higit pang makaunlad o di kaya, magpapatuloy ang panlipunang pagkabulok at sa kalauna'y sasabog ang mga kaguluhang panlipunan.

Ang mga monopolyong burukratang kapitalista ng dating Unyong Sobyet at Silangang Europa ay nahahati ngayon sa dalawang nagtutunggaliang paksyon, ang isa ay para sa muling pagbuhay sa mga industriya at ang isa ay para sa yugto-yugtong pagsasara ng ito at kompradorisasyon ng ekonomya. Ang pagpapanumbalik at pag-unlad ng base sa industriya ay pinipigilan ng pangkalahatan patakaran ng mga mayor na kapangyarihang kapitalista na itambak ang kanilang sobrang kalakal, tipirin ang kanilang kapital at bilhin lamang ang mga ari-ariang pinakamapagtutubuan, bukod pa sa mga lokal na salik na tulad ng walang pakundangang burukratang pangungurakot, lalo pang paghihikahos ng mamamayan at ang kasalatan ng pribadong kapital at kasanayan sa pagnenegosyo.

Ang mga monopolyong burukratang kapitalista ay napipilitang sustentuhan ang mga makalumang empresa ng estado o di kaya'y isara ang mga ito. Laganap ang paghihikahos at lumalaki ang kaguluhan sa lipunan. Ito'y nag-uudyok sa nasyunalismo, alitang etniko, digmaang sibil, at pasismong militar. Kaalinsabay, may mga palatandaan ng lumalakas na mga pwersang rebolusyonaryo. May mga panawagan para sa rebolusyong panlipunan.

Sa kabila ng ilang dekada ng pagpapanggap ng monopolyo burukratang kapitalismo bilang sosyalismo, sa paraang lubhang salungat sa kapakanan ng proletaryado at sambayanan sa mga bansa ng dating blokeng Sobyet, ang pamanang istorikal at teoretikal nina Lenin at Stalin ay patuloy na hindi matutuyuang bukal na mapagkukunan ng lakas sa ideolohiya at pulitika ng proletaryado at sambayanan habang lumulubha ang mga kalagayang panlipunan. Sa napakaikling panahon, nasira ang reputasyon ng mga kapitalista at mga huwad na demokrata sa mga bansa ng dating blokeng Sobyet.

Nasusuklam ang malawak na masa ng sambayanan sa mga monopolyong burukratang burgesya at sa mga pribadong negosyanteng pinapaburan at nagpupuyos sila sa kanilang karukhaan.

**Apat na Mayor na Kontradiksyon at Panlipunang Ligalig**

Ang neokolonyal na pagkakadispusisyon ng kapital sa pinansya, sa ilalim ng islogan sa kaunlaran, ay lalong pumilipit sa mga ekonomya ng mga kliyenteng estado at mas nagpahirap sa mga mamamayan. Ang bahaging 75 porsiyento (ang mamamayan ng ikatlong daigdig) ng populasyon sa mundo sa pandaigdigang GNP ay 23 porsyento noong mga taong 1980 at bumaba sa 19 porsyento sa mga taong 1990. Ito ay karalitaang lumulubha sa ikatlong daigdig. Sa pagdarahop ng mamamayan sa mga bansang nasa dating blokeng Sobyet, 80 porsiyento ng populasyon ng mundo ay nabubuhay ngayon sa karalitaan at kahirapan dahil sa pang-aapi at pagsasamantala.

Sadyang imposible na ang mga naghihirap at pinagsasamantalahang mamamayan ay papayag na magdusa na lamang sa patuloy na lumalalang krisis nang hindi lumalaban. Sa bagong panahon ng rebolusyonaryong pakikibaka sa daigdig, may ilang suhetibong pwersa ng rebolusyon na pagsisimulan na. Ang mga mamamayan mismo ay gusto ng panlipunang rebolusyon sa harap ng lumalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

May ilang elemento na nakalilimot na ang pandaigdigang sistemang kapitalista ay nasa krisis at ang mga aping mamamayan ay tiyak na lalaban. Ang mga elementong ito ay mga taong nasilaw at nalito sa integrasyon ng halos lahat ng bansa sa pandaigdigang sistemang kapitalista, sa disintegrasyon ng rebisyunistang naghaharing partido at rehimen, sa pagbagsak ng Unyong Sobyet, sa pagkatalo ng superpower sa militar na ito sa cold war, sa paggamit ng mataas na teknolohiyang lakas militar ng US sa digmaan sa Gulpo at sa walang patawad na kampanya ng US na ihiwalay at lansagin ang mga sistemang panlipunan sa Cuba at North Korea.

Tingnan natin nang komprehensibo ang daigdig. Ang pre-industriyal at atrasadong mga bansa at ang ibang mga bansang may baseng industriyal sa ikatlong daigdig at mga bansang nasa dating blokeng Sobyet ay nasa depresyon sa mahaba nang panahon. Ang mga bansang ito ay nauna ng naisanib sa pandaigdigang sistemang kapitalista at hindi kumita ng sapat na salaping pambayad ng mga suplay at utang mula sa mga industriyalisadong kapitalistang bansa. Hindi sila tumubo sa pandaigdigang pamilihan sa pagbebenta ng mga hilaw na materyales at kalakal na sobra ang kanilang produksyon. Kung kaya, bumagsak sila sa depresyon. At ang depresyong ito ay bumubwelta ngayon mismo sa mga pangunahing industriyalisadong kapitalistang bansa.

**Sa ngayon, ang daigdig ay winawarat ng apat na mayor na kontradiksyon. Ang mga ito ay:**

Una, ang kontradiksyon sa pagitan ng mga pangunahing industriyalisadong kapitalistang lakas at ang neo-kolonyal na mga kliyenteng estado sa isang banda at ang proletaryado at mamamayan sa isang banda sa mga di-maunlad at mga bansang kontrolado ng burukrata-kapitalista;

Ang ikalawa ay ang kontradiksyon sa pagitan ng mga pangunahing kapitalistang kapangyarihan na nakapagkonsolida bilang tatlong pinakamakapangyarihang sentro ng kapitalismo, ang Estados Unidos, Kanlurang Europa at Japan;

Ang ikatlo ay ang kontradiksyon sa lahat ng industriyalisadong kapitalistang bansa sa pagitan ng monopolyong burgesya sa isang banda at ng proletaryado at mamamayan; at

Ang ikaapat ay ang kontradiksyon sa pagitan ng mga pangunahing industriyalisadong kapitalistang kapangyarihan at ang di-gaanong industriyalisadong kapitalistang bansa, kabilang na ang mga pinamumunuan ng mga burukratang kapitalistang rehimen.

Ang nabanggit na mga kontradiksyon ay umiiral nang sabay-sabay sa bilis na idinidikta ng paglala ng krisis sa sobrang produksyon, na pinabibilis pa ng aplikasyon ng mataas na

teknolohiya. Ang kaguluhan at mga radikal na pagbabagong panlipunan ay maaring maganap sa loob ng pambansang hangganan ngunit sa lawak na napakasaklaw na kiapapalooban ng ilang bansa at ilang kontinente nang sabay-sabay at sa gayo'y walang isang kapitalistang kapangyarihan o grupo ng mga kapitalistang kapangyarihan ang maaring makapigil sa rebolusyong panlipunan sa lahat ng mga bansang nasabi.

Sa digmang agresyon laban sa Iraq noong 1991, hindi nakayanan ng Estados Unidos na balikatin ang gastos sa gyera at kinailangang pagsama-samahin ang rekurso sa pinansya ng ilang bansa. Mula noon, ang maramihang polarisasyon at kontradiksyon sa pagitan ng mga pangunahing kapitalistang kapangyarihan ay nagpatuloy pa. Sa mga susunod na taon, ang mga kontradiksyon ay malamang na lilitaw sa pagitan ng mga pangunahing kapitalistang kapangyarihan tungkol sa hatian sa gastos at paghahati-hati sa mga napanalunan sa komon na agresibong aksyon laban sa ibang bansa.

Mula ng bumagsak ang Unyong Sobyet, na siyang tiyak na marka ng pagwawakas ng cold war, ang antas ng karahasang pampulitika ay tumaas. Ang mga dating republikang Sobyet, Yugoslavia at ibang bansa sa Silangang Europa ay naging larangan ng armadong alitang etniko at gyerang sibil. Ang mga limitasyon sa kapasidad ng mga pangunahing kapitalistang kapangyarihan sa interbensyong militar ay lumilitaw, kahit na sila pa ang nang-upat ng karahasan.

Ang mga pangunahing kapitalistang kapangyarihan ay nagtalaga ng mga tropa sa ibang bansa sa ngalan ng pangangalaga sa kapayapaan ng UN at ayudang humanitaryan. Ang ilan sa mga pinakahuling interbensyon ay sa Cambodia, Croatia, Bosnia, at Somalia. Sa bilis ng paglitaw at pagtuloy ng mga gyerang sibil, ang atensyon at rekurso ng mga pangunahing kapitalistang kapangyarihan at ng United Nations ay banat na banat na.

Ang "demokratisasyong" burgis (paglalagay ng prenteng sibilyang opisyal at paglalagay ng militar sa likuran nila para pagsilbihan ang parehong mapagsamantalang mga uri) na

itinulak ng administrasyong Reagan sa Latina Amerika at sa Pilipinas noong 1980s ay banat na banat na nang patuloy na lumalalang krisis`sa ekonomya at lipunan. Sa ipinakita ng mga kudeta sa Haiti, Peru at sa ibang bansa, may tunguhing ibalik ang lantarang paghaharing awtoritaryan at paghaharing hunta-militar. Sinusulsulan nito ang mga mamamayan sa armadong rebolusyon.

Ang "mapayapang resolusyon ng rehiyunal na armadong tunggalian" na pinalaganap ng Estados Unidos at ng Unyong Sobyet sa Iraq at Iran, Sentrong Asya (lalo na sa Afghanistan), Katimugang Africa (lalo na sa Timog Africa at Angola), Sentrong Amerika (lalo na sa Nicaragua at El Salvador) at Indochina (lalo na sa Cambodia) ay nasa malubhang pagkabanat o kundiman ay wasak na. Ang armadong tunggalian ay nagpatuloy, muling inilunsad o di kaya ay malamang na sumiklab sa mga lugar na ito.

Mayroong mga matagal ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya, tulad ng sa mga mamamayan ng Pilipinas, Burma, Palestina, Peru, Colombia, Guatemala, Turkey, Kurdistan, at iba pang bansa. Ang mga kondisyon para sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka ay nananatili sa maraming bansa ng ikatlong daigdig at sa dating blokeng Sobyet. Hanggat ang mga pwersang rebolusyonaryo at ang mamamayan ay determinadong maglunsad ng armadong rebolusyon, wala kahit isang kapitalistang kapangyarihan o kumbinasyon ng kapitalistang kapangyarihan ang maaring magpahinto o makatalo sa kanila.

Ang matagal nang depresyon at mga hakbang sa pagtitipid na idinikta ng IMF at World Bank sa ikatlong daigdig ay nagbunga ng panlipunang ligalig. Ang mga kilos protesta ng organisadong masa ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang mamamayan ay dumarami, sa kabila ng mga brutal na pagtatangka ng mga reaksyunaryong estado na supilin ang mga ito. Mayroon ding mga ispontanyong aksyon ang mga naghihirap na masa tulad ng rayot sa pagkain at mga reyd sa tindahan at bodega sa ilang sukdulang mahihirap na bansa.

May mga siklo ng kudeta, gyerang sibil at alitang etniko na nagresulta mula sa krisis sa ekonomya at lipunan sa ikatlong daigdig at sa mga bansang nasa dating blokeng Sobyet. Ang mga ito'y nagaganap sa papalawak na saklaw at maaring makaengganyo sa pagbugso ng mga rebolusyonaryong kilusan sa tamang panahon.

Ang Estados Unidos at ang kapitalistang alyansang pinamumunuan ng US ay nagpataw ng blokeyo sa ekonomya at paulit-ulit na nagbanta ng agresyon sa ilang bansa, tulad ng Cuba, North Korea, Libya, Iraq at Yugoslavia. Sinasalag ng mga bansang ito ang mga banta at agresibong aksyon ng US at iba pang imperyalista sa pamamagitan ng paggigiit sa kanilang pambansang soberanya, pagmomobilisa sa kanilang mamamayan at sa pagsasamantala sa mga lamat ng litaw na nag-iisang superpower na pagdodomina ng Estados Unidos sa buong mundo.

Sa mga sentro ng kapitalismong industriyal ay nagaganap ang mga welga ng mangagagawa sa buo-buong industriya. Kanilang tinututulan ang malawakang pagtatanggal sa trabaho, ang pagpigil sa pagtataas ng sahod at iba pang anyo ng pagsasamantala. Mayroon ding malalaki at malawakang aksyong masa at iba pang anyo ng paglaban sa kalupitan ng mga pwersa ng estado, sa paglaganap ng rasismo at neopasismo at imperyalistang panghihimasok at agresyon.

Sa Estados Unidos, nagkaroon na ng mga popular na pagtutol laban sa kahirapan, gutom at kawalan ng tirahan, at mga pakikibaka sa lansangan laban sa kalupitan ng pulisya sa maraming syudad. Sa mga kapitalistang bansa, lalo na sa Germany at ilang bansa sa Kanlurang Europa, ang malawak na masa ng mamamayan ay maramihang nagdedemonstrasyon laban sa pagmamalupit ng mga neopasista at rasistang grupo, na nakatuon laban sa mga dayong manggagawa mula sa ikatlong daigdig at mga refugees mula sa Silangang Europa at iba pang bahagi ng mundo.

## Paano Nakakaapekto ang Sitwasyon ng Daigdig sa Sitwasyon ng Pilipinas

Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay lumilikha ng ligalig sa malawak na saklaw. Isang kumpletong lumilipas na ilusyon ang paniniwalang ang kapitalismo ay lumikha ng bagong kaayusan ng daigdig sa pagtatapos ng cold war. Ang totoo, ang kabaligtaran nito ang nangyayari — mayroong bagong kaguluhan sa mundo. Ito'y nasa papalawak na saklaw. At ito'y maaring maging daan sa muling pagsigla ng Marxista-Leninistang mga partido at kilusang anti-imperyalista para sa rebolusyong panlipunan.

Paano ba naapektuhan ang Pilipinas ng kasalukuyang sitwasyon sa daigdig? Walang anumang ginhawa mula sa krisis bagkus ay lalong titindi ang krisis ng naghaharing sistema. Ang rehimeng US-Ramos ay hindi makakaasang makaakit ng sapat na pamumuhunang dayuhan o makahiram ng sapat na pondo para pagtakpan ang lumalaking depisit sa kalakalan at badyet, mabayaran ang nagkapatung-patong na utang, para makontento ang tropa, pulisya, at pwersang paramilitar, para ayusin ang nasirang imprastruktura at gawing isa pang "tigreng ekonomya" ang Pilipinas sa Asya.

Ang mga uri ng pamumuhunan na inaakit sa Pilipinas ay yaong tipong pampagana sa mga nagsasamantalang uri para sa labis na konsumo at ispekulasyon sa real estate. Sinisimot nito ang anumang natitira sa perang dayuhan mula sa kita sa pagluluwas matapos ang pagbabayad-utang at iligal na pag-iimbak ng dolyar sa labas. Ang antas ng pagtitipid at paghihirap para sa malawak na masa ng sambayanan ay patuloy na lumulubha.

Ang pakana ng US ay bawasan ang "ayuda sa ekonomya" at gastusing militar sa Pilipinas pero patuloy ang kanyang akses sa mga pasilidad militar at paggamit sa mga ito sa ilalim ng "US-RP military assistance and mutual defense agreements" na malaking gastos para sa kliyenteng estado. Ito'y isang swapang na pakana. Ang reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas ay lalong napupwersang kumuha mula

sa rekursong panloob para sa mga pangangailangan nito para ituloy ang patakarang total war na mismong ang Estados Unidos ang nagtulak.

Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagtitiyak ng paglala ng krisis ng naghaharing sistema. Ito'y nagpapalubha ng krisis panloob at patuloy na lumilikha ng mas paborableng kondisyon para sa armadong rebolusyon. Ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas ay maaaring hindi makakuha ng malaking tulong materyal mula sa labas sa ngayon ngunit ang mga obhetibong salik na paborable at sumusuporta sa pulitika ng ating rebolusyon ay mabilis na lumilitaw mula sa krisis at kaguluhan ng pandaigdigang sistemang kapitalista mismo at sa muling pagsigla ng kilusang anti-imperyalista sa labas ng bansa. Anut anuman, ang mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas ay hindi kailanman umasa sa materyal na tulong mula sa labas ng bansa.

Ang mga anti-imperyalistang partido, organisasyon, at kilusan na pinapaboran sa nakaraan ng naghaharing partido sa Unyong Sobyet at Silangang Europa sa panahon ng cold war ay nalalagay ngayon sa mahirap na kalagayan, nagkagulo at may nagkawatak-watak o di kaya ay naging hayagang sosyal-demokrata.

Subalit ang walang kaparis at mistulang walang katapat na paghahari ng imperyalismong US at ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nababawi ng mabilis na paglala ng krisis, ng higit na pag-unawa na ang mga mamamayan ay kayang palayain ang kanilang sarili sa paraang umasa-sa-sarili at sa pagwawaksi sa modernong rebisyunismo, monopolyong burukrata kapitalismo at sosyal imperyalismo na siyang mga pinanggagalingan ng kalituhan sa ideolohiya at pulitika. Ang landas ay napakalawak para manindigan ang mga partidong Marxista-Leninista at mga tunay na rebolusyonaryong pwersa.

## Ang Partido Komunista ng Pilipinas at Ibang Partido ng Uring Manggagawa

Sa kasalukuyan, ang Partido ng Manggagawa ng Korea at ang Partido Komunista ng Cuba ay patuloy na prominente at

masiglang tumitindig para sa anti-imperyalista at sosyalistang mithiin at walang takot na nagsasalita para sa proletaryong internasyunalismo. Ang mga Partido Komunista ng Tsina at Byetnam ay patuloy na nagsasabing tumatahak pa rin sila sa landas ng sosyalismo. Sila ay abala sa konstruksyon sa ekonomya at nagpapalaganap ng kanilang sariling ugnayang ekonomiko at pangkalakalan sa ibang bansa.

Ang Partido Komunista ng Cuba ay patuloy na nananawagan para sa sosyalismo o kamatayan, para bigyang inspirasyon ang mamamayang Kubano. Ito ay magiting na naninindigan sa pagtatanggol ng pambansang soberanya ng Cuba at nagmomobilisa sa mamamayan ng Cuba sa harap ng lumalaking banta ng imperyalismong US. Ang Partido ng Manggawa ng Korea ay nagpasimuno at nagpalanap ng Deklarasyong Pyongyang noong 1992, na nilagdaan ng ilampung partido, upang itaguyod at ipagtanggol ang kapakanan ng sosyalismo at pambansang kalayaan.

Ang pinakamalalaking partido komunista na nagtakwil sa penomenong Gorbachovista at gumawa ng kritikang may iba't ibang antas ng pagkakomprehensibo at lalim tungkol sa panunumbalik ng kapitalismo sa Unyong Sobyet at Silangang Europa antas ng lawak at lalim ay kinabibilangan ng sumusunod: Partido Komunista ng India (Marxista), Partido ng Manggagawa ng Bangladesh, Partido Komunista ng Portugal, Partido Komunista ng Greece at Partido Komunista ng France.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay isa sa mga Marxista-Leninistang partido na kumikilala sa Kaisipang Mao Zedong, hanggang sa teorya ng tuloy-tuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, pagbaka sa modernong rebisyunismo at pagsagka sa pagpapanumbalik ng kapitalismo. Ayon sa mga batayang aral nina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao kaugnay ng syentipikong sosyalismo at rebisyunismo, ang Partido ay gumawa at nagpalabas ng kritika sa mga naganap sa dating Unyong Sobyet at Silangang Europa mula 1956 hanggang 1992. Ginawa ito upang palakasin ang Marxista-Leninistang paninindigan ng kasapian ng Partido, labanan ang

nagaganap na pang-ideolohiyang opensiba ng mga imperyalista, at mag-ambag sa pandaigdigang pag-aaral sa syentipikong sosyalismo at sa rebisyunistang pagtataksil. Ito'y malugod na tinanggap ng lahat ng komunistang partido na seryosong nag-aaral sa pagkabulok at disintegrasyon ng mga namumunong partido at rehimen sa dating Unyong Sobyet at Silangang Europa.

Ang Partido ay may aktibong papel sa mga relasyong bilateral at sa multilateral na mga seminar at kumperensya (na kulang na lang na sumang-ayon sa pagbubuo ng bagong Internasyunal) para ipalaganap ang Marxista-Leninistang pag-unawa sa malaking pagbabago sa kalagayan gayon din ang mutwal na suportahan at kooperasyon. Ang layunin ay konsolidahin at palawakin ang hanay ng mga tunay na Mrxista-Leninistang partido at organisasyon at isulong ang layuning anti-imperyalista at sosyalista.

Sa kanyang pakikipag-ugnayan sa ibang partido ng uring manggagawa sa labas ng bansa, ang Partido ay ginagabayan ng pangkalahatang prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo at ng mga prinsipyo ng pambansang integridad, kalayaan, pagkakapantay-pantay, walang himasukan at mutwal na suportahan at kooperasyon. Sa paglahok nito sa malawak na anti-imperyalistang kilusan sa daigdig, nais ng Partido na maging bahagi ito ng pinakaubod ng mga proletaryong rebolusyonaryo ngunit laging handang makipagkaisa sa lahat ng anti-imperyalistang pwersa maging anuman ang pagkakaiba sa ideolohiya at kalagayang panlipunan.

Ang Partido ay may mataas na katayuan sa hanay ng mga rebolusyonaryong pwersa sa daigdig sa kasalukuyan dahil sa matatag na paghawak nito sa mga Marxista-Leninstang prinsipyo, malalim na pagkakaugat sa masang manggagawa at magsasaka at patuloy na naglulunsad ng armadong rebolusyon sa loob ng dalawampu't apat na taon sa paraang umaasa-sa-sarili.

Ang proletaryado at mamamayan ng daigdig ay pumapasok sa bagong panahon ng rebolusyonaryong pakikibaka. Ang Partido ay may batayang lakas at tiwala na umunlad mula

sa dati tungo sa bagong panahon. Ang pagdating ng bagong panahon ay kinapapalooban ng mas malawak at mas matinding krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, ng disintegrasyon ng mga rebisyunistang partido at rehimen at ng simula ng unti-unting paglakas ng mga pwersang anti-imperyalista at sosyalista sa pandaigdigang saklaw.

Inilabas ng:

Komiteng Tagapagpaganap

Komite Sentral-Partido Komunista ng Pilipinas

# PARA SA PAGDIRIWANG NG IKA-75 ANIBERSARYO NG DAKILANG SOSYALISTANG REBOLUSYONG OKTUBRE

Pahayag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas Nobyembre 7, 1992

Ipinagdiriwang ng Partido Komunista ng Pilipinas ang ika-75 anibersaryo ng Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre at inaalala ang dakilang pamana ng Leninismo, ang pagkakatatag at konsolidasyon ng unang sosyalistang estado ng mga Bolshevik at ang mga dakilang tagumpay ng proletaryado at mamamayang Sobyet sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon.

Sa diwa ng proletaryong internasyunalismo, ang Partido at ang uring manggagawang Pilipino ay nakikiisa sa mga Marxista-Leninistang partido at mga proletaryado sa buong daigdig sa pagpupugay sa araw kung kailan ginapi ng manggagawa at mamamayan ang burgesya sa Rusya at tumuloy sa mga sumunod na dekada sa pagtatayo ng isang sosyalistang lipunan, sa pag-aaral kapwa sa mga positibo at negatibong aral sa pagtatayo ng sosyalismo, sa pagkondena sa pagpapanumbalik ng kapitalismo at sa muling pagpapatibay ng ating rebolusyonaryong paninindigan na ipagpatuloy ang pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya, demokrasya at sosyalismo laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon.

## Mga Tagumpay ng at Kataksilan sa Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre

Sa ilalim ng pamumuno ng dakilang Lenin, itinaguyod ng mga Bolshevik ang rebolusyonaryong makauring pamumuno ng proletaryado at ang rebolusyonaryong esensya ng Marxismo-Leninismo hindi lamang laban sa laganap na kinamumuhiang awtokrasya ng Tsar at sa kanyang sistemang pyudal-militar na imperyo, kung hindi, mas mahalaga, laban sa mga pang-ideolohiya

at pampulitikang agos na nagsisilbi sa noo'y lumalakas na burgesyang industriyal na Ruso, laban sa klasikal na rebisyunismong namayani sa Ikalawang Internasyunal at laban sa mga monopolyo kapitalistang mabilis na nagpalawak ng kanilang kapital sa panahon ng modernong imperyalismo.

Dahil sa pagtahak sa tamang linya, naisagawa ng proletaryado ang Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre. Wala pang katulad bago nito sa kasaysayan na nasaksihan ng sangkatauhan sa napakalawak na saklaw -sa sangkaanim na bahagi ng daigdig - na ang pinagsasamantalahang uri, ang proletaryado, ay pinagkaisa at pinamunuan ang buong mamamayan na iba't iba ang nasyunalidad, inagaw ang kapangyarihang pampulitika at itinatag ang proletaryong makauring diktadura, pinangibabawan ang maraming balakid at nagtamo ng malalaking tagumpay sa rebolusyonaryong mobilisasyon, konstruksyon sa ekonomya, pag-unlad sa kultrura at pambansang depensa.

Ang Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre ay hindi lubos na maisasalarawan kung hindi isasaalang-alang na ito ay produkto ng pagkapanday sa rebolusyonaryong makauring pakikitunggali laban sa lokal na burgesya at iba pang reaksyunaryo at laban din sa mga dayuhang kapitalistang kapangyarihan. Upang maitatag ang Unyong Sobyet, ang mga Bolshevik at mamamayang Sobyet ay kailangang mangibabaw sa pagkaatrasado at mga pinsala ng Unang Digmaang Pandaigdig, digmaang sibil at digmang interbensyunista ng mga dayuhan at palagiang mga bantang imperyalista, lokal na subersyon, mga embargo at todo-todong pasistang agresyon.

Sa ilalim ng pamumuno ni Stalin, higit pang kinonsolida ng proletaryadong Sobyet at mamamayan ang proletaryong makauring diktadura laban sa burgesya, ipinundar ang matibay na sosyalistang baseng industriyal at ang kolektibisado at mekanisadong agrikultura, binigyang edukasyon ang milyun-milyong mamamayan at naabot ang mataas na pangkulturang antas, ipinagtanggol ang Unyong Sobyet at gumanap ng pangunahing papel sa pagwasak sa pwersa ng agresyong Nazi,

ibinangon ang ekonomyang Sobyet mula sa pinsala ng digmaan at nakapagpalitaw pa ng pinakamalaking mga kwerpo ng mga syentista, inhinyero, manggagamot, alagad ng sining , manunulat at iba pang intelektwal.

Ang Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre ay nagsilbing inspirasyon sa proletaryado at mamamayan sa mga kapitalistang bansa upang makibaka para sa sosyalismo at demokrasya laban sa monopolyong burgesya at pasismo; at sa mga inaaping bansa at mamamayan, na makibaka para sa pambansang pagpapalaya, demokrasya at sosyalismo laban sa mga dayuhang imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo. Hinawan nito ang landas para sa paglitaw sa malawak na saklaw ng ilang mga sosyalistang bansa at ng mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Subalit ang binhi ng pagkawasak ng Unyong Sobyet ay naipunla noong 1936 mula sa di-napapanahong deklarasyon na wala ng mapagsamantalang mga uri (wasto kung sa pamamagitan lamang ng sosyo-ekonomikong depinisyon) at wala ng tunggalian ng mga uri sa lipunang Sobyet, maliban sa lalong tumitinding alitan sa pagitan ng mamamayang Sobyet at eksternal na kaaway (imperyalismo at mga ahente nito). Kaya ang tunguhin ng malaking bilang ng mga bagong intelihensya at burukrata na maging mga petiburgeya ay hindi nakita at napabayaang lumaki. At tunay nga na ang petiburgesya ay lumaki sa loob ng naghaharing partido at estado at naging baseng sosyal ng burgis na burukratismo, mapanupil na mga hakbang, pagpapasasa sa sarili at mga anti-proletaryong agos.

Pagsapit ng 1956 ang burukratang monopolyong kapitalista ay sumibol mula sa petiburgesya at nakapamayani sa loob ng naghaharing partido at estado. Samantalang pinananatili ang karatula ng pagiging komunista at sosyalista, pinatalsik nito ang proletaryado at ipinataw ang burgis na makauring diktadura laban sa proletaryado at mamamayan. Ipinalaganap nito ang modernong rebisyunismo, ibinalik ang

kapitalismo at pinairal ang pasismo at sosyal imperyalismo. Sunod-sunod, ang mga rebisyunistang naghaharing pangkatin ay nagtaguyod ng linya na nakamit na ng proletaryado ang istorikong misyon nito ng makauring pakikibaka laban sa burgesya sa Unyong Sobyet, samantalang ang katotohanan ay ang bagong burgesya na ang naghahari sa proletaryado at mamamayang Sobyet.

Ang mga natamong tagumpay ng sosyalismo hangang 1956 ay gahigante kung kaya't kinailangan ang tatlumpu't-limang taon ng pagkakanulo dito bago naibagsak ang Unyong Sobyet noong 1991. Ang pagbabalik ng kapitalismo ay minaskarahan. Ang monopoyong kapitalismo ng estado na kinatatangian ng papalaking sabwatan ng mga mangungurakot na burukrata at mga pribadong negosyante, ay nagpanggap na "tunay na sosyalismo". Ang kumpetensyahang super-power sa pagitan ng Estados Unidos at Unyong Sobyet ay ipinanlinlang din bilang tunggalian sa pagitan ng kapitalismo at sosyalismo, laluna't sa ilang panahon at antas ito ay nagamit para sa sariling bentahe ng ilang bansa at mamamayang nakikibaka para sa pambansang pagpapalaya. Ngunit, sa kalakhan, ang cold war at paligsahan sa sandata ay lalong nagpatindi sa pagsasamantala sa mamamayang Sobyet at iba pang mamamayan. Sa katunayan, ang ilang bansa ay naging biktima ng magkasabay na pagsasamantala ng neokolonyalismong Sobyet at Kanluranin tulad ng Silangang Europa at mga bansa sa ikatlong daigdig.

Sa garapalang pagbabalik ng kapitalismo, bago at matapos ang pagbagsak ng mga rebisyunistang naghaharing partido at rehimen, ang proletaryado at mamamayan ay sumailalim sa lalo pang papalalang pang-aapi at pagsasamantala at nahigop sa ipo-ipo ng pagkawasak na panlipunan at pang-ekonomya, papatinding burukratikong pangungurakot, papabilis na pagsasapribado ng yaman ng lipunan, pagkabangkarote at pagsasara ng mga planta, maramihang disempleyo, umaalagwang implasyon, gutom at pagdarahop, pasistang agos, digmaang sibil, mga alitang etniko, laganap na kriminalidad at iba pang mga halimaw.

Sa gitna ng nagpapatuloy na kaguluhan sa mga dating republikang Sobyet, ang proletaryado at mga mamamayan ay hinahamong mag-alsa laban sa burukratang monopolyong burgesya na di na itinuturing ang sarili bilang komunista at ang lantarang burges na makauring diktadura ay nagdudulot ng wala pang katulad na pananalanta. Sa dating Unyong Sobyet, ang tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya ay tuluy-tuloy na umuunlad.

## Isang Kumpletong Larawan ng Kapitalistang Daigdig

Samantalang ng mga dramatikong pangyayari mula 1989 hanggang 1991 ay nagaganap sa Tsina, Silangang Europa at Unyong Sobyet, ang mga kapitalistang kapangyarihan at kanilang mga ideolohista at propagandista ay walang pagsidlan sa tuwa at nagdiriwang sa tagumpay ng kapitalismo laban sa di-umano'y sosyalismo (na sa katunayan ay burukratang monopolyo kapitalismo). Naglunsad sila ng antikomunistang pang-ideolohiyang opensiba, umawit ng papuri sa kapitalismo at liberal na demokrasya, na lalo pang nakalito sa mga nalinlang ng Gorbachovistang rebisyunistang panggagantso at nang-uudyok ng petiburges na mga agos sa loob at labas ng mga partido ng uring manggagawa at kilusan.

**Ngunit ang kumpletong larawan ng kapitalistang daigdig ay maaaring iguhit nang ganito:**

1. Bilang kliyenteng estado ng mga mayor na industriyalisadong bansa, ang naging kalakaran sa mga bansa ng ikatlong daigdig at mga bansang tinatawag ang sarili nilang sosyalista ay ang pagdanas ng matinding neokolonyalistang pagsasamantala at talamak na depresyon, pagbagsak ng produksyon, laganap na disemplyo, kakapusan sa mga pangangailangan, implasyon at laganap na gutom dahil sa sumasamang kundisyon sa kalakalan, lumalaking depisit at utang panlabas, at lalong naging bulnerable sa mga kaguluhang panlipunan. Ang insidente sa Tien An Men, ang disintegrasyon ng mga rebisyunistang rehimen sa Silangang Europa, ang gyera sa Gulpo at ang pagbagsak ng Unyong Sobyet ay kaugnay lahat ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

2. Ang depresyon sa ikatlong daigdig at mga huwad na sosyalistang bansa ay nagresulta sa walang katulad na pagliit ng pandaigdigang kapitalistang pamilihan. Ang depresyon ay bumubwelta sa mga industriyal na kapitalistang bansa at nagbunga ng matagal na tunguhin sa resesyon, malawakang disempleyo, lumalaking depisit, pagbabawas sa gugulin para sa serbisyong panlipunan at mga tensyon sa lipunan. Sa katunayan ay mayroon ng depresyon sa mga mayor na industriyal na kapitalistang bansa kung ating isasaalang-alang na ang tinatawag na tantos ng paglaki ng produksyon, na mababa pa sa dalawang porsyento, ay kinapalooban ng labis pagpapalaki sa halaga ng sektor sa serbisyo, gastos militar at maramihang eliminasyon sa mga trabahong para sa mga "white collar" at "blue collar" na mga manggagawa.

Ang buong pandaigdigang sistemang kapitalista ay nasa matinding krisis ng sobrang produksyon ngayon. Ang mataas na teknolohiya ay nagbigay sa mga industriyalisadong kapitalistang bansa ng walang katulad na sobrang kapasidad sa produksyon ng mga industriyal at agrikultural na kalakal na hindi maipagbili nang may sapat na tubo. Ito'y nakapagpalala pa sa dati ng sobrang kapasidad ng mga kliyenteng estado sa produksyon ng mga hilaw na materyales, papasamang mga kasunduan sa kalakalan at papalaking suliranin sa utang.

Ang walang katulad na internasyunalisasyon ng kapital simula noong pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay umabot na sa sukdulan, matapos makabangon ang ekonomya ng Kanlurang Europa at Japan na may malaking surplas na kapital at kalakal sa mga taong 1960 at tuloy kinargahan ng pautang ang mga atrasadong bansa at ginawa silang mga pulubing kakabit ng ekonomya ng mga pangunahing industriyalisadong kapitalistang bansa sa mga taong 1970; at matapos ang paghihigpit noong mga taong 1980 ay ang pagsanib ng mga higanteng ekonomya tulad ng Tsina, India at Unyong Sobyet sa pandaigdigang sistemang kapitalista at nagresulta sa pagiging pinakamalaking

gumagastos na may depisit at mangungutang ng Estados Unidos dahil sa sobrang pagkonsumo, mabilisang paggastos sa militar, pagdausdos ng industriya at ng akomodasyon nito sa pamilihan sa Japan, West Germany at ilang bagong nag-iindustriyalisang ekonomya.

Mayroon ngayong bagong pagkitid ng pandaigdigang kapitalistang pamilihan at internasyunal na pagpapautang. Ito'y naganap sa eksaktong panahong ang mga mayor na industriyalisadong kapitalistang bansa ay nagtagumpay sa pamamaraang neokolonyalismo (sa esensya'y pinansyang kapitalismo) sa paghigop sa mga huwad na sosyalistang bansa sa pandaigdigang sistemang kapitalista at pagtulak sa burukratang monopolyong burgesya na ideklara ang sarili nilang antikomunista at patalsikin ang mga rebisyunistang naghaharing partido at rehimen sa Silangang Europa at dating Unyong Sobyet. Sa ngayon ay umiiral ang lambong ng dilim at pagkakawatak-watak sa mga mayor na industriyalisadong kapitalistang bansa na nakadagan pa sa malaon ng depresyon sa mga kliyenteng estado nito sa ikatlong daigdig at sa mga bansa ng dating blokeng Sobyet.

Ang Estados Unidos ay pinahihirapan ng tuluy-tuloy na pagdausdos ng industriya at problema sa depisit at patuloy na nasa estratehikong pagdausdos. Ang napakalaking diperensya sa kita ng iilang nagsasamantalang burgesya at malaking mayorya ng mamamayang Amerikano at ang lumalalang kalagayang sosyo-ekonomiko ay lumilikha na proletaryo at antirasistang paglaban sa monopolyong burgesya. Hindi malulutas ng Estados Unidos ang malalaki nitong suliraning pang-ekonomya nang hindi nito ginagalit ang mga alyadong kapitalista at hindi nito maaring bawasan ang gastos militar nang hindi ginagalit ang pinakamalalaking Amerikanong monopolyong empresa at isinusuko ang kapangyarihan sa ibang kapitalistang bansa. Ang pakana ng US na konsentrahan ang North American Free Trade Area (NAFTA) ay nagdudulot ng pangamba sa mga bansa sa Silangang Asya na naging dependyente sa mga akomodasyon sa pamilihan sa US ng kanilang mga iniluluwas.

Ang ekonomyang bula ng Japan ay pumutok na, kung saan ang halaga ng mga stocks nito ay nangalahati na lamang sa nakaraang dalawang taon at ang tubo sa mga iniluluwas nito ay bumagsak. Kaalinsabay nito, ang Japan ay ineengganyo ng Estados Unidos na pabilisin ang pagpapalakas ng opensibang kakayahang militar sa ilalim ng bandera ng "pangangalaga sa kapayapaan" ng U.N.. Inaasahan ng Estados Unidos na mananatili nitong kontrolado ang Japan dahil ito ay nananatiling nakasandal sa kanya sa usapin ng mga krusyal na panteknolohiyang kasunduan, pinagkukunan ng panggatong at iba pang hilaw na materyales, at mga akomodasyon sa pamilihan ng US. Ngunit papatindi ang tunggalian ng dalawang bansa dahil sa usapin ng akses sa lokal na pamilihan ng isa't isa, pamumuhunan at iba pang mga isyu. Ang Silangang Asya ay isang erya nang papahigpit na kompetisyon sa pagitan ng dalawa. Sa Japan at Silangang Asya ang proletaryado at mamamayan ay naglulunsad ng militanteng pakikibaka laban sa monopolyo kapitalismong Hapones at sa lumalaking opensibang pwersang militar nito.

Tulad ng lahat ng iba pang mayor na industriyalisadong kapitalistang bansa, ang Germany ay nasa malalang resesyon o nasa depresyon na nga. Ito ay pinahihirapan ng pangangailangang gumastos nang napakalaki para sa pagsanib dito ng East Germany at para sa mga konsesyon kaugnay ng pag-aalis ng mga tropang Sobyet. Ang mas mabigat na buwis, malawak na disempleyo, nakapakong mga antas ng pasahod, at mga pagbabawas sa kagalingang panlipunan ay nagiging dahilan ng mga pangkalahatang welga ng uring manggagawa. Nilalabanan ng mamamayan ang paglitaw ng neopasismo at rasismo. Ang monopolyong burgesya ng Germany ay nagtutulak sa Germany na muling maging pangunahing kapangyarihang militar sa Europa at siyang nangunguna sa kawan ng iba pang mga kapitalistang lobo sa pagsila sa dating Unyong Sobyet at Silangang Europa, kung saan ang kasalukuyang marahas na kaguluhan ay maaaring magresulta sa higit na malalaking digmaan at pagkakasangkot ng mga mayor na kapitalistang kapangyarihan sa agresyon. Taliwas sa mga naunang

optimistikong pagtaya ng pandaigdigang kapitalistang alyansa, ang European Community at ang pagbubuo ng Euro-force ay dumaraan sa masalimuot na proseso. May mga lumalalang pagkakaiba sa hanay ng mga bansa sa Europa at sa pagitan nila at ng Estados Unidos sa maraming mga batayang isyu.

Hustong-husto sa panahong nakamit na ng mga kapitalistang kapangyarihan ang pinakamataas na antas ng kanilang pandaigdigang integrasyon, ay itinutulak naman sila ng krisis ng sobrang produksyon na muling paghati-hatian ang mundo at tumungo sa maraming hanayan. Umiigting ang paligsahan sa isa't isa ng mga industriyalisadong kapitalistang bansa sa usaping pulitikal, pamumuhunan, kalakalan, pinansyal at militar. May tunguhin silang higpitan ang kontrol sa kani-kanilang pambansang ekonomya at sa mga depinidong rehiyon ng daigdig. Ang kanilang mga kliyenteng estado sa ikatlong daigdig, kabilang na ang mga diumano'y mga bagong nag-iindustriyalisang bansa, at mga bansang ng dating blokeng Sobyet ay madaling tamaan ng mga dagdag na kaguluhang panlipunan.

Ngayon at sa mga darating pang mga taon, ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga mayor na industriyalisadong kapitalistang kapangyarihan at mga kliyenteng rehimen sa isang panig at ng proletaryado at mamamayan sa mga di-maunlad at di gaanong industriyalisadong bansa sa kabilang panig, sa pagitan mismo ng mga industriyalisadong kapitalistang kapangyarihan at ang sa pagitan ng monopolyong burges at proletaryado sa mga kapitalistang bansa at sa buong mundo ay tiyak na iigting kaysa kailanman sa kasaysayan ng sangkatauhan. Sa katunayan ay umiiral na ang bagong kaguluhan sa mundo. Tayo ay nasa bisperas ng rebolusyong panlipunan na walang katulad sa pandaigdigang saklaw, eksakto sa panahong ang modernong rebisyunismo ay nailantad na at ang modernong imperyalismo ay tila walang katapat. Tayo ay muling nasa yugto ng kasaysayan kung saan ang mga wastong prinsipyo, determinasyon at pagkamilitante na ipinakita ng mga Bolshevik ay kailangang-kailangan.

Ang proletaryado at mamamayan ay pumapasok ngayon sa bagong panahon ng mga rebolusyonaryong pakikibaka. Ang lumalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagdudulot ng paborableng kalagayan para sa panibagong mga pagsisikap na ilunsad ang rebolusyonaryong kilusang masa. Ang lokal na krisis ng naghaharing sistema sa Pilipinas ay lalo pang mabilis na lumalala, sa kalagayang ang reaksyunaryong kliyenteng estado ay bangkarote at lalo pang pumipiga sa mamamayan upang mabayaran ang napakalaking pagkakautang at matustusan ang napakalaking gastos militar at habang ang mga monopolyong empresa at bangko ng mga Amerikano at Hapon at ang mga mapagsamantalang uri ay lalong nagiging masiba. Kaya ang mamamayang Pilipino ay itinutulak ng mga nang-aapi at nagsasamantala sa kanila upang maglunsad ng armadong rebolusyon.

Ngunit, ang ilang elementong may petiburges na pagkamakaisang-panig, makitid ang pag-iisip at maikli ang pananaw ay nawawalan ng loob at nanghihina bunga ng pagbagsak ng mga rebisyunistang naghaharing partido at rehimen sa Silangang Europa at Unyong Sobyet. Ang mga elementong ito ay malalim na impluwensyado ng kasalukuyang anti-komunistang pang-ideolohiyang opensiba ng mga imperyalista dahil inakala nila na ang sosyalismo ang bumagsak sa halip na ang rebisyunismo at burukratang kapitalismo. Naniniwala sila na ang pagwawagi ng rebolusyong Pilipino ay nakaasa sa tulong ng mga umano'y sosyalistang bansa. Kaya, sinasabi nilang ang armadong rebolusyon sa Pilipinas ay walang pag-asang magtagumpay, bunga ng pagbagsak ng mga huwad na sosyalistang rehimen at ng kasalukuyang kalagayang internasyunal.

Sila'y bulag sa umiinam na kalagayan para sa pagrerebolusyon bilang resulta ng pandaigdigang depresyon sa ekonomiya (pagdausdos at pagbagsak ng produksyon, labanan sa kalakalan ng mga industriyal na kapitalistang bansa at walang humpay na pagpiga sa mga kliyenteng estado, papahigpit na mga hakbangin sa pagtitipid at malalaking di na mababayarang pagkakautang). Bulag sila sa mga kaguluhan sa lipunan na

sumasambulat sa buong daigdig sa anyo ng digmaang sibil, matagalang armadong pakikibaka, sunod-sunod na kudeta, ispontanyong pag-aalsang masa at mga katulad nito. Ang mga proyektong "demokratisasyon" ng dating US Presidente Reagan (sa Latina Amerika at Pilipinas) at ang "mapayapang resolusyon ng mga rehiyunal na tunggalian" ng rehimeng Reagan-Bush at Gorbachov (sa Afghanistan, Angola, South Africa, Central America, at Middle East) ay nangagiba at sa ngayon ay lumilikha ng mga dagdag na armadong tunggalian. Ang armadong rebolusyon sa isang katamtamang-laking bansa tulad ng Pilipinas (300,000 kilometro kwadrado at 65 milyong populasyon) ay matutulungan ng patuloy na mga panlipunang kaguluhan at mas matataas na antas ng rebolusyonaryong pakikibaka sa napakaraming iba pang mga bansa, kabilang ang ilang malalaking bansa gaya ng Rusya, Tsina, India, Brazil at Indonesia na posibleng maganap sa dekadang ito.

## Itaguyod ang Teorya at Praktika ng Marxismo-Leninismo

Sa okasyong ito ng ika-75 na anibresaryo ng Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre, ang Partido Komunista ng Pilipinas ay nakikiisa sa mga Marxista-Leninistang partido at organisasyon sa daigdig sa pagtataguyod ng teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo, sa paglulunsad ng pang-ideolohiya at pampulitikang kontra-opensiba laban sa mga iperyalista at mga alalay nilang antikomunistang petiburges at sa pagsisikap na palakasin ang hanay ng mga proletaryong rebolusyonaryo sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Dapat nating masigasig na ipatupad ang kilusan sa Partido na muling pagtibayin ang ating mga saligang Marxista-Leninistang prinsipyo, iwasto ang ating mga pagkakamali at pagkukulang at isulong ang rebolusyon. Dapat nating itaguyod ang teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo sa pambansang demokratiko at sosyalistang yugto ng rebolusyong Pilipino at pag-aralang mabuti ang mga positibo at negatibong leksyon ng karanasang Sobyet upang maitatag ang sosyalismo sa pinakamahusay na posibleng pamamaraan sa hinaharap.

Kailangan nating magagap ang kritika sa kapitalismo at ang mga batayang prinsipyo ng syentipikong sosyalismo na inilatag nina Marx at Engels; ang kritika ni Lenin sa modernong imperyalismo at klasikal na rebisyunismo at ang teorya at praktika ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon nina Lenin at Stalin at ang kritika ni Mao sa malakolonyal at malapyudal na lipunan, imperyalismo, neokolonyalismo at modernong rebisyunismo, at ang teorya at praktika ng sosyalismo at nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado.

Kailangan nating gapiin ang kasalukuyang antikomunistang pang-ideolohiyang opensiba ng mga imperyalista, lokal na mga reaksyunaryo at ang mga espesyal nilang ahente sa hanay ng petiburgesya na patuloy na maling inilalako ang modernong rebisyunismo at burukratang kapitalismo bilang sosyalismo sa walang saysay na pagtatangkang siraan ang teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo at demoralisahin ang proletaryado at mamamayan. Dapat nating bakahin ang lahat ng uri ng petiburges na suhetibismo at oportunismo sa loob ng Partido. Ang mga maling tunguhing tulad ng “supraclass” na pamumustura, lantay pananaw militar, insureksyunismo, burukratismo, ultrademokrasya, populismo, liberalismo, pasipismo, sosyal demokrasya, Gorbachovismo at iba pang katulad nito ay dapat na punahin at itakwil.

Sa kalagayan ng mabilis na lumalalang krisis ng malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema, at gayundin ng pandaigdigang sistemang kapitalista, ang Partido Komunista ng Pilipinas ay higit kailanman dapat na maging determinado sa pagpapatupad sa armadong rebolusyon ayon sa pambansang demokratikong linya, sa ilalim ng matatag na pamumuno ng proletaryado at may sosyalistang perspektiba.

Dapat nating mapamunuan at mapagkaisa ang malawak na masa ng sambayanan, nang umaasa pangunahin sa batayang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka, kumakabig sa peti-burgesyang lunsod, at dagdag na kumakabig sa panggitnang

burgesya at sumasamantala sa tunggalian sa pagitan ng malalaking kumprador at panginoong maylupa upang ihiwalay at durugin ang pinakareaksyunaryong pangkatin sa hanay nila sa bawat partkular na panahon at sa gayo'y sumulong tungo sa ganap na tagumpay.

Sa paglulunsad ng armadong rebolusyonaryong pakikibaka, kailangang isanib natin ito sa reporma sa lupa at sa pagbubuo ng mga organisasyong masa at organo ng pampulitikang kapangyarihan sa loob ng balangkas ng pambansang demokratikong rebolusyon. Dapat tayong magpakahusay sa pagpapatupad ng digmang bayan sa pamamagitan ng malawak at masinsing pakikidigmang gerilya, nang may patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa. Hindi tayo dapat mahulog sa bitag ng kaaway sa pamamagitan ng absolutong pagkokonsentra ng mga di-napapanahon at di-masustining pormasyong militar, burukratisasyon sa kalunsuran at paghugot ng mga kadre mula sa gawaing masa.

Sa pagbubuo ng nagkakaisang prente, dapat nating itaguyod ang makauring pamumuno ng proletaryado at ang rebolusyonaryong makauring linya at palaganapin ang armadong pakikibaka bilang prinsipal na anyo ng pakikibaka. Ang mga ligal na organisasyon ng mamamayan at mga alyansa ay dapat magpalakas at maglunsad ng ibat-ibang anyo ng pakikibaka. Sa loob ng kilusang masa, pagsikapan nating mapalaganap ang pambansang demokratikong linya, makabig ang malawak na masa ng sambayanan at makapagsanay ng malaking bilang ng mga aktibista.

Makakayanan lamang pamunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang rebolusyong Pilipino mula sa isang tagumpay tungo sa panibagong tagumpay hanggang makamit ang ganap na tagumpay kung may malaking bilang ng kadre ng Partido na marerekruta mula sa lumalawak at militanteng kilusang masa ng mga batayang rebolusyonaryong pwersa, tulad ng uring manggagawa, magsasaka at petiburgesyang lunsod.

Dapat nating patuloy na buuin ang organisasyon ng Partido sa pambansang saklaw na malalim na nakaugat sa masa, nagtataguyod sa demokratikong sentralismo at ang mga kadre at kasapi ay may mulat na disiplina, napapailalim sa mga batayang yunit ng Partido, may gawaing masa, at masinop na tumutupad ng mga atas at nagsasagawa ng pagpuna at pagpuna-sa- sarili.

**Pag-asa-sa-Sarili at Proletaryong Internasyunalismo**

Determinado ang Partido Komunista ng Pilipinas na pukawin, organisahin at pakilusin ang malawak na masa ng sambayanang para makibaka nang umaasa sa sarili para sa kanilang pambansa at panlipunang paglaya. Ito ang prinsipal na pamamaraan ng pag-aambag ng Partido sa pakikibaka ng pandaigdigang proletaryado at mamamayan para sa pambansang pagpapalaya, demokrasya at sosyalismo laban sa Imperyalismo at lahat ng reaksyon.

Ang ating Partido ay ginagabayan ng prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo at laging handang linangin ang pakikipag-unawaan at kooperasyon sa lahat ng Marxista-Leninistang partido at organisasyon sa labas ng bansa. Ang rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado at mamamayang Pilipino ay kakawing ng rebolusyonaryong pakikibaka ng pandaigdigang proletaryado at mamamayan.

Ang Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre ay patuloy na nagdudulot ng inspirasyon sa Partido at proletaryado at mamamayang Pilipino. Nakikiisa sila sa lahat ng nakaraan at kasalukuyang rebolusyonaryong pwersa sa pakikibaka para sa mas mainam na daigdig na malaya sa pang-aapi at pagsasamantala.

# HINGGIL SA PETIBURGESYA AT SA HINAHARAP NG SOSYALISMO

Ni Jose Maria Sison Tagapangulo sa Pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nobyembre 7, 1992

Dalawang mahalagang katanungan lamang ang tatalakayin ko:

1. Ano ang tanging pinakamahalagang makauring batayan sa pagkakanulo sa sosyalismo sa Unyon Sobyet?

2. Ano ang hinaharap ng sosyalismo?

**A. Ang petiburgesya bilang makauring batayan sa pagkakanulo sa sosyalismo**

1. Ang petiburgesya ang pinakamababa at pinakamalaking saray ng burgesya. Taglay nito ang mga kakayahang intelektwal, propesyunal at teknikal na ginagamit ng malaking burgesya sa pagpapatakbo sa kapitalismo. Ang petiburgesyang tagasambot ng mga mumo sa hapag-kainan ng malaking burgesya ay kailangang makabig sa panig ng proletaryado upang malumpo at magapi ang malaking burgesya. Kailangang magamit sa rebolusyon ang mga kakayahan nito kung hangad ng proletaryado na matamo ang tagumpay.

2. Hindi mapalalakas ng rebolusyonaryong partido ng proletaryado ang sarili nito, hindi maaagaw ang poder at hindi maitatayo ang sosyalismo kung hindi nito makakabig ang petiburgesya sa lipunan at kung hindi marerekluta sa partido ang mga elementong petiburges ang pinagmulan at katayuang sosyo-ekonomiko na handang magpanibagong-hubog bilang mga proletaryong rebolusyonaryo at maglingkod sa proletaryado at mamamayan.

3. Dahil may kakayahan silang madaling pag-aralan ang Marxista-Leninistang teorya o kaalamang aklat, kadalasang

malaking bilang ng intelihensiya ang napapasapi sa proletaryong rebolusyonaryong partido sa proporsyong mas malaki sa kanilang parte sa populasyon at sa manggagawa. Kailangang isaalang-alang ng mga Marxista-Leninista ang wastong proporsyon ng mga kasapi ng Partido ayon sa uring pinagmulan at katayuan upang mapanatiling mas malaki ang bilang ng mga manggagawa at magsasaka sa loob ng partido. Gayunman, anuman ang proporsyon ng mga kasapi ng partido na petiburges ang pinagmulan at katayuang sosyo-ekonomiko, mayroon sa kanilang nagiging mga tunay na proletaryong rebolusyonaryo at mayroong mga nabibigo sa kabila ng kanilang pagiging nominal na kasapi ng Partido.

4. Kahit anong husay ng katayuan, ang proletaryong rebolusyonaryong partido ay nagtataglay ng mga di-nakapagpanibagong-hubog na petiburges at isang antas ng petiburges na pag-iisip. Ang di-nakapagpanibagong-hubog na petiburges ang batayang panlipunan ng mga suhetibo at oportunistang pagkakamali na kundiman maagapan, maiwasto at maiwaksi ay mahayaang yumabong sa isang partido na tiyak na mabubulok at malalansag.

5. Sa kasaysayan ng Unyon Sobyet ang “Kaliwang” Oposisyong pinamunuan ni Trostky at ang Kanang Oposisyon ni Bukharin ay mga petiburges na tunguhin ng pag-iisip sa loob ng partidong Sobyet. Kasabay nito, mayroong dating mga petiburges na pinanatili sa nireorganisang burukrasya ng estado at sa ekonomya sa ilalim ng New Economic Policy o NEP (Bagong Patakarang Pang-ekonomya) at mayroong mga kasapi ng dating nagsasamantalang malaking burgesya at panginoong maylupa na nawalan na ng mga ari-arian subalit nakapagpanatili ng kanilang mga ideya at impluwensya sa lipunan, na may tendensyang sumanib sa kaisipang petiburges at maging sa tradisyunal na sikolohiyang panlipunan ng seksyon ng mamamayan na atrasado sa pulitika.

6. Nang wala sa panahong ideklara noong 1936 na wala ng mga nagsasamantalang uri at wala ng tunggalian ng mga uri sa lipunang Sobyet, maliban sa tumitinding tunggalian sa pagitan

ng mamamayang Sobyet at mga panlabas na kaaway, hindi nakita ang tendensya ng bagong intelihensiya at ng burukrasya na maging petiburges at hinayaan iyong yumabong. Kaya, lumakas ang petiburgesya at lumaganap sila sa loob ng naghaharing partido at sa estado. Si Stalin mismo ay nagsabi na ang pinakamapanganib na burukrata ay yaong may titulong komunista ngunit hindi naman tunay na komunista.

7. Ang petiburgesya ay iniaanak ng mapurol na proletaryong rebolusyonaryong paninindigan at lumalabnaw na pag-unawa sa tunggalian ng mga uri sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa loob ng lipunang Sobyet. Ito ang naging batayang panlipunan ng burukratismo, ng pagiging mapanikil ng mga ahensyang panseguridad ng estado at nang pagsulpot at pangingibabaw ng modernong rebisyunismo at ng burukratang monopolyong burgesya. Ibinagsak ng burukratang monopolyong burgesya ang proletaryado noong 1956 at binago ang sosyalismo tungo sa pagiging monopolyo-kapitalismo ng estado at sosyal-imperyalismo.

8. Ang pagtungong petiburges ng makauring kamalayan ng bagong intelihensya at ng burukrasya (na karamihan ay mga anak na ng mga anakpawis) ay sinabayan ng pagtanggal ng minimum para sa komunista (sahod ng mga komunista na kapantay ng karaniwang sahod ng mga manggagawa) at ng maksimum para sa komunista (sahod na kapantay ng pinakamataas na sahod ng mga bihasang manggagawa) at ng pagtaas ng sahod ng mga komunistang kadre na sinlaki ng sahod na tinatanggap ng mga hindi komunistang propesyunal at mga ekspertong teknikal (na tatlong ulit ang laki sa dating sinasahod ng mga komunistang kadre). Bukod pa sa kanilang sahod, pinagkalooban ng mga pribilehiyo ang mga komunistang burukrata sa partido, estado, mga institusyong publiko at mga organisasyong masa, mga manedyer, inhinyero, mga teknisyan sa mga empresang estado at mga kolektiba, at mga tauhan sa akademya, pananaliksik at mga institusyong pangkultura. Sa pagtatapos ng dekada ’30 masyado nang malaki ang napaparte nila sa produksyon ng lipunan para sa kanilang konsumo.

9. Dalawang kamay ang ginamit ng petiburgesya sa pagpapahina sa sosyalismo at sa panunumbalik ng kapitalismo. Isang kamay para sa mga kapritso at kabilang kamay para sa makasariling kalayaan. Isang kamay ay pang-abot sa mas mataas na pusisyon sa burukrasya at kabilang kamay ay panghagupit sa burukratismo. Taas-kamao ang isang kamay para sa kunwa'y pagtataguyod ng sosyalismo na sa totoo'y monopolyo-kapitalismong estado na at ang kabilang kamay ay humihiling ng malayang pamilihan ng mga kalakal, serbisyo at mga ideya sa gitna ng burukratikong kabulukan at kulimbatan. Sa bandang huli, ang bagong burgesya sa loob at labas ng naghaharing partido at estado ay nagkaisa sa mga katwiran ng antikomunismo.

10. Ang petiburgesyang pamantayan ng pamumuhay ay dapat habulin bilang pangkalahatang antas ng kaunlaran, lalo na sa mga bansang kailangang magtayo ng sosyalismo mula sa mababang antas ng ekonomya at teknolohiya. Sa proseso ng sosyalistang pagsulong, malulutas ang mga kontradiksyon sa pagitan ng pisikal at mental na paggawa at sa pagitan ng pamumuhay na urban at kanayunan sa pamamagitan ng pagpapahusay sa katayuang pangkabuhayan, pampulitika at pangkultura ng mga manggagawa at magsasaka. Ang mali ay kapag naging o nanatiling petiburges ang intelihensya at ang burukrasya, sa halip na maging proletaryado ang pananaw sa daigdig, at magsimulang magkamal ng mga pribilehiyo at bonus sa kapinsalaan ng pangkalahatang antas ng sosyalistang kaunlaran at magkaroon ng mga ideya at patakarang nagpapanumbalik sa kapitalismo at diktadura ng uring burgesya.

## B. Ang hinaharap ng sosyalismo

1. Ang mga saligang turo nina Marx at Engels tungkol sa kapitalismo at siyentipikong sosyalismo, nina Lenin at Stalin tungkol sa modernong imperyalismo at klasikong rebisyunismo at tungkol sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon, at iyong kay Mao tungkol sa imperyalismo, neokolonyalismo at modernong rebisyunismo at tungkol sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon at nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng

proletaryong diktadura sa pamamagitan ng rebolusyong pangkultura ay napatunayang wasto sa dalawang paraan: una, sa pamamagitan ng dakilang mga tagumpay ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon; at pangalawa, sa pamamagitan ng mapangwasak na kondukta at mga ibinunga ng pagkakanulo sa sosyalismo ng ideolohiya ng modernong rebisyunismo at ng aktwal na pagpapanumbalik ng kapitalismo. Samakatuwid, lahat ng umiiral at mabubuo pang mga Marxista-Leninistang partido at organisasyon ay higit na maaarmasan ngayon kaysa dati ng wastong mga prinsipyo at praktikal na mga leksyon sa pagtatayo ng sosyalismo.

2. Karapat-dapat na bigyan ng espesyal na atensyon ang kritika ni Mao sa modernong rebisyunismo at ang kanyang teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng proletaryong diktadura at pagbaka sa modernong rebisyunismo sa pamamagitan ng proletaryong rebolusyong pangkultura upang masagkaan ang panunumbalik ng kapitalismo hanggang sa magapi ang imperyalismo at maging posible ang komunismo. Kung wala ang mga ito, ngayon pa lamang mag-aapuhap ang mga Marxista-Leninista ng mga ideya tungkol sa pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon at pagsagka sa panunumbalik ng kapitalismo sa pamamagitan ng mapayapang ebolusyon. Ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura ay nabigo sa isang panahon pagkatapos na maging matagumpay, tulad ng Komuna ng Paris, subalit iyon ay hindi maitatawang kabang-yaman ng mga leksyong teoretikal at praktikal.

3. Ang pagkabulok ng mga rebisyunistang naghaharing partido at ng mga huwad na sosyalistang rehimen at pagkalansag ng Unyon Sobyet ay malinaw na nagpapakita na ang mga ito ay bunga ng isang tiyak na pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari: ang wala sa panahong pagkakadeklara ng wakas ng tunggalian ng uri sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa loob ng sosyalistang lipunan; ang kumbersyon ng bagong intelihensiya at ng burukrasya sa gahiganteng masa ng petiburgesya; ang papel ng bagong petiburgesyang ito bilang panlipunang batayan para sa paglitaw ng burukratismo, modernong rebisyunismo at ng burukratang monopolyong burgesya; at ang pagpapatibay ng

mga reporma sa patakarang pampulitika, pang-ekonomya at pangkultura upang maibalik ang kapitalismo at sa dakong huli para lansagin ang rebisyunistang naghaharing partido at rehimen.

4. Nananalasa ngayon sa dating mga republikang Sobyet ang pinakamasahol na kasamaan ng kapitalismo. Ang diktadura ng burgesya ay nakakubabaw ngayon sa mamamayan at matinding nagpapahirap sa kanila sa anyo ng walang taros na burukratikong katiwalian, pagsasapribado o pagsasara ng mga empresang estado, malaganap na disempleyo, pagbagsak ng produksyon, matinding implasyon, mga gera sibil, mga labanang etniko, mga pasistang tunguhin, malalang kriminalidad, at marami pang iba. Napipinto pa lamang ipadama ng malaking burgesya ang kahayup-hayupang katangian nito. Ngunit sa takbo ng sumasahol na kalagayan, tiyak na mababawi ng rebolusyonaryong proletaryado at mamamayan ang kumpyansa at tatag at maitataguyod ang Marxista-Leninistang mga prinsipyo nina Lenin at Stalin at muling mailulunsad ang sosyalistang rebolusyon.

5. Kailangang bigyan ng espesyal na banggit ang sanlaksang masang petiburges sa mga bayan ng dating blokeng Sobyet. Samantalang sila ang panlipunang batayan ng paglitaw ng burukratang monopolyong burgesya, matingkad ang naging pagsahol ng kanilang mga kalagayang panlipunan, laluna noong mga huling taon ng dekada ’70. Ang kanilang katayuan ay tuluy-tuloy na bumagsak mula sa ikalawang hati ng panahon ni Brezhnev hanggang kay Gorbachov at magpahanggang ngayon. Maihahambing ang sumasahol na kalagayan ng petiburgesya sa mga bayan ng dating blokeng Sobyet sa petiburgesya ng mga bayan ng ikatlong daigdig. Ang kanilang mga ilusyon na magtamo ng mga materyal na kaginhawahan at kalayaan sa ilalim ng kapitalismo ay napatunayang mali.

6. Ang ligalig na panlipunan at ang pagkalansag ng mga rebisyunistang naghaharing partido at rehimen noong 1989-1991 ay bahagi ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Ang Unyon Sobyet ay isang kapangyarihang sosyal-imperyalista at neokolonyal kumpara sa mga bayang nasa ilalim ng kontrol nito.

Ngunit ang totoo ay naging bulnerable ito sa mga manipulasyon ng mas superyor na mga kapangyarihang kapitalistang industriyal, partikular ng Kanlurang Alemanya. Ang mga bayan ng Silangang Europa ay bumagsak sa katayuang tulad nang sa mga bayan ng ikatlong daigdig, na may mga sobrang kumonsumong mapagsamantala, papasamang mga kundisyon sa kalakalan at walang tigil na lumalaking pagkakautang, at biktima ng manipulasyon kapwa ng neokolonyalismong Sobyet at Kanluranin. Gayunman, ang matagal ng depresyon sa dakong Silangan at Timog ng mundo ay bumubwelta rin sa mayor na mga bayang kapitalistang industriyal noon ding 1989-1991 at sumunod na mga taon.

7. Ang kasalukuyang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay isang krisis ng sobrang produksyon. Bumabaha ang sobrang produktong industriyal at agrikultural sa Timog at Silangang bahagi ng mundo na malaon nang lugmok sa kahirapan, dati nang lunod sa sobrang produksyon ng mga hilaw na sangkap at sumasamang kundisyon sa pakikipagkalakalan resulta na rin ng ganitong kalagayan at baon sa lumalaking depisit at mga utang panlabas. Pinalalala ang krisis ng sobrang produksyon ng wala pang katulad na internasyunalisasyon ng kapital sapul nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ng paggamit ng modernong teknolohiya sa produksyon ng sarplas na mga manupakturang produkto at mga hilaw na sangkap na hindi na maibenta sa presyong pinagkikitaan. Sa kasalukuyan, dapa ang pandaigdigang pamilihan at lumiit ang pandaigdigang kapital resulta ng sangkaterbang pautang na hindi masingil. Ang sobrang pagkonsumo sa Estados Unidos na naging dahilan para ito ay maging bayang pinakamalaking gumastos nang lampas sa kita at bayang pinakamalaki ang pangungutang at ang mas mahigpit na pagpapaloob sa pandaigdigang kapitalistang sistema noong dekada ’80 ng malalaking pamilihan tulad ng sa Tsina, India at Unyon Sobyet ay ibayo lamang nagpatindi sa krisis ng sobrang produksyon.

8. Tumitindi ang kontradiksyon sa pagitan ng mga bayang kapitalista at mga kliyente nilang rehimen sa isang panig at mga aping mamamayan at mga bansa sa kabilang panig; ang

kontradiksyon sa pagitan ng mga bayang kapitalistang industriyal hinggil sa usapin ng pamumuhunan, kalakalan, pananalapi, pagpapautang at mga patakarang pangmilitar, at sa pagitan ng monopolyong burgesya at ng proletaryado at mamamayan sa mga kapitalistang bayan at sa buong daigdig. Dahil sa bumabagsak na tantos ng tubo at depresyon ng pandaigdigang ekonomya, ang tendensya ng mga kapitalistang kapangyarihan ay patatagin ang kanilang pambansa at pangrehiyong katayuan. Ang tendensya nila ay muling hatiin ang daigdig at tumungo sa isang mundong multipolar.

9. Marami nang bayan ang matinding niyayanig ng mga ligalig na panlipunan sa anyo ng mga gera sibil, matagalang armadong paglaban, pangkalahatang welga, sunud-sunod na kudeta, mga pag-aalsang masa at iba pa. Tulak ang mga ito ng depresyon ng mga ekonomya, malaganap na disempleyo, implasyon, malupit na mga hakbang sa pagtitipid ng estado at pagbawas ng mga serbisyong panlipunan, lumalalawak na karalitaan, tag-gutom at mga epidemya. Pagkatapos na pagkatapos ng sobrang kagalakan at pagpipista sa umano'y pagtatagumpay ng kapitalismo laban sa sosyalismo ay ang panlulumo at pagkatuliro sa pandaigdigang kapitalistang sistema. Kung kailan pa umani ng walang kaparis na tagumpay sa paggamit ng mga pamamaraang neokolonyal ay siya namang tiyempo na ang kapitalismo ay nasa masama, magulo at desperadong kalagayan.

10. Tayo ay nasa bisperas ng rebolusyong panlipunan sa pandaigdigang saklaw. Sa ilalim ng kasalukuyang mga kalagayang pandaigdig, maitatayo at ibayong makapagpapalakas ang mga Marxista-Leninistang partido sa pamamagitan ng pagsamantala sa lumalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng paglikha ng bago at mas mataas na antas ng rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo laban sa imperyalismo at sa lahat ng reaksyon mula sa lumalawak at tumitinding mga ligalig na panlipunan.